

# EKONOMIKS

## Araling Panlipunan

Modyul para sa Mag-aaral

XXXXXXXXXXXXXXXXXXXX } 300

Ang aklat na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at/o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa [action@deped.gov.ph](mailto:action@deped.gov.ph).

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

**Kagawaran ng Edukasyon  
Republika ng Pilipinas**

**EKONOMIKS 10**  
**Araling Panlipunan – Modyul para sa Mag-aaral**  
**Unang Edisyon 2015**

Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksiyon 176 na “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay ng isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kakatawan sa paghiling ng kaukulang pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Tanging mga institusyon at kompanyang nakipagkontrata sa FILCOLS at yaong nakasaad lamang sa kasunduan, ang maaaring kumopya mula dito sa Modyul para sa Mag-aaral. Ang hindi nakipagkontrata sa FILCOLS ay dapat, kung ninanais makakopya, makipag-ugnay nang tuwiran sa mga tagapaglathala at sa mga may-akda.

Maaaring tumawag sa FILCOLS sa telepono blg. (02) 439-2204 o mag-email sa [filcols@gmail.com](mailto:filcols@gmail.com) ang mga may-akda at tagapaglathala.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC  
Pangalawang Kalihim: Dina S. Ocampo, Ph.D.

**Mga Bumuo ng Modyul para sa Mag-aaral**

<b>Mga Konsultant:</b>	Dr. Jose V. Camacho, Jr., Amella L. Bello, Niño Alejandro Q. Manalo, at Rodger Valientes
<b>Mga Manunulat:</b>	Bernard R. Balitao, Martiniano D. Busing, Edward D.J. Garcia, Apollo D. De Guzman, Juanito L. Lumibao Jr., Alex P. Mateo, at Irene J. Mondejar
<b>Mga Kontributor:</b>	Ninian Alcasid, Romela M. Cruz, Larissa Nano, at Jeannith Sabela
<b>Mga Tagaguhit:</b>	Eric S. de Guia, Ivan Slash Calilung, Gab Ferrera, Marc Neil Vincent Marasigan, at Erich D. Garcia
<b>Mga Naglayout:</b>	Jerby S. Mariano at Donna Pamella G. Romero
<b>Mga Tagapangasiwa:</b>	Dir. Jocelyn DR. Andaya, Dr. Jose D. Tuguinayo Jr, Dr. Rosalie B. Masilang, Dr. Enrique S. Palacio, at Mr. Edward D. J. Garcia

**Inilimbag sa Pilipinas ng Vibal Group, Inc.**

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**

Office Address: 5th Floor, Mabini Building, DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (02) 634-1054 o 634-1072

E-mail Address: [imcsetd@yahoo.com](mailto:imcsetd@yahoo.com)

## Paunang Salita

Pangunahing tunguhin ng K - 12 Kurikulum ng Araling Panlipunan ang makahubog ng mamamayang mapanuri, mapagnilay, mapanagutan, produktibo, makakalikasan, makatarungan at makataong mamamayan ng bansa at daigdig.

Ang modyul na ito ay nakatuon sa pag-aaral ng Ekonomiks. Ang suliranin ng kakapusan ay binigyan-diin at ang kaugnayan nito sa matalinong pagdedesisyon upang matugunan ang maraming pangangailangan at kagustuhan ng tao. Inaasahan na ang mga kaalaman at mga gawain sa modyul na ito ay makatutulong upang higit na maunawaan ang mga pangunahing kaisipan at napapanahong isyu sa Ekonomiks at pambansang pag-unlad. Batid din na malilinig ang iyong kasanayan sa pagsisiyasat, pagsusuri ng datos, pagbuo at pagsusuri ng mga *graph*, pagkokompyut, pagsasaliksik, mapanuring pag-iisip, mabisang komunikasyon at pag-unawa sa mga nangyayari sa kapaligirang iyong ginagalawan. Ipinakilala rin ang mga estratehiya sa pagtuturo ng ekonomiks upang matamo ang mga inaasahang kasanayan para sa magtatapos ng araling ito.

Upang higit na maging makabuluhan ang pag-aaral ng ekonomiks, ang mga nagsulat ng modyul na ito ay gumamit ng mga aktuwal at napapanahong datos mula sa mga ahensiya ng pamahalaan. Naglagay rin ng mga larawan, ilustrasyon, at dayagram upang mas madali ang pag-unawa sa mga konsepto at aralin. Ang ilang mga terminolohiya ay hindi isinalin sa Filipino upang hindi mabago ang kahulugan at lubos itong maunawaan ng mga mag-aaral. Sinikap ring ipaliwanag ang mga konsepto sa paraang madaling mauunawaan ng mga mag-aaral. Ang mga halimbawang ginamit ay kalimitang hinango sa karanasan ng mga mag-aaral sa araw-araw upang higit na maging kapana-panabik ang pagtuklas sa mga teorya at konseptong may kaugnayan sa ekonomiks.

Binubuo ng apat na unit ang modyul na ito. Ang bawat yunit ay nahahati naman sa bawat aralin. Ang Yunit 1 ay nakatuon sa pag-aaral ng Pangunahing Konsepto ng Ekonomiks. Ang Yunit 2 ay nakatuon sa Maykroekonomiks. Ang Yunit 3 ay nakatuon sa Makroekonomiks. Samantalang ang Yunit 4 ay ang Mga Sektor Pang-ekonomiya at mga Patakarang Pang-ekonomiya.

Halina at maligayang paglalakbay sa daigdig ng Ekonomiks at nawa'y maging instrumento ka sa pagsulong at pag-unlad ng ating bansa.

## Talaan ng Nilalaman

### **Yunit II: Maykroekonomiks**

Panimula.....	103
Mga Aralin at Saklaw ng Yunit.....	103
Mga Inaasahang Kakayahan.....	103
Panimulang Pagtataya.....	105
<b>Aralin 1: Demand</b>	
Alamin.....	112
Paunlarin.....	114
Pagnilayan.....	125
<b>Aralin 2: Elastisidad ng Demand (Price Elasticity of Demand)</b>	
Alamin.....	129
Paunlarin.....	131
Pagnilayan.....	137
<b>Aralin 3: Supply</b>	
Alamin.....	138
Paunlarin.....	141
Pagnilayan.....	156
<b>Aralin 4: Interaksyon ng Demand at Supply</b>	
Alamin.....	159
Paunlarin.....	161
Pagnilayan.....	172
<b>Aralin 5: Ang Pamilihan at ang mga Istrukturang Nito</b>	
Alamin.....	175
Paunlarin.....	178
Pagnilayan.....	192
<b>Aralin 6: Ugnayan ng Pamilihan at Pamahalaan</b>	
Alamin.....	196
Paunlarin.....	199
Pagnilayan.....	205
Ilipat at Isabuhay.....	209
Pangwakas na Pagtataya.....	212

## PANIMULA AT MGA GABAY NA TANONG

Ang pag-aaral ng Ekonomiks ay nahahati sa dalawang pangunahing sangay: ang microeconomics (*microeconomics*) at makroekonomiks (*macroeconomics*). Layunin ng mga ito na maunawaan ang ekonomiks sa pamamagitan ng maliit (micro) at malawak (*macro*) na dimensiyon ng ekonomiya. Kung kaya't ang pag-aaral nito ay lubhang mahalaga para sa atin sapagkat ang anumang pagbabago sa galaw ng ekonomiya, maging sa usaping lokal o internasyonal man, ay may malaking epekto sa atin bilang mga tao na may pangangailangang dapat matugunan.

Kaugnay ng pagtugon sa ating pangangailangan, naitanong mo na ba sa iyong sarili kung paano mo ito maisasakatuparan? Saan ka makakakuha ng mga ito? Sa puntong ito, malaking usapin ang apat na pangunahing katanungang pang-ekonomiko: 1) Ano-ano ang produktong ipoprodyus? 2) Gaano karami ang ipoprodyus? 3) Paano ito ipoprodyus? at 4) Para kanino ito ipoprodyus?. Ang mga katanungang pang-ekonomikong ito ang siyang pinagmumulan kung bakit ang konsepto ng *demand* at *supply* sa ekonomiks ay nagaganap at ang mabisang mekanismo para maunawaan ang takbo nito ay ang interaksyon ng mga ito sa pamamagitan ng pamilihan.

Ang pangunahing pokus ng modyul na ito ay ang ugnayan at interaksyon ng *demand* at *supply*, elasticidad, at pamilihan at iba't ibang estruktura nito, at ang ugnayan ng pamilihan at pamahalaan. Dahil dito, ikaw bilang bahagi ng pambansang ekonomiya ay mahalagang masuri at matuklasan mo kung paano naapektuhan ang pangangailangan at kagustuhan ng sambahayan at bahay-kalakal tungo sa pagtamo ng pambansang kaunlaran.


PAMANTAYAN SA PAGKATUTO	
Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap
Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga pangunahing kaalaman sa ugnayan ng puwersa ng <i>demand</i> , <i>supply</i> , at sistema ng pamilihan bilang batayan sa matalinong pagdedesisyon ng konsyumer at bahay-kalakal tungo sa pagtamo ng pambansang kaunlaran.	Ang mga mag-aaral ay kritikal na nakapagsusuri sa mga pangunahing kaalaman sa ugnayan ng puwersa ng <i>demand</i> , <i>supply</i> , at sistema ng pamilihan bilang batayan sa matalinong pagdedesisyon ng konsyumer at bahay-kalakal tungo sa pagtamo ng pambansang kaunlaran.

Sa araling ito, inaasahan na matutuhan mo ang sumusunod:

<b>ARALIN 1: DEMAND</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>» Nailalapat ang kahulugan ng <i>demand</i> sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat pamilya</li> <li>» Nasusuri ang mga salik na nakaaapekto sa <i>demand</i></li> <li>» Matalinong nakapagpapasya sa pagtugon sa mga pagbabago ng salik na nakaaapekto sa <i>demand</i></li> </ul>
-----------------------------	----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

<p><b>ARALIN 2: ELASTISIDAD NG DEMAND (PRICE ELASTICITY OF DEMAND)</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>» Naiuugnay ang tugon ng mga mamimili sa pabagobagong presyo ng mga produkto at serbisyo batay sa konsepto ng <i>price elasticity of demand</i></li> <li>» Naiisa-iisa at nasusuri ang iba't ibang uri ng elastisidad ng <i>demand</i></li> </ul>
<p><b>ARALIN 3: SUPPLY AT ELASTISIDAD NG SUPPLY (PRICE ELASTICITY OF SUPPLY)</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>» Nasusuri ang mga salik na nakaaapekto sa <i>supply</i></li> <li>» Matalinong nakapagpapasya sa pagtugon sa mga pagbabago ng salik na nakaaapekto sa <i>supply</i></li> <li>» Naiuugnay ang tugon ng mga mamimili sa pabagobagong presyo ng mga produkto at serbisyo batay sa konsepto ng <i>price elasticity of supply</i></li> <li>» Naiisa-iisa at nasusuri ang iba't ibang uri ng elastisidad ng <i>supply</i></li> </ul>
<p><b>ARALIN 4: INTERAKSIYON NG DEMAND AT SUPPLY</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>» Naipaliliwanag ang interaksyon ng <i>demand</i> at <i>supply</i> sa kalagayan ng presyo at ng pamilihan</li> <li>» Nasusuri ang mga epekto ng <i>shortage</i> at <i>surplus</i> sa presyo at dami ng kalakal at paglilingkod sa pamilihan</li> <li>» Naimumungkahi ang paraan ng pagtugon/kalutasan sa mga suliraning dulot ng kakulangan at kalabisan</li> </ul>
<p><b>ARALIN 5: ANG PAMILIHAN AT MGA ESTRUKTURA NITO</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>» Naipaliliwanag ang kahulugan ng pamilihan</li> <li>» Napahahalagahan ang bahaging ginagampanan ng pamilihan sa pagtugon sa pang-araw-araw na pangangailangan ng mga tao</li> <li>» Nauunawaan ang konsepto ng estruktura ng pamilihan</li> <li>» Nasusuri ang iba't ibang estruktura/sistema ng pamilihan na tumutugon sa maraming pangangailangan ng mga tao</li> </ul>
<p><b>ARALIN 6: UGNAYAN NG PAMILIHAN AT PAMAHALAAN</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>» Napapangatwiran ang kinakailangang pakikialam at regulasyon ng pamahalaan sa mga gawaing pangkabuhayan sa iba't ibang estruktura ng pamilihan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan</li> </ul>

## GRAPIKONG PANTULONG SA ARALIN




### PAUNANG PAGTATAYA

Basahin at unawain ang sumusunod na pahayag/katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

- (K) 1. Isa sa mahalagang elemento na sinusuri sa pag-aaral ng microeconomics ay ang konsepto ng *demand* na idinidikta o nagmumula sa mga konsyumer. Alin sa sumusunod ang tamang pagpapakahulugan sa konsepto ng *demand*?
- A. Ito ay tumutukoy sa mga produktong kahalili ng mga pangangailangan ng isang konsyumer.
  - B. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto na handa (*willing*) at kayang (*able*) bilhin ng mga konsyumer sa iba't ibang halaga o presyo.
  - C. Ito ay tumutukoy sa kabuuang dami ng produkto na mabibili sa bawat presyo kung ang konsyumer ay makakabili ng lahat ng kanilang pangangailangan.
  - D. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto na handa at kayang bilhin ng prodyuser sa iba't ibang presyo.

- (P) 2. Ayon sa batas ng *demand*, alin sa sumusunod na pahayag ang malinaw na magpapaliwanag ng *graph* tungkol sa ugnayan ng presyo at *demand* ng mga konsyumer?



- A. Kaunti ang mabibili ng mga konsyumer kapag mataas ang presyo  
 B. Maraming mabibili ang mga konsyumer kapag mataas ang presyo  
 C. Habang tumataas ang presyo, bumababa ang *quantity demanded* ng mga konsyumer  
 D. Habang tumataas ang presyo, tumataas ang *demand* ng mga konsyumer
- (U) 3. Kapag ang kurba ng *demand* ay gumagalaw mula itaas, pababa, at pakanan o *downward sloping*, ito ay nagpapahiwatig ng \_\_\_\_\_.
- A. walang kaugnayan ang *demand* sa presyo  
 B. hindi nagbabago ang presyo ayon sa *demand*  
 C. negatibong ugnayan ng presyo sa dami ng *demand*  
 D. positibong ugnayan ng presyo sa dami ng *demand*
- (U) 4. Ang *perfectly inelastic demand* ay mayroong *coefficient* na zero, ibig sabihin walang nagaganap na pagtugon ang *quantity demanded* kahit pa tumaas ang presyo, ano ang ipinapahiwatig nito?
- A. may mga produkto tayong madaling hanapan ng pamalit kaya kahit tumaas ang presyo nito makabibili pa rin tayo ng alternatibo para dito.  
 B. kapag ang produkto ay labis na tumaas ang presyo at hindi naman masyadong kailangan maaari ng ipagpaliban muna ang pagbili nito.  
 C. may mga produkto na kahit mataas ang presyo ay kailangan mong bilhin sapagkat wala itong pamalit.  
 D. may mga produktong walang epekto sa atin kahit hindi natin ito bilhin.
- (U) 5. Si Juanito ay nakagawian ng bumili ng *bananacue* tuwing *recess*. Nang minsang tumaas ng tatlong piso ang paborito niyang *bananacue*, hindi na muna siya bumili at sa halip ay naghanap na lamang ng ibang mabibili sa *canteen*. Ano ang ipinahihiwatig ng *quantity demanded* ni Juanito para sa *bananacue*?
- A. ang *quantity demanded* sa *bananacue* ay hindi-elastiko sapagkat si Juanito ay tumugon ng malaki sa pamamagitan ng pagbabawas ng *quantity demanded* para sa *bananacue*.  
 B. ang *quantity demanded* sa *bananacue* ay elastiko sapagkat si Juanito ay tumugon ng malaki sa pamamagitan ng pagbabawas ng *quantity demanded* para sa *bananacue*.




- C. ang *quantity demanded* sa *bananacue* ay *unitary* sapagkat ang dami ng ibabawas na *quantity demanded* sa *bananacue* ay kasing dami ng *quantity demanded* sa pamalit na *bananacue* ni Juanito.
- D. ang *quantity demanded* sa *bananacue* ay ganap na hindi-elastiko dahil hindi makakatagal si Juanito na hindi kumain ng *bananacue* sa loob ng isang linggo.

(K) 6. Sa ekonomiks, pinag-aaralan kung paano matutugunan ang walang katapusang pangangailangan ng tao. Ang gawaing ito ay tungkulin ng prodyuser. Ano ang tawag sa dami ng produkto na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser?

- A. *demand*
- B. ekwilibriyo
- C. produksiyon
- D. *supply*

(P) 7. May patahian si Aling Noemi ng mga kumot at punda ng unan sa Cagayan De Oro. Noon ay nakagagawa lamang siya ng 5 pirasong kumot at 10 pirasong punda ng unan sa isang araw. Ngunit nang gumamit siya ng *hi-speed sewing machine* ay halos magtriple ang kaniyang produksiyon kaya bumaba ang presyo. Piliin ang grapikong paglalarawan sa pagbabagong ito?



(U) 8. Upang masabing *supply*, kailangang may kagustuhan at kakayahan na ipagbili ng prodyuser ang isang uri ng produkto. Halimbawa, may 30,000 lata ng sardinas ang kailangan sa pamilihan. Ayon sa datos, mayroong 10 kompanya ng sardinas ngunit sa bilang na ito, 6 lamang ang nais gumawa ng kabuuang 20,000 lata ng sardinas kung ipagbibili ito sa presyong Php10.00. Batay sa pahayag, ilan ang maitatalang *supply* ng sardinas?

- A. 6
- B. 10
- C. 20,000
- D. 30,000

(K) 9. Malaki ang papel ng pamahalaan upang mapanatili ang katatagan ng presyo sa pamilihan. Alin sa sumusunod ang nagpapaliwanag nito?

- A. Panghuhuli sa *illegal vendors* na nagkalat sa paligid
- B. Pagtatakda ng *price ceiling* at *floor price* upang magkaroon ng gabay


sa presyo ng mga bilihin

- C. Pagtataguyod ng mga batas sa pangangalaga sa karapatan ng mga konsyumer
- D. Patuloy na panghihikayat sa mga maliliit na negosyante na palawakin pa ang negosyo

(K) 10. Kung ang presyo ng isang pangunahing produkto ay labis na mataas at hindi na makatarungan para sa mga konsyumer dahil sa mapang-abusong gawi ng mga may-ari, gumagawa ng hakbang ang pamahalaan upang matugunan ito. Nakikialam ang pamahalaan sa pagpepresyo sa pamilihan. Ano ang tawag sa patakaran ng pagtatakda ng pinakamataas na presyo ng mga produkto o serbisyo?


- A. *price ceiling*
- B. *floor prices*
- C. *market clearing price*
- D. *price support*

(P) 11. Ang presyong mababa sa ekwilibriyo ay ipinatupad ng pamahalaan upang mabigyang-proteksyon ang mga mamimili. Ano ang magiging epekto sa pamilihan kung ang pamahalaan ay magpapatupad ng *price ceiling* na Php1?



- A. Sa pagpapatupad ng *price ceiling*, ang pamilihan ay makararanas ng ekwilibriyo
- B. Ang pagpapatupad ng *price ceiling* ay makapagdudulot ng disekwilibriyo sa pamilihan. Ito ay lilikha ng *shortage* na 12 yunit ng produkto
- C. Ang pagpapatupad ng *price ceiling* ay makapagdudulot ng disekilibriyo sa pamilihan. Ito ay lilikha ng *surplus* na 6 na yunit ng produkto
- D. Walang mangyayaring *shortage* at *surplus* sa pamilihan sapagkat mabisa ang polisiya ng pamahalaan.

(P) 12. Ano ang nais ipakita ng tsart sa ibaba para sa konsyumer at prodyuser sa pagtatakda ng *price control* *price support* ng pamahalaan? Nais ng pamahalaan na



- A. kontrolin ang presyo ng mga bilihan sa pamilihan
- B. maipakita ng pamahalaan ang kanilang pagtupad sa tungkulin
- C. matamo ang layunin ng ekwilibriyo
- D. tulungan ang konsyumer at maliit na prodyuser

- (U) 13. Nagaganap ang ekwilibriyo sa pamilihan kapag sa iisang presyo pantay ang dami ng *quantity demanded* sa *quantity supplied*. Sa kalagayang ito, ano ang implikasyon ng pagkakaroon ng ekwilibriyo sa pamilihan?
- A. Sa presyong ekwilibriyo, parehong masaya ang konsyumer at prodyuser sapagkat ang dami ng nais bilhin ng mga konsyumer ay kasindami ng nais ibenta ng mga prodyuser.
  - B. Sa presyong ito, may labis na *quantity supplied* sapagkat maaaring magtaas ng presyo ang mga prodyuser upang tumaas ang kita.
  - C. Sa presyong ito, parehong nasiyahan ang konsyumer at prodyuser sapagkat tumaas man ang presyo, kaunti na lamang ang bibilhin ng mga konsyumer.
  - D. Sa presyong ito, hindi masaya ang konsyumer dahil ang labis na *quantity demanded* ay hindi napupunan ng labis na *quantity supplied*.
- (U) 14. Alin ang nagpapaliwanag kung bakit mahal ang bulaklak na rosas sa tuwing sasapit ang Araw ng mga Puso?
- A. Dahil sa okasyon, tumataas ang *demand* ng mga konsyumer sa rosas kaya lumilipat ang kurba ng *demand* sa kanan na nagreresulta sa pagtaas ng presyo nito.
  - B. Dahil sa tuwing sasapit ang Araw ng mga Puso, nagkakasundo na ang mga konsyumer at prodyuser na itaas ang presyo sapagkat pareho naman silang nakikinabang dito.
  - C. Tanggap ng mga konsyumer ang pagtaas ng presyo ng rosas tuwing sasapit ang Araw ng mga Puso sapagkat hindi matatawaran ang kasiyahang natatamo ng mga konsyumer sa pagbibigay ng rosas sa kanilang mga mahal sa buhay.
  - D. Tuwing sasapit ang Araw ng mga Puso, itinatago ng mga prodyuser ang panindang bulaklak upang lalong tumaas ang presyo nito.

- (K) 15. Lahat tayo ay kinikilala bilang mga konsyumer na may mga pangangailangan subalit hindi lahat ay may kakayahang maging prodyuser o gumawa ng mga produkto o serbisyo na tutugon sa ating mga pangangailangan. Ano ang tawag sa lugar kung saan ang mga konsyumer at prodyuser ay nagtatagpo at nagkakaroon ng palitan sa pamamagitan ng itinakdang presyo ng mga produkto?
- A. department store                      C. talipapa  
B. pamilihan                                 D. tiangge

- (P) 16. Alin sa sumusunod na larawan ang industriyang hindi kabilang sa estrukturang oligopolyo?



Pinagkunan: [http://3.bp.blogspot.com/-sKmZsEUVBli/UoLK7dyZI3I/AAAAAAAAAJ88/FxkWDVS2f\\_8/s1600/telcoph+logo.png](http://3.bp.blogspot.com/-sKmZsEUVBli/UoLK7dyZI3I/AAAAAAAAAJ88/FxkWDVS2f_8/s1600/telcoph+logo.png)  
Retrieved on: November 7, 2014 <http://4.bp.blogspot.com/-xEQmgJXTrRw/Uml0-KcEoII/AAAAAAAAAAw/pxoQqzclxUs/s1600/Shell-Logo.jpg> Retrieved on November 7, 2014; [http://2.bp.blogspot.com/-S-wo-MsJijQ/T8kX87eYv3I/AAAAAAAAACo/Yv\\_hi-kHjeg/s1600/LunaJ\\_caltex.jpg](http://2.bp.blogspot.com/-S-wo-MsJijQ/T8kX87eYv3I/AAAAAAAAACo/Yv_hi-kHjeg/s1600/LunaJ_caltex.jpg) Retrieved on November 7, 2014 [http://bigbasket.com/media/uploads/p/1/161754\\_1-tide-plus-detergent-powder.jpg](http://bigbasket.com/media/uploads/p/1/161754_1-tide-plus-detergent-powder.jpg)  
Retrieved on November 7, 2014


- Para sa bilang 17 suriin ang sumusunod na larawan.



Pinagkunan: <http://m.abante-tonite.com/issue/dec2013/pictures/t-27-08-2.jpg> Retrieved on November 7, 2014; <http://media.philstar.com/images/pilipino-star-ngayon/bansa/20140917/pork-separate-from-non-pork-products-3.jpg> Retrieved on: November 7, 2014; <https://i1.ytimg.com/vi/GQXyH2XOcD8/hqdefault.jpg> Retrieved on: November 7, 2014; <https://i1.ytimg.com/vi/KhKdagSq1dc/hqdefault.jpg> Retrieved on: November 7, 2014

- (P) 17. Batay sa iyong pagsusuri, sa anong estruktura ng pamilihan nabibilang ang mga larawang nasa itaas?
- A. monopolyo                                 C. ganap na kompetisyon  
B. oligopolyo                                 D. monopolistikong kompetisyon

- (P) 18. Kung iyong susuriin ang dalawang dayagram ng estruktura ng pamilihan sa ibaba, alin sa dalawang ito ang sa tingin mo ay may kakayahan na itakda ang presyo sa pamilihan?



- A. monopolyo, sapagkat walang pamalit ang mga produkto  
 B. monopsonyo, sapagkat iisa lamang ang konsyumer  
 C. pareho lamang sapagkat ang mga katangian ng dalawang estrukturang ito ay kabilang sa hindi ganap na kompetisyon.  
 D. wala ni isa man sa dalawang anyo ng pamilihan sapagkat ang pagbili naman ng produkto at serbisyo ay nasa desisyon pa rin ng konsyumer
- (U) 19. Ang pamilihang may ganap na kompetisyon ang sinasabing pinakamodelong estruktura ng pamilihan dahil sa dami ng nagbebeenta o dami ng konsyumer. Ang sumusunod ay katangian ng estrukturang ito maliban sa
- A. malayang kalakalan sa bilihan  
 B. may kakaibang produkto  
 C. maraming prodyuser at konsyumer  
 D. malayang paggalaw ng mga sangkap pamproduksiyon
- (U) 20. Ang pamilihan ay sinasabing may ganap na kompetisyon kapag ang sinumang prodyuser ay walang kapangyarihan na palitan o baguhin ang presyo sa pamilihan. Paano nakatutulong ang ganap na kompetisyon sa pamilihan?
- A. sumisigla ang kompetisyon sa pamilihan dahil marami ang konsyumer at prodyuser  
 B. napapababa ng prodyuser ang kalidad ng kanilang produkto  
 C. nakakakuha ng malaking tubo ng mga prodyuser  
 D. hindi nakakahikayat sa mga prodyuser na magpasok ng produkto

## PANIMULA

Ang araling ito ay nakatuon sa pag-aaral ng *demand* bilang isa sa mga batayang kaisipan sa ekonomiks. Tinalakay sa naunang yunit na ang *efficient* na pagpili at paggamit ng mga pinagkukunang-yaman ang diwa sa pag-aaral ng asignaturang ito. Sa yunit na ito, ipakikilala ang dalawang mahalagang konsepto sa ekonomiks, ang *demand* at *supply*. Sa pag-aaral ng *demand*, malalaman mo bilang isang mamimili kung paano maipakikita ang kagustuhan at kakayahang bumili ng mga produkto at serbisyo bilang tugon sa iyong pangangailangan.


Matutuhan mo rin sa araling ito ang mga salik na nakaaapekto sa *demand* at kung paano ito nagbabago dahil sa presyo.

May inihandang mga gawain na tataya sa iyong mga kaalaman hinggil sa aralin. Inaasahang ikaw ay mahihikayat na pagyamanin ang iyong kaalaman at maunawaan kung paano ang *demand* at mga konsepto nito ay makatutulong sa matalinong pagdedesisyon ng konsyumer at prodyuser tungo sa pambansang kaunlaran.

### ARALIN 1: DEMAND



#### ALAMIN



Matapos mong mapag-aralan ang konsepto ng produksiyon, mga salik nito, at ang mga organisasyon ng negosyo sa naunang mga aralin, sa bahaging ito naman ay iyong tutuklasin ang tungkol sa konsepto ng *demand*. Upang higit na maging masaya at makabuluhan ang bahaging ito ay simulan mong sagutin ang mga susunod na gawain.

#### Gawain 1: BILI AKO NO'N, BILI AKO N'YAN

Suriin ang nilalaman ng *bubble thought* na nasa kabilang pahina at sagutan ang mga Pamprosesong Tanong:





**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano-ano ang ipinahihwatig ng mga *bubble thought*?
2. Anong konsepto sa ekonomiks ang inilalarawan sa *bubble thought*?

**Gawain 2: JUMBLED LETTERS**

Ayusin ang mga ginulong letra sa *puzzle box* upang maibigay ang hinihinging kasagutan sa mga gabay na tanong. Maaari mong balikan ang iyong mga napag-aralan sa mga naunang aralin upang madali mong masagot ang katanungang nakapaloob dito. Kung maisasaayos mo nang tama ang mga letra sa *puzzle* ay may mabubuo kang salita sa unang kolum nito.

1.	A	P	Y	G	O	D	I	R	E	M	A	
2.	N	I	M	E	S	O	K	O	K			
3.	W	A	M	O	L	S						
4.	A	K	Y	O	S	N	L	A	O			
5.	S	O	N	G	O	Y	E					
6.	T	R	I	D	I	S	B	U	S	O	Y	N

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Ano ang tawag sa pag-aaral tungkol sa uri, kalidad, at balangkas ng populasyon?
2. Anong sangay ng agham panlipunan ang tungkol sa *efficient* na pagpili at paggamit ng mga pinagkukunang-yaman?
3. Sino ang isa sa bumuo ng teorya hinggil sa herarkiya ng pangangailangan ng tao?
4. Ano ang tawag sa pamamaraan ng paglalaan ng takdang dami ng pinagkukunang-yaman ayon sa pangangailangan at kagustuhan ng tao?

5. Ito ay tumutukoy sa anumang gawaing pang-ekonomiya na ang layunin ay magkamit ng kita o tubo.
6. Ano ang katawagan sa pamamaraan ng pagbabahagi ng kabuuang yaman o kita ng lipunan sa bawat indibidwal o sa mga salik ng produksiyon tulad ng lupa, paggawa, kapital at *entrepreneurship*?

**Pamprosesong Tanong:**

1. Anong salita ang nabuo mula sa unang hanay pababa?
2. Ano ang iyong paunang pagkaunawa sa salitang *demand*?

Sa susunod na bahagi ay sasagutan mo ang isang tsart upang inisyal na masukat ang iyong nalalaman tungkol sa konsepto ng *demand*.

**Gawain 3: I – R – F (Initial-Refined-Final Idea) Chart**

Isulat sa unang kolum (Alam ko ngayon) ng tsart ang iyong sagot sa tanong na nasa kahon.

Paano ang <i>demand</i> at mga konsepto nito ay makatutulong sa matalinong pagdedesisyon ng konsyumer at prodyuser tungo sa pambansang kaunlaran?		
<b>Alam Ko Ngayon</b>	<b>Nadagdag Kong Kaalaman</b>	<b>Ito Na Ang Alam Ko</b>

Matapos mong maibigay ang iyong mga paunang kaalaman tungkol sa paksang *demand* at ang mga salik na nakaaapekto rito, ihanda ang iyong sarili para sa susunod na bahagi ng aralin. Ito ay upang higit mong maunawaan ang malawak na konsepto ng *demand*.

**PAUNLARIN**

Matapos matiyak ang iyong inisyal na kaalaman, inaasahan sa bahaging ito na mas lalawak pa ang iyong kaalaman at pang-unawa tungkol sa konsepto ng *demand*. Basahin ang mga teksto at isagawa ang mga nakahandang gawain na makatutulong upang iyong masagot kung paano makatutulong sa paggawa ng matalinong pagdedesisyon ng konsyumer at prodyuser ang kaalaman sa puwersa ng *demand* sa pagkamit ng pambansang kaunlaran. Halina't simulan natin ang mga gawain!



## ANG KONSEPTO NG DEMAND

May mga pangangailangan ang tao na dapat matugunan upang mabuhay. Ang *demand* ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na gusto at kayang bilhin ng mamimili sa iba't ibang presyo sa isang takdang panahon.

### Batas ng Demand

Isinasaad ng Batas ng Demand na mayroong *inverse* o magkasalungat na ugnayan ang presyo sa *quantity demanded* ng isang produkto. Kapag tumaas ang presyo, bumababa ang dami ng gusto at kayang bilhin; at kapag bumaba ang presyo, tataas naman ang dami ng gusto at kayang bilhin (*ceteris paribus*). Ang *ceteris paribus* ay nangangahulugang ipinagpapalagay na ang presyo lamang ang salik na nakaaapekto sa pagbabago ng *quantity demanded*, habang ang ibang salik ay hindi nagbabago o nakaaapekto rito. Ayon sa Batas ng Demand, sa tuwing ikaw at ang iyong pamilya ay magdedesiyon na bumili ng isang produkto o serbisyo, ang presyo ang inyong pangunahing pinagbabatayan. Sa bawat pagbili mo sa tindahan, itinatanong mo muna ang presyo bago ka magdesiyon kung ilan ang iyong bibilhin.

May dalawang konseptong nagpapaliwanag kung bakit may magkasalungat o *inverse* na ugnayan sa pagitan ng presyo at *quantity demanded*. Ang unang konseptong nagpapaliwanag dito ay ang *substitution effect*. Ipinahahayag nito na kapag tumaas ang presyo ng isang produkto, ang mga mamimili ay hahanap ng pamalit na mas mura. Sa gayon, mababawasan ang dami ng mamimiling gustong bumili ng produktong may mataas na presyo dahil maghahanap sila ng mas mura. Halimbawa, kung mahal ang *ballpen* maaring bumili ng lapis na mas mura. Ang ikalawa ay ang *income effect*. Ito ay nagpapahayag na mas malaki ang halaga ng kinikita kapag mas mababa ang presyo. Kapag mababa ang presyo ng bilihin, mas mataas ang kakayahan ng kita ng tao na makabili ng mas maraming produkto. Kapag tumaas naman ang presyo, lumiliit naman ang kakayahan ng kaniyang kita na maipambili. Lumiliit ang kakayahan ng kita na makabili ng mga produkto o serbisyo kaya mababawasan ang dami ng mabibiling produkto.

Mayroon tatlong pamamaraan sa pagpapakita ng konsepto ng demand, ang *demand schedule*, *demand curve*, at *demand function*.

### Demand Schedule

Higit na mauunawaan ang konsepto ng *demand* sa pamamagitan ng *demand schedule*. Ang *demand schedule* ay isang talaan na nagpapakita ng dami na kaya at gustong bilhin ng mga mamimili sa iba't ibang presyo. Makikita sa susunod na pahina ang halimbawa ng *demand schedule*.


### Demand Schedule para sa Kendi

Presyo bawat piraso	Quantity Demanded
Php 5	10
4	20
3	30
2	40
1	50
0	60

Ang *schedule* na makikita sa talahanayan ay tumutukoy sa *quantity demanded* para sa kendi sa iba't ibang presyo. Halimbawa, sa halagang piso (Php1.00) bawat piraso ng kendi, limampu (50) ang dami ng gusto at kayang bilhin ng mamimili. Sa presyong dalawang piso (Php2.00) bawat piraso, apatnapung (40) piraso naman ang gusto at kayang bilhin ng mga mamimili. Kung tataas pa ang presyo at maging limang piso (Php5.00) ang bawat piraso, magiging sampu (10) na lamang ang magiging *demand* sa kendi. Malinaw na ipinapakita ang magkasalungat na ugnayan ng presyo at *quantity demanded* ng kendi para sa mamimili.

Maliban sa *demand schedule*, maipakikita rin ang ugnayan ng presyo sa *quantity demanded* sa pamamagitan ng isang dayagram o *graph*. Ito ay tinatawag na *demand curve*. Ito ay isang grapikong paglalarawan ng ugnayan ng presyo at *quantity demanded*.


#### Demand Curve



Ang *graph* sa itaas ay batay sa *demand schedule* na nasa talahanayan. Kung ilalapat sa *graph* ang iba't ibang kombinasyon ng mga presyo at *quantity demanded* ay mabubuo ang *demand curve* para kendi. Halimbawa, sa punto A na ang presyo ay limang piso (Php5), sampu (10) ang dami ng kendi na gusto at handang bilhin ng mamimili; sa punto B na ang presyo ay apat na piso (Php4), dalawampu (20) ang dami ng kendi na gusto at handang bilhin ng mamimili. Kung tutuntunin ang mga puntong ito hanggang punto F ay makabubuo ng isang kurbang pababa o *downward sloping curve*. Ang kurbang ito ay nagpapakita ng salungat na ugnayan sa pagitan ng presyo at sa dami ng gusto at kayang bilhin ng mamimili. Halimbawa, ang paggalaw

sa kurba mula punto A papuntang punto B, makikita na sa pagbaba ng presyo mula limang piso (Php5) pababa ng apat na piso (Php4), ang *demand* sa kendi ay tataas ng sampung (10) piraso. Kapag ang presyo naman ay tumaas ng piso makikita sa *graph* na bumababa ang *quantity demanded* sa sampung (10) piraso.

### Paggalaw ng Demand (Movement along the Demand Curve)



Ipinapakita sa *graph* ang paggalaw sa *demand curve*. Mangyayari ang paggalaw ng *demand curve* kung ang salik na nakaaapekto ay ang sariling presyo ng produkto. Kung ang presyo ng kendi ay bumaba mula Php5 sa Php4, makikita sa *graph* na lilipat ang punto mula A patungong B. Kung tataas naman ang presyo mula Php2 patungong Php3, lilipat ang punto mula C patungong D.

### Demand Function

Ang *demand function* ay ang matematikong pagpapakita sa ugnayan ng presyo at *quantity demanded*. Maaari itong ipakita sa *equation* sa ibaba:

$$Q_d = f(P)$$

Ang  $Q_d$  o *quantity demanded* ang tumatayang *dependent variable*, at ang presyo (P) naman ang *independent variable*. Ibig sabihin, nakabatay ang  $Q_d$  sa pagbabago ng presyo. Ang presyo ang nakapagpapabago sa dami ng handa at kayang bilhin ng mga mamimili. Isa pang paraan ng pagpapakita ng *demand function* ay sa *equation* na:

$$Q_d = a - bP$$

Kung saan:

**Qd** = quantity demanded

**P** = presyo

**a** = *intercept* (ang bilang ng  $Q_d$  kung ang presyo ay 0)

$$b = \text{slope} = \frac{\Delta Q_d}{\Delta P}$$

Nagpapakita ang *slope* ng pagbabago sa *quantity demanded* sa bawat pisong pagbabago sa presyo.

Upang mapatunayan na ang datos sa *demand schedule* sa itaas at ang *demand function* ay iisa, suriin at pag-aralan ang kompyutasyon sa ibaba.

*Demand Function* mula sa *Demand Schedule* para sa kendi:  **$Q_d = 60 - 10P$**

Kapag ang  $P = 1$   $Q_d = ?$

$$Q_d = 60 - 10P$$

$$Q_d = 60 - 10(1)$$

$$Q_d = 60 - 10$$

$$Q_d = 50 \text{ piraso}$$

Kapag ang  $P = 5$   $Q_d = ?$

$$Q_d = 60 - 10P$$

$$Q_d = 60 - 10(5)$$

$$Q_d = 60 - 50$$

$$Q_d = 10 \text{ piraso}$$

Gamit ang *demand function* ay maaaring makuha ang dami ng *quantity demanded* kung may *given* na presyo. I-substitute ang presyo na piso sa *variable* na  $P$  at i-multiply ito sa *slope* na  $-10$ . Ang makukuhang sagot ay ibabawas sa  $60$ . Mula rito ay makukuha ang sagot na  $50$  na *quantity demanded*. Sa ikalawang halimbawa naman ay  $Php5$  ang presyo kaya ang naging *quantity demanded* ay  $10$ .

#### Gawain 4: COMPLETE IT!

Kompletuhin ang mga katawagan at konseptong tinutukoy ng sumusunod na pangungusap. Isulat ang mga tamang letra sa patlang upang mabuo ang salita.

1. \_\_\_ **A** \_\_\_ tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyong gusto at kayang bilhin ng mga mamimili.
2. \_\_\_ **A** \_\_\_ \_\_\_ **A** \_\_\_ nagsasaad na mayroong magkataliwas na ugnayan sa pagitan ng presyo at *quantity demanded*.
3. \_\_\_ **A** \_\_\_ **D** \_\_\_ grapikong paglalarawan ng presyo at *quantity demanded*.
4. \_\_\_ **E** \_\_\_ \_\_\_ **I** \_\_\_ ipinagpapalagay na ang presyo lamang ang salik na nakaaapekto sa pagbabago ng *quantity demanded*, habang ang ibang salik ay hindi nagbabago.
5. \_\_\_ **N** \_\_\_ \_\_\_ **T** \_\_\_ nagpapahayag na mas malaki ang halaga ng kinikita kapag mas mahaba ang presyo.

#### Gawain 5: DEMAND READING

Lagyan ng (✓) ang kolum ng **sang-ayon**, kung naniniwala ka na tama ang pahayag ukol sa konsepto ng *demand* at lagyan naman ng (X) ang kolum ng **Hindi-sang ayon** kung hindi ka naniniwala.

Pahayag	Sang-ayon	Di-sang ayon
1. Ang <i>demand</i> ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na gusto at kayang bilhin ng mamimili sa iba't ibang presyo sa isang takdang panahon.		
2. Ang ugnayan ng presyo at <i>quantity demanded</i> ay maaaring ipakita gamit ang <i>demand schedule</i> , <i>demand curve</i> , at <i>demand function</i> .		
3. Ayon sa Batas ng Demand, ang presyo at <i>quantity demanded</i> ay mayroong tuwirang relasyon.		
4. Ang <i>ceteris paribus assumption</i> ay ginagamit upang ipagpalagay na ang presyo lamang ang salik na nakaaapekto sa pagbabago ng <i>quantity demanded</i> habang ang ibang salik ay hindi nagbabago o nakaaapekto rito.		
5. Ang <i>income effect</i> ay nagpapahayag na kapag tumaas ang presyo ng isang produkto, ang mga mamimili ay hahanap ng mas murang pamalit dito.		

### Gawain 6: I3: I-DEMAND, ITALA, at IKURBA

Ipagpalagay na katatapos lamang ng inyong klase sa P.E. Nagkataong may tinda sa kantina na *buko juice*. Ilang baso ng *buko juice* ang handa at kaya mong bilhin sa presyong Php6, Php8, Php10 hanggang Php14 kada baso? Itala ito sa kolum ng Qd. Iilagay sa talahanayan ang dami ng *quantity demanded* sa bawat presyo upang mabuo ang *demand schedule*.

Ipagpalagay na ang *demand function* mo ay  $Q_d = 50 - 2P$ . Pagkatapos nito ay ipakita ito sa pamamagitan ng paggawa ng *demand curve* at sagutan ang mga pamprosesong tanong sa ibaba.

#### Demand Schedule para sa baso ng Buko Juice

Presyo Bawat Baso (Php)	Quantity Demanded
6	
8	
10	
12	
14	

### Pamprosesong Tanong:

1. Ilan ang *quantity demanded* sa presyong Php6.00?
2. Ano ang naging pagbabago sa *quantity demanded* nang tumaas ang presyo mula Php8.00 papuntang Php14.00? Ipaliwanag ang sagot.
3. Ipaliwanag sa sariling pangungusap ang isinasaad ng batas ng *demand* batay sa nabuo mong *demand schedule* at *demand curve*.

### Gawain 7: MAG-COMPUTE TAYO!

Mula sa datos na nasa ibaba, kompletuhin ang talahanayan upang maipakita ang *demand schedule*.

#### A. Demand Function: $Q_d = 300 - 20P$

P	Qd
1	
	<b>200</b>
6	
	<b>100</b>
15	

#### B. Demand Function: $Q_d = 750 - 10P$

P	Qd
	<b>600</b>
30	
	<b>300</b>
60	
	<b>0</b>

### Iba Pang Salik na Nakaaapekto sa Demand Maliban sa Presyo

Maliban sa presyo, may iba pang mga salik na nakaaapekto sa *demand*. Ang pagsusuri sa mga salik na ito ay mahalagang malaman upang higit na maging matalino sa paggawa ng desisyon.

- **Kita**- Ang pagbabago sa kita ng tao ay maaaring makapagpabago ng *demand* para sa isang partikular na produkto. Sa pagtaas ng kita ng isang tao, tumataas ang kaniyang kakayahan na bumili ng mas maraming produkto. Gayundin naman, sa pagbaba ng kita, ang kaniyang kakayahang bumili ng produkto ay nababawasan.

Kapag dumadami ang *demand* sa mga produkto dahil sa pagtaas ng kita, ang mga produktong ito ay maituturing na *normal goods*. Sa kabilang banda, *inferior*

*goods* naman ang tawag sa mga produktong tumataas ang *demand* kasabay sa pagbaba ng kita. Ipagpalagay na ang karneng baka ay normal good para kay Alena. Sa pagtaas ng kita ni Alena ay tataas din ang kaniyang *demand* sa karneng baka. Kapag bumaba naman ang kita ni Alena, bababa rin ang *demand* niya para dito. Ipagpalagay naman na ang sardinas ay *inferior good* para kay Alena. Sa pagtaas ng kaniyang kita ay bababa ang kaniyang *demand* para sa sardinas. Sa pagbaba naman ng kaniyang kita, tataas ang kaniyang *demand* para dito.

- **Panlasa-** Karaniwang naaayon sa panlasa ng mamimili ang pagpili ng produkto at serbisyo. Kapag ang isang produkto o serbisyo ay naaayon sa iyong panlasa, maaaring tumaas ang *demand* para dito. Kung naaayon ang pandesal sa iyong panlasa bilang pang-almusal, mas marami ang makakain mo nito kesa sa ensaymada.
- **Dami ng Mamimili-** Maaari ding magpataas ng *demand* ng indibidwal ang tinatawag na *bandwagon effect*. Dahil sa dami ng bumibili ng isang produkto, nahihikayat kang bumili. Halimbawa, kapag ang isang bagay ay nauuso, napapagaya ang marami na nagdudulot ng pagtaas ng *demand*. Halimbawa, dahil nauuso ngayon ang *smartphone*, marami sa mga mamimili ang gustong makisabay sa uso kaya marami ang *demand* nito.
- **Presyo ng magkaugnay na produkto sa pagkonsumo** – Masasabing magkaugnay ang mga produkto sa pagkonsumo kung ito ay komplementaryo o pamalit sa isa't isa. Ang mga komplementaryo ay mga produktong sabay na ginagamit, ibig sabihin hindi magagamit ang isang produkto kung wala ang *complement* nito. Magkaugnay ang dalawa sapagkat anumang pagbabago sa presyo ng kaugnay na produkto ay tiyak na may pagbabago sa *demand* ng komplementaryong produkto. Halimbawa, sa kaso ng kape at asukal, kapag bumaba ang presyo ng kape ay tataas ang *demand* sa asukal. Kung tumaas naman ang presyo ng kape ay bababa ang *demand* sa asukal. Kapag ang ugnayan ng presyo ng isang produkto ay negatibo o taliwas sa sa *demand* para sa isang produkto, masasabing magkaugnay ang mga ito. Tinatawag itong produktong komplementaryo (*complementary*).

Samantala, ang pamalit (*substitute*) ay mga produktong maaaring magkaroon ng alternatibo. Ang tubig o *juice* ay maaaring pamalit sa *softdrinks* sapagkat pareho itong pamatid-uhaw. Ipagpalagay natin na tumaas ang presyo ng *softdrinks*. Dahil dito, bababa ang *quantity demanded* ng *softdrinks*. Kasabay nito, tataas naman ang *demand* para sa *juice*. Kung ang pagtaas ng presyo ng isang produkto ay magdudulot ng pagtaas ng *demand* ng isang produkto, masasabing ang mga produktong ito ay pamalit sa isa't isa (*substitute goods*). Ang iba pang halimbawa ng pamalit ay kape at tsa, keso, at *margarine*.


- **Inaasahan ng mga mamimili sa presyo sa hinaharap-** Kung inaasahan ng mga mamimili na tataas ang presyo ng isang partikular na produkto sa susunod na araw o linggo, asahan na tataas ang *demand* ng nasabing produkto sa kasalukuyan




habang mababa pa ang presyo nito. Halimbawa, ibinalita na may paparating na bagyo at tuwirang tatama sa Gitnang Luzon, na isa sa pangunahing pinagmumulan ng bigas sa bansa, inaasahan na magkukulang ang dami ng bigas sa pamilihan at tataas ang presyo nito. Kaya ang mga mamimili ay bibili na ng marami habang wala pa ang bagyo at mababa pa ang presyo. Sa kabilang banda, kung inaasahan ng mga mamimili na bababa ang presyo ng isang produkto, hindi na muna bibili ng marami ang mga tao sa kasalukuyan. Maghihintay na lamang sila na bumaba ang presyo bago bumili ulit ng marami.

### Ang Paglipat ng Demand Curve (o Shifting of the Demand Curve)

**Paglipat ng Demand Curve sa Kanan**



**Paglipat ng Demand Curve sa kaliwa**



Ang *graph* ay nagpapakita ng paglipat ng kurba ng *demand*. Ang pagtaas ng *demand* ay makapagdudulot ng paglipat ng kurba ng *demand* sa kanan. Mangyayari ang paglipat ng *demand* sa kanan kung ang mga pagbabago ng salik na hindi presyo ay nakapagdudulot ng pagtaas ng *demand*. Ang pagbaba ng *demand* ay makapagdudulot ng paglipat ng kurba ng *demand* sa kaliwa. Mangyayari ang paglipat ng *demand* sa kaliwa kung ang mga pagbabago ng salik na hindi presyo ay nakapagdudulot ng pagbaba ng *demand*.

### Matalinong Pagpapasya sa Pagtugon sa mga Pagbabago ng mga Salik na Nakaaapekto sa Demand

Batay sa ating talakayan, mayroon pang ibang mga salik na maaaring makapagpapabago sa *demand* maliban sa presyo. Papaano kaya tayo matalinong makatutugon sa pagbabagong dulot ng mga salik na ito?




1. Kapag may pagtaas sa kita, maging matalino sa paggasta nito. Matutong pagplanuhan nang mabuti ang paggastos at unahin ang mahahalagang bagay na dapat bilihin.
2. Maghanap ng alternatibo o pamalit sa mga produktong may mataas na presyo. Maraming mapagpipiliang produkto sa mababang presyo sa iba't ibang pamilihan.

Ang anumang pagbabago sa mga nasabing salik ay may kaakibat na epekto sa mga mamimili. Ang matalinong pagtugon ng mga mamimili sa mga nagbabagong salik ay napakahalaga.

### Gawain 8: GRAPHIC ORGANIZER

Punan ang *graphic organizer* sa ibaba at sagutin ang mga pamprosesong tanong:



#### Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang salik na nakakaimpluwensiya sa *demand*?
2. Alin sa mga salik ang makapagdudulot ng paggalaw sa *demand curve*? Sa paglipat ng *demand curve*? Paano naiiba ang salik na presyo sa ibang salik?
3. Ano ang katangian na dapat taglayin ng isang mamimili sa pagtugon sa pagbabago sa mga salik ng *demand*?

### Gawain 9: DEMAND UP, DEMAND DOWN!






Ipakita ang pagbabagong magaganap sa *demand* para sa isang produkto batay sa mga pagbabago ng sumusunod na salik. Isulat sa patlang ang  $\uparrow$  kung tataas ang *demand* at  $\downarrow$  kung bababa ang *demand*.

- \_\_\_\_\_ 1. *Bandwagon effect*, mabilis na pagdami ng populasyon (potensyal na *demand*)
- \_\_\_\_\_ 2. Paglaki ng kita (nakatuon sa *normal goods*)

- \_\_\_\_\_ 3. Pagbaba ng kita (nakatuon sa *inferior goods*)
- \_\_\_\_\_ 4. Pagiging lipas sa uso ng isang produkto
- \_\_\_\_\_ 5. Inaasahan ng mga mamimili na tataas ang presyo
- \_\_\_\_\_ 6. Pagbaba ng presyo ng produktong komplementaryo
- \_\_\_\_\_ 7. Pagtaas ng presyo ng produktong pamalit
- \_\_\_\_\_ 8. Inaasahan ng mga mamimili na bababa ang presyo
- \_\_\_\_\_ 9. Pagtaas ng presyo ng produktong komplementaryo
- \_\_\_\_\_ 10. Pagbaba ng presyo ng produktong pamalit

**Gawain 10: SA KANAN O SA KALIWA?**

Gamit ang mga sitwasyong nakalahad sa talahanayan, suriin at ipaliwanag ang maaaring maging epekto o kahihinatnan ng *demand* sa produkto. Gumuhit ng *graph* na lilipat sa kanan kung dadami ang *demand* at *graph* na lilipat sa kaliwa kung bababa ang *demand*.

Produkto	Sitwasyon	Graph
1. bigas	Pananalasa ng malakas na bagyo sa malaking bahagi ng Luzon.	
2. gasolina	Patuloy na pagtaas ng presyo ng gasolina sa pandaigdigang pamilihan.	
3. bakuna laban sa tigas	Pagdeklara ng <i>outbreak</i> ng tigas ng Kagawaran ng Kalusugan sa maraming lugar sa bansa.	
4. cellphone load	Kabi-kabilang <i>unlitext</i> at <i>unli call promo</i> ng mga <i>telecommunication companies</i> sa bansa.	
5. corned beef (ipagpalagay na <i>normal goods</i> )	Pagtaas ng kita	

### Gawain 11: I-R-F (Initial, Revised, Final) CHART

Isulat sa ikalawang kolum ang sagot sa tanong na nasa loob ng kahon.

Paanong ang <i>demand</i> at mga konsepto nito ay makatutulong sa matalinong pagdedesisyon ng konsyumer at prodyuser tungo sa pambansang kaunlaran?		
<b>Alam Ko Ngayon</b>	<b>Nadagdag Kong Kaalaman</b>	<b>Ito Na Ang Alam Ko</b>

Matapos mong mapalalim ang iyong kaalaman ukol sa *demand* at ang mga salik nito, maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng aralin. Ihanda mo ang iyong sarili para sa mas malalim na pag-unawa ng konsepto ng *demand*.

#### PAGNILAYAN

Sa bahaging ito ng aralin, ikaw ay tutungo na sa malalim na pag-unawa sa ating aralin. Kinakailangan ang iyong masusing pagsusuri, sariling pagbabalangkas at pag-oorganisa ng konsepto, at aktibo at produktibong pakikilahok sa mga talakayan at pangkatang gawain. Sa pagtatapos ng araling ito ay bubuuin natin ang kasagutan sa tanong na kung paanong ang *demand* at mga konsepto nito ay makatutulong sa matalinong pagdedesisyon ng konsyumer at prodyuser tungo sa pambansang kaunlaran.

### Gawain 12: BALITA-NALYSIS

Basahin at unawain ang mga balita na nasa ibaba. Pagkatapos ay sagutan ang mga pamprosesong tanong.

#### Mas Mataas na Buwis sa Sigarilyo, Makapagliligtas ng 27M Buhay

Ang mas mataas na presyo ng sigarilyo, bunsod ng pagtaas ng buwis na ipapataw sa mga *manufacturer*, ay makapagliligtas ng mahigit 27 milyong buhay sa limang bansa sa Asia, ayon sa pagaaral ng Asian Development Bank na inilabas nitong Martes.

Ayon sa ADB, ang pagtaas sa presyo ng sigarilyo ng 25 hanggang 100 porsiyento ay magpapababa ng bilang ng maninigarilyo sa Pilipinas, China, India, Thailand, at Vietnam ng halos 67 milyon.

Tinukoy ng ADB na ang 50 porsiyentong karagdagan sa presyo ng sigarilyo ay nangangahulugan ng pagtaas ng buwis ng 70 hanggang 122 porsiyento na makalilikom ng \$24 billion sa karagdagang “Aggressive tobacco control via higher taxation enhances overall economic welfare,” ayon sa pagaaral ng ADB.

Bukod sa madadagdag ang kita ng gobyerno, binigyang diin din sa pag-aaral na ang paghimok sa mga naninigarilyo na itigil ang bisyo dahil sa kamahalan nito ay magresulta sa mas mataas na *productivity* at mababawasan ang gastusing pangkalusugan. Kung hindi mapipigilan o masusugpo, maaaring umabot sa 267 milyong naninigarilyo ang mamamatay sa sakit na dulot nito sa limang bansa sa Asia, ayon sa pag-aaral. – PNA/ Xinhua

**Pinagkunan:**<http://www.balita.net.ph/2012/11/16/mas-mataas-na-buwis-sa-sigarilyo-makapagliligtas-ng-27m-buhay/>  
**Retrieved on:** November 15, 2014

### **Anti-Smoking Ban, Paiigtingin sa Paaralan**

Upang maprotektahan ang kapakanan at kalusugan ng mga estudyante laban sa masamang epekto ng paninigarilyo, pinaigting ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) ang *anti-smoking campaign* malapit sa mga eskwelahan sa Metro Manila.

Nirerepaso ng MMDA ang mga umiiral na ordinansa sa mga lungsod ng Metro Manila para sa mas mahigpit na pagpapatupad ng kampanya kontra paninigarilyo. Maglulunsad din ng *anti-smoking information drive* ang MMDA sa mga paaralan, na madalas may nahuhuhuling naninigarilyo ang mga estudyante sa *high school* at makikipag-ugnayan ang ahensiya sa mga opisyal ng eskuwelahan, Department of Health (DoH) at *non-government organization*.

Noong Hunyo 6, nagpakalat ang MMDA ng apat na grupo upang sitahin ang mga nagtitinda ng sigarilyo o mas kilala sa tawag na Takatak Boys, gayundin sa mga tindahang malapit sa paaralan.

Huhulihin din ang mga naninigarilyo sa Maynila, Caloocan City, Quezon City at iba pang lungsod sa Metro Manila hanggang sa Hunyo 21. Pagmumultahin ng Php500 ang mga mahuhuli sa unang pagkakataon, o papatawan ng walong oras na *community service* ang walang pambayad. Bumuo rin ng isang *task force* ang MMDA upang i-monitor ang mga establisimiyento at tinderong lalabag sa Republic Act 9211 o Tobacco Regulation Act. Sinabi ni MMDA Chairman Francis Tolentino na patuloy ang pagbabawal sa mga *cigarette vendor* malapit sa eskwelahan at ipaiiral ang 100-meter *radius ban* sa sigarilyo buhat sa paaralan alinsunod sa nasabing batas.- Bella Gamote

**Pinagkunan:**<https://www.balita.net.ph/2013/06/11/anti-smoking-ban-paiigtingin-sa-paaralan/> **Retrieved on:** November 18, 2014

### Pamprosesong Tanong:

1. Batay sa mga artikulo, ano ang dalawang paraan ng pamahalaan upang mabawasan ang bilang ng mga naninigarilyo?
2. Sa iyong palagay, ang pagpapataw ba ng mataas na buwis ay makatutulong sa pagbaba ng *demand* para sa sigarilyo? Bakit?
3. Paano makaaapekto ang *anti-smoking ban* sa pagbabawas ng *demand* sa sigarilyo?
4. Alin sa dalawang artikulo ang nagpapakita ng salik ng *demand* na epekto ng presyo? Alin naman ang salik na hindi presyo?
5. Sa iyong palagay, alin sa dalawang pamamaraan ang mas mabisang paraan sa pagbabawas ng dami ng naninigarilyo? Ipaliwanag ang iyong sagot.

### Gawain 13: FOLLOW-UP CAMPAIGN

Makibahagi sa iyong pangkat sa pagbuo ng isang *signage* ukol sa pagbabawal ng paninigarilyo sa paaralan. Sa isang pahina, ipaliwanag ang kaugnayan ng pagbabawas sa mga bagay tulad ng sigarilyo sa pagkakaroon ng isang matalinong desisyon. Tingnan sa ibaba ang halimbawa ng *signage* upang makabuo ng kaisipan ukol sa gagawin.



**Pinagkunan:** <http://retropilipinas.blogspot.com/2012/02/yosi-kadiri-department-of-healthshttp://www.seton.com/school-zone-signs-smoke-free-sp161.html> **Retrieved on:** November 19, 2014

### Gawain 14:T-SHIRT DESIGN

Magdisenyo ng *t-shirt* na may temang “Ang Pagiging Matalinong Mamimili: Susi sa Pagtamo ng Pambansang Kaunlaran”. Isulat sa kahon ang paliwanag tungkol sa mabubuong disenyo. Maging gabay sa paggawa ng disenyo ang rubrik.

<p><b>Paliwanag:</b> _____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p>
------------------------------------------------------------------------------------

### RUBRIK SA PAGDISENYO NG T-SHIRT

Pamantayan	Deskripsyon	Puntos	Nakuhang Puntos
<b>Kaangkupan sa Tema</b>	Binigyang-pansin ang pagpapahalaga sa pagiging matalino at mapanagutang mamimili na susi sa pagtamo ng pambansang kaunlaran.	25	
<b>Detalye ng disenyo</b>	Akma sa tema ang mga aspekto ng disenyo ukol sa ugnayan ng pagiging matalinong mamimili sa pagtamo ng pambansang kaunlaran.	25	
<b>Orihinalidad at Pagkamalikhain</b>	Nagpakita ito ng natatanging disenyo gamit ang pagiging malikhain at angkop na mga kagamitan	25	
<b>Pagpapaliwanag</b>	Mahusay na naipaliwanag ang bawat aspekto ng disenyo na angkop sa tema ng gawain	25	
<b>Kabuuang Puntos</b>		100	

#### Gawain 15: I-R-F (Initial, Revised and Final) CHART

Sa bahaging ito ay muli mong sagutin ang katanungang nasa kahon at isulat ito sa ikatlong kolumn ng tsart upang malaman ang kabuuang kaalaman na iyong natutuhan sa araling ito.

Paanong ang <i>demand</i> at mga konsepto nito ay makatutulong sa matalinong pagdedesisyon ng konsyumer at prodyuser tungo sa pambansang kaunlaran?		
Alam Ko Ngayon	Nadagdag Kong Kaalaman	Ito Na Ang Alam Ko

MAHUSAY! Napagtagumpayan mo nang isagawa ang mga gawain.

#### Transisyon sa susunod na aralin

Tinalakay sa araling ito ang konsepto ng *demand*, ang ugnayan ng *demand* sa presyo at ang mga salik na nakaaapekto dito. Mahalaga ang masusing pagsusuri ng *demand*. Ito ang nagiging batayan ng isang konsyumer sa pagkakaroon ng matalinong desisyon sa pagkonsumo ng produkto at serbisyo at maaaring makatulong upang sumigla ang ekonomiya tungo sa pagtamo ng pambansang kaunlaran.

Samantala, ang susunod na aralin ay may kinalaman pa rin sa konsepto ng *demand*. Ang pokus ng araling susunod ay ang pagsukat ng pagtugon ng mga mamimili sa pagbabago ng presyo. Ito ay tumutukoy sa konsepto ng elastisidad ng *demand*.

## PANIMULA

Maraming salik ang nakapagpapabago sa *demand* at isa na rito ang presyo. Kung marunong tayong magsuri, magiging matalino ang ating pagtugon dito. Subalit pare-pareho kaya ang pagtugon ng tao sa pagbabago ng presyo ng iba't ibang uri ng produkto? Masusukat kaya natin ang mga naging pagtugon ng mamimili? Bakit kaya mahalagang masukat ang kanilang mga naging pagtugon?

Ang mga nabanggit na katanungan ay masasagot gamit ang *price elasticity of demand*. Inaasahang maiuugnay ang tugon ng mamimili sa pabago-bagong presyo ng mga produkto at serbisyo batay sa konsepto ng *price elasticity of demand*. Sa iyong pagpapatuloy sa kabuuan ng araling ito, ikaw ay haharap sa mga tekstong makapagbibigay ng impormasyon at mga mapanghamong gawain na may layuning magdulot sa iyo ng kaalaman.

### ARALIN 2: PRICE ELASTICITY OF DEMAND



Matapos mong matutuhan ang mga konsepto ng *demand* at ang mga salik nito, tutuklasin mo naman sa bahaging ito ang tungkol sa *price elasticity of demand* upang higit na maging makabuluhan at mapukaw ang iyong interes, halina't simulan mo munang gawain at sagutin ang mga susunod na gawain.

#### Gawain 1: I-SHOOT SA BASKET

Basahin at suriin ang sitwasyon na nasa loob ng kahon at isagawa ang nakapaloob na gawain

**Sitwasyon:** Nagkaroon ng higit sa 10 bahagdan ng pagtaas sa presyo ng mga produkto at serbisyo na nakalista sa ibaba. Sa kabila nito, walang pagbabago sa suweldo mo. Ilagay sa basket ang mga produkto at serbisyong bibilhin mo pa rin kahit tumaas ang presyo nito.

bigas	alahas	serbisyo ng koryente
cellphone	softdrinks	gamot
load	chocolate	pamasaha sa dyip



Pinagkunan: <http://clublabicolandia.wordpress.com/2012/08/19/3rs-reducerecyclereuse-and-native-basket-aka-as-bayong-campaign/> Retrieved on: November 19, 2014



### Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iyong naging basehan sa pagpili ng mga produkto at serbisyong ito?
2. Nahirapan ka ba sa pagpili ng mga produktong ilalagay sa *basket*?  
Ipaliwanag.
3. Ano-ano ang produktong mas malaki ang kabawasan sa pagkonsumo kaugnay ng pagtaas sa presyo?
4. Anong konsepto sa ekonomiks ang sumusukat sa mga pagbabagong ito?

### Gawain 2: A-R GUIDE (Anticipation-Reaction Guide)

Alamin kung gaano na ang iyong kaalaman sa paksang tatalakayin. Isulat sa unang kolum ang **SA** kung ikaw ay sang-ayon sa pahayag at **HSA** naman kung hindi sang-ayon.

Bago ang Talakayan	PAHAYAG	Matapos ang Talakayan
	1. Ang <i>price elasticity of demand</i> ay sumusukat sa pagtugon ng <i>quantity demanded</i> sa pagbabago ng presyo.	
	2. Kapag mas malaki ang pagtugon ng bahagdan ng pagbabago ng presyo kaysa sa bahagdan ng pagbabago ng <i>quantity demanded</i> , ang uri ng elastisidad ay elastiko.	
	3. Ang mga produktong inumin tulad ng <i>softdrinks, juice</i> , at tubig ay mga produktong <i>price elastic</i> dahil marami itong pamalit.	
	4. Kapag mas malaki ang pagtugon ng pagbabago ng <i>quantity demanded</i> kaysa sa bahagdan ng pagbabago ng presyo, ang uri ng elastisidad ay di-elastiko o <i>inelastic</i> .	
	5. Ang mga produkto at serbisyo na lubhang kailangan ng mga tao sa araw-araw tulad ng bigas, koryente, at tubig ay di-elastiko.	
	6. Ang <i>unitary</i> ay halimbawa ng elastisidad na pareho ang naging pagtugon ng bahagdan ng pagbabago ng <i>quantity demanded</i> at presyo.	
	7. Sa uring elastiko, kaya sensitibo ang <i>quantity demanded</i> sa pagbabago ng presyo ay dahil ang produkto ay maraming pamalit o kaya ay isang luho o hindi naman masyadong kailangan.	
	8. Ang mga produkto o serbisyo na may ganap na di-elastikong o <i>inelastic demand</i> ay mga produktong walang pamalit.	



Matapos mong maorganisa ang iyong mga paunang kaalaman tungkol sa paksang *price elasticity of demand*, ihanda ang iyong sarili para sa susunod na bahagi ng aralin. Ito ay upang higit mong maunawaan ang mas malalim na konsepto ng elastisidad ng *demand*.

## PAUNLARIN

Matapos mong malaman ang mga paunang impormasyon tungkol sa paksa, ngayon naman ay iyong lilinangin ang mga kaisipan/kaalamang ito sa tulong ng mga teksto at mga gawain na sadyang inihanda upang maging sanggunian mo ng impormasyon. Ang pinakatiyak na layunin ng bahaging ito ay matutuhan mo bilang mag-aaral ang mahahalagang konsepto tungkol sa presyong elastisidad ng *demand*. Sa pamamagitan ng mga inihandang gawain at teksto, inaasahang magagabayan ka sa pagsagot ng katanungan na kung paano nauugnay ang pagbabago ng presyo sa *price elasticity* ng *demand* ng kalakal at paglilingkod. Halina't umpisahan mo sa pamamagitan ng unang gawain na nasa ibaba.

### PRICE ELASTICITY OF DEMAND

Ito ang paraan na ginagamit upang masukat ang pagtugon at kung gaano kalaki ang magiging pagtugon ng *quantity demanded* ng tao sa isang produkto sa tuwing may pagbabago sa presyo nito. Nalalaman ang tugon ng mamimili sa tuwing may pagbabago sa presyo ng mga produkto at serbisyo gamit ang *formula* na nasa ibaba.

$$\epsilon_d = \frac{\% \Delta Q_d}{\% \Delta P}$$

Bahagdan ng pagbabago sa QD o  $\% \Delta Q_d$  ang tumatayang *dependent variable* at ang bahagdan sa pagbabago sa presyo o  $\% \Delta P$  naman ang *independent variable*. Nangangahulugan ito na ang *demand elasticity* ay palaging negatibo dahil ang Qd ay may salungat (*inverse*) na relasyon sa presyo. Para mas maayos ang interpretasyon, gamitin natin ang *absolute value* ng *formula* nito.

#### Kung saan:

$\epsilon_d$  = *price elasticity of demand*

$\% \Delta Q_d$  = bahagdan ng pagbabago sa Qd

$\% \Delta P$  = bahagdan sa pagbabago sa presyo

Gamit ang *mid-point formula* ang  $\% \Delta Q_d$  at ang  $\% \Delta P$  ay makukuha sa pamamaraang:

$$\epsilon_d = \frac{\% \Delta Q_d}{\% \Delta P}$$

$$= \frac{\frac{\% \Delta Q_d}{\frac{Q_2 - Q_1}{Q_1 + Q_2} \times 100}}{\frac{\% \Delta P}{\frac{P_2 - P_1}{P_1 + P_2} \times 100}}$$

Halimbawa:

$$Q_1 = 100$$

$$Q_2 = 200$$

$$\% \Delta Q_d$$

$$= \frac{200 - 100}{\frac{100 + 200}{2}} \times 100$$

$$= \frac{100}{300} \times 100$$

$$= \frac{100}{3} \times 100$$

$$\% \Delta Q_d = 66.67\%$$

$$P_1 = 60$$

$$P_2 = 50$$

$$\% \Delta P$$

$$= \frac{50 - 60}{\frac{60 + 50}{2}} \times 100$$

$$= \frac{-10}{110} \times 100$$

$$= \frac{-10}{11} \times 100$$

$$\% \Delta P = -18.18\%$$

$$\epsilon_d = \frac{\% \Delta Q_d}{\% \Delta P} = \frac{66.67\%}{-18.18\%} = |-3.67| \text{ elastic}$$

Sundan lamang ang *mid-point formula* upang makuha ang sagot. Ang unang kukunin ay ang  $\% \Delta Q_d$ , alamin mula sa *given* kung alin ang  $Q_1$  at  $Q_2$  at gamitin na ang *formula* rito. Pagkatapos ay kunin din ang  $\% \Delta P$ , alamin kung alin ang  $P_1$  at  $P_2$  at gamitin na ang *formula* nito. Ang sagot sa  $\% \Delta Q_d$  ay *i-divide* sa nakuhang  $\% \Delta P$  para makuha na ang *coefficient* ng *elasticity*.

Sa bawat isang bahagdan ng pagtaas ng presyo, may mga sitwasyon na mas malaki sa isang bahagdan ang ibinababa ng *quantity demanded* ng mga mamimili. Ibig sabihin, ang produktong ito ay hindi gaanong mahalaga o kaya ay maraming pamalit kaya puwede na munang hindi bilhin. Sa kabilang banda, may mga pagkakataon naman na mas maliit sa isang bahagdan ang ibinababa ng *quantity demanded* ng mga mamimili. Nangangahulugan ito na ang produkto ay mahalaga o kaya ay limitado ang mga pamalit kaya malamang ay bibilhin pa rin ito ng mga mamimili.

Kaugnay nito, tunguhan ang talahanayan sa ibaba upang maunawaan ang iba't ibang uri ng *price elasticity of demand* at ang gawi ng mamimili ayon sa pagbabago ng presyo ng mga produkto at serbisyo.

## PRICE ELASTICITY OF DEMAND

Uri ng Elastisidad	Kahulugan	Halimbawa ng Produkto
<p><b>1. Elastic</b></p> <p><math>\% \Delta Q_d &gt; \% \Delta P</math></p> <p><math> e  &gt; 1</math></p>	<p>Ang <i>demand</i> ay masasabing <i>price elastic</i> kapag mas malaki ang naging bahagdan ng pagtugon ng <i>quantity demanded</i> kaysa sa bahagdan ng pagbabago ng presyo. Sa maliit na bahagdan ng pagbabago sa presyo, ang mga mamimili ay nagiging sensitibo sa pagbili. Halimbawa, ang <i>price elasticity of demand</i> ay 1.2. Ibig sabihin, sa bawat isang bahagdan ng pagbabago sa presyo ay may katumbas na 1.2 na bahagdan ng pagbabago ng <i>quantity demanded</i>. Ang pagiging sensitibo ng <i>quantity demanded</i> sa pagbabago ng presyo ay maaaring ipaliwanag ng sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Maaaring marami ang <i>substitute</i> sa isang produkto.</li> <li>b. Ang mga produkto ay hindi pinaglalaanan ng malaki sa badyet sapagkat hindi naman ito masyadong kailangan.</li> </ol>	<p>Ang halimbawa ng produktong <i>price elastic</i> ay mga produktong maraming malapit na <i>substitute</i>. Isa na rito ay <i>softdrinks</i>. Kapag tumaas ang presyo nito, marami ang maaaring ipalit ng mamimili. Maaaring bumili ng ibang <i>brand</i> ng <i>softdrinks</i> o kaya ay bumili na lamang ng <i>juice</i>, <i>bottled water</i>, o sago at gulaman. Isa pang halimbawa ng <i>price elastic na demand</i> ay mga produktong hindi pinaglalaanan ng malaki sa badyet sapagkat hindi naman ito masyadong kailangan.</p>
<p><b>2. Inelastic</b></p> <p><math> e  &lt; 1</math></p>	<p>Ang <i>demand</i> ay masasabing <i>price inelastic</i> kapag mas maliit ang naging bahagdan ng pagbabago ng <i>quantity demanded</i> kaysa sa bahagdan pagbabago ng presyo. Ipinahihiwatig nito na kahit malaki ang bahagdan ng pagbabago sa presyo, ang mga mamimili ay hindi sensitibo sa pagbili. Halimbawa, ang <i>price elasticity of demand</i> ay 0.5. Ibig sabihin, sa bawat isang bahagdan ng pagbabago sa presyo ay may katumbas na 0.5 na bahagdan ng pagbabago ng <i>quantity demanded</i>. Ang hindi pagiging sensitibo ng <i>quantity demanded</i> sa pagbabago ng presyo ay maaaring ipaliwanag ng sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Halos walang malapit na <i>substitute</i> sa isang produkto.</li> <li>b. Ang produkto ay pangunahing pangangailangan.</li> </ol>	<p>Ang halimbawa ng mga produktong <i>price inelastic</i> ay ang mga pangunahing pangangailangan at mga produktong halos walang <i>substitute</i>. Kapag tumaas ang presyo ng produkto o serbisyo ay halos walang pagbabago sa <i>quantity demanded</i>. Ang halimbawa ng serbisyong <i>price inelastic</i> ay koryente at tubig. Mahirap mawala ang mga ito sa pang-araw-araw na pamumuhay, kaya kahit magmahal o tumaas ang presyo ng mga ito, maliit na maliit lamang ang magiging bahagdan ng pagbaba ng <i>quantity demanded</i> sa mga ito.</p>

<b>3. Unitary o Unit Elastic</b>  $ \epsilon  = 1$	Pareho ang bahagdan ng pagbabago ng presyo sa bahagdan ng pagbabago ng <i>quantity demanded</i> .	
<b>4. Perfectly elastic</b>  $ \epsilon  = \infty$	Nangangahulugan ito na anumang pagbabago sa presyo ay magdudulot ng <i>infinite</i> na pagbabago sa <i>quantity demanded</i> . Ipinapakita rito na sa iisang presyo, ang <i>demanded</i> ay hindi matanto o mabilang.	
<b>5. Perfectly Inelastic Demand</b>  $ \epsilon  = 0$	Nangangahulugan ito na ang <i>quantity demanded</i> ay hindi tumutugon sa pagbabago ng presyo. Ang produktong ito ay lubhang napakahalaga na kahit anong presyo ay bibilhin pa rin ang kaparehong dami.	

Maliban sa *elastic* at *inelastic*, may iba pang *degree* ang elastisidad. Ito ay ang *unitary*, *perfectly elastic*, at *perfectly inelastic*. Ipinapakita sa *unitary* na magkapareho ang bahagdan ng pagbabago ng presyo at *quantity demanded*. Ang *coefficient* ng *unitary elastic demand* ay 1. Walang tiyak na halimbawa ang ganitong *degree* ng elastisidad. Ipinapakita naman sa *perfectly elastic* na kahit walang nagbago sa presyo ay may pagtugon pa rin ang mga mamimili. Hindi malalaman ang dami ng pagtugon dito kaya ang *coefficient* ng *elasticity* nito ay *infinite* ( $\infty$ ). Walang tiyak na halimbawa ang ganitong *degree* ng elastisidad. Ipinapakita naman sa *perfectly inelastic* na kahit anong pagbabago sa presyo ay walang magiging pagtugon ang mga mamimili dito. Ibig sabihin, sa kahit na anong presyo ay bibili pa rin ng eksaktong dami. Dahil sa walang pagtugon na naganap, ang *coefficient* ng *elasticity* nito ay 0. Tulad ng *unitary* at *perfectly elastic*, wala ring tiyak o eksaktong sitwasyon o halimbawa ang *perfectly inelastic*. Maituturing na pinakamalapit na halimbawa nito ay ang mga produktong may kinalaman sa mga produkto at serbisyo na pansagip-buhay tulad ng *insulin* sa mga may *diabetes*, *chemotherapy* sa mga may kanser at *dialysis* para sa mga may malalang sakit sa bato.

### Gawain 3: MAG-COMPUTE TAYO!

Suriin ang sitwasyong nasa susunod na pahina. Gamit ang *formula*, kompyutin ang *price elasticity of demand* at tukuyin kung anong uri ng *price elasticity* ito.

SITWASYON	Coefficient	Uri ng Elasticity
1. Mayroon kang ubo at sipon. Ang gamot na nakagagaling sa iyo ay nagkakahalaga dati ng Php10 bawat isang piraso at bumili ka ng 10 piraso. Ngayon ang presyo ay Php15 bawat piraso. Bumili ka na lamang ng 8 piraso.		
2. Sa halagang Php30 ay nakabili ka ng 2 bareta ng nakaugaliang brand ng sabon. Nang bumaba ang presyo nito sa Php25, nakabili ka ng 5 bareta ng sabon.		
3. Tumaas ang halaga ng paborito mong <i>fishball</i> mula ₱.50 tungong Php1 bawat isa. Sa dati mong binibili na 20 piraso, ngayon ay 10 piraso na lamang ang iyong binibili.		
4. Si Mang Erning ay may sakit na <i>diabetes</i> . Kailangan niya ng gamot na <i>insulin</i> batay sa takdang <i>dosage</i> na inireseta ng kaniyang doktor. Tumaas ang presyo nito mula Php500 kada 10 ml. <i>vial</i> tungong Php700 bawat 10ml <i>vial</i> . Walang magawa si Mang Erning kundi bilhin ang iniresetang <i>dosage</i> ng doktor.		

#### Gawain 4: CHART ANALYSIS!

Basahin ang sitwasyon sa ibaba at sagutan ang mga tanong.

Ang *demand schedule* sa ibaba ay nagpapakita ng *demand* ng mga negosyante na naka base sa Maynila at Cebu at ng mga bakasyonista para sa tiket sa eroplano.

Presyo	Quantity Demanded ng mga negosyante	Quantity Demanded ng mga bakasyonista
Php1,500	3 100	950
Php2,000	3 000	750
Php2,500	2 900	550

#### Pamprosesong Tanong:

- Sa pagtaas ng halaga ng tiket sa eroplano mula Php2,000 sa Php2,500 ano ang *price elasticity of demand* para sa mga:
  - negosyante?
  - bakasyonista?
- Bakit magkaiba ang *price elasticity* ng negosyante sa mga bakasyonista? Ipaliwanag.

### Gawain 5: A-R GUIDE (Anticipation-Reaction Guide)

Sagutin ang pangatlong kolum sa pamamagitan ng pagsulat ng **SA** kung sumasang-ayon sa pahayag, at **HSA** naman kung hindi sumasang-ayon sa pahayag.

Bago ang Talakayan	PAHAYAG	Matapos ang Talakayan
	1. Ang <i>price elasticity</i> ng <i>demand</i> ay sumusukat sa pagtugon ng <i>quantity demanded</i> sa pagbabago ng presyo.	
	2. Kapag mas malaki ang pagtugon ng bahagdan ng pagbabago ng presyo kaysa sa pagbabago ng bahagdan ng <i>quantity demanded</i> , ang uri ng <i>elasticity</i> ay <i>elastic</i> .	
	3. Ang mga produktong inumin tulad ng <i>softdrinks</i> , <i>juice</i> , at tubig ay mga produktong <i>elastic</i> dahil marami itong pamalit.	
	4. Kapag mas malaki ang pagtugon ng pagbabago ng bahagdan ng <i>quantity demanded</i> kaysa sa pagbabago ng bahagdan ng presyo, ang uri ng <i>elasticity</i> ay <i>elastic</i> .	
	5. Ang mga produkto at serbisyo na lubhang kailangan ng mga tao sa araw-araw tulad ng bigas, koryente, at tubig ay <i>inelastic</i> .	
	6. Ang unitary ay halimbawa ng <i>elasticity</i> na pareho ang naging pagtugon ng bahagdan ng pagbabago ng <i>quantity demanded</i> at presyo.	
	7. Sa <i>elastic</i> , kaya sensitibo ang <i>quantity demanded</i> sa pagbabago ng presyo ay dahil ang produkto ay maraming pamalit o kaya ay isang luho o hindi naman masyadong kailangan.	
	8. Ang mga produkto o serbisyo na may <i>perfectly inelastic demand</i> ay mga produktong walang pamalit.	

## PAGNILAYAN

Sa bahaging ito ng aralin ay palalawakin at pagtitibayin mo bilang mag-aaral ang mga nabuo mong kaalaman ukol sa *elasticity*. Kinakailangan ang mas malalim na pagtalakay sa katuturan ng elastisidad upang maihanda ang iyong sarili sa pagsasabuhay ng iyong mga natutuhan.

### Gawain 6: PICTO-POSTER

Tinalakay sa araling ito ang tungkol sa *price elasticity of demand*. Ngayon ay bibigyan mo ng pagpapahalaga ang mga produktong ito sa pamamagitan ng paggawa ng *poster* na magpapakita ng “Mga Pamamaraan sa Pagtitipid ng Elektrisidad at Tubig”.

Ang bawat grupo ay gagawa ng dalawang *poster*, isa para sa pagtitipid ng koryente at isa ay para naman sa pagtitipid ng tubig. Iguguhit ito sa isang puting *cartolina*.

Rubrik sa Pagpupuntos ng Poster		
Pamantayan	Paglalarawan	Puntos
<b>Nilalaman</b>	Wasto ang impormasyon. Naglalaman ng pangunahing kaparaanan sa pagtitipid ng koryente at tubig.	10
<b>Presentasyon</b>	Mahusay na naipahahatid ang mensahe ng kahalagahan ng pagtitipid ng koryente at tubig.	10
<b>Pagkamalikhain</b>	Mahusay ang pagkakatag ng disenyo at mga larawan na lubhang kaakit-akit sa mga tumitingin.	10
<b>KABUUNANG PUNTOS</b>		<b>30</b>

Binabati kita dahil nakamit mo ang mahahalagang kaalaman ukol sa konsepto ng *price elasticity of demand*. Nagawa mo ring ilapat sa pang-araw-araw na pamumuhay ang iyong natutuhan. Marami ka bang natutuhan sa mga gawain? Nakita mo ba ang kahalagahan nito sa pang-araw-araw mong pagpili at paggawa ng desisyon? Magaling!



## Transisyon sa Susunod na Aralin

Binigyang diin sa araling ito ang konsepto ng *price elasticity of demand* at ang epekto nito sa presyo ng produkto at serbisyo. Sa isang pampamilihang ekonomiya, dalawa ang nagtatakda ng presyo. Ang *demand* ay kalahating bahagi lamang sa pag-alam ng magiging presyo ng bilihin. Ang isang bahagi naman ay tumutukoy sa halaga na nais ng nagbebenta ng produkto at serbisyo. Ang kagustuhan at kakayahan ng nagbebenta ng produkto at serbisyo ay bibigyang-katuturan ng konsepto ng *supply*. Ang susunod na aralin ay tatalakay sa konsepto ng *supply*, ang mga salik na nakaaapekto rito, at ang ugnayan nito sa presyo ng produkto at serbisyo. Ang mga ito ay makatutulong upang magkaroon ng matalinong pagdedesisyon tungo sa pambansang kaunlaran.

## PANIMULA

Sa nakaraang aralin, napag-aralan mo ang tungkol sa *demand* bilang isa sa mahahalagang bahagi ng pamilihan na nakatuon sa mamimili. Subalit, hindi magiging ganap ang takbo ng pamilihan kung wala ang prodyuser. Sila ang nagtutustos at bumubuo ng mga produkto at serbisyo sa pamilihan. Kung ang pag-aaral ng *demand* ay nakatuon sa mga mamimili. Ang aralin namang ito ay nakatuon sa *supply*, mga produkto, at serbisyo.

Tulad ng naging pagtalakay sa aralin tungkol sa *demand*, tutuklasin natin ang ugnayan ng presyo at *supply* gamit ang tatlong pamamaraan sa pagtuturo ng ekonomiks. Magsasagawa rin ng mga kasanayan ukol sa mga salik na nakaaapekto sa *supply*. Inaasahan na ikaw ay mahihikayat na pagyamanin ang iyong kaalaman at maunawaan kung paanong ang konsepto ng *supply* ay makatutulong sa matalinong pagdedesisyon ng prodyuser tungo sa pambansang kaunlaran.

## ARALIN 3: SUPPLY


### ALAMIN

Sa bahaging ito ng aralin, pagtutuunan ng pansin ang mga prodyuser. Sa pag-aaral ng *supply*, malalaman natin ang kahandaan at kakayahan ng mga prodyuser upang matugunan ang kagustuhan at pangangailangan ng mga konsyumer. Tutuklasin mo ang mga salik na nakaaapekto rito at kung paano ito nagbabago dahil sa presyo at iba pang salik. May iba't ibang mga gawain na inihanda na tataya sa iyong kaalaman. Inaasahang mahihikayat kang mapagyaman ang iyong kaalaman at maunawaan ang kahalagahan ng *supply* sa interaksyon ng konsyumer at prodyuser tungo sa pambansang kaunlaran.



**Gawain 1: THREE PICS: ONE WORD**

Kompletuhin ang *word puzzle* ng bawat susuriing larawan. Matapos nito ay pag-ugnay-ugnayin ang inilalahad ng bawat larawan upang mabuo ang hinihinging konsepto. Pumili ng mga letra upang mabuo ang salita o konsepto.



(KONSEPTO)

--	--	--	--	--	--

U	N	G	P	E	L
Y	P	A	B	S	M

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano-ano ang salitang nabuo mula sa mga larawan?
2. Anong konsepto ang mabubuo mo batay sa mga larawan?
3. Paano mo maiuugnay ang mabubuonong konsepto sa mga prodyuser?

## Gawain 2 : GO NEGOSYO!

Suriin ang pag-uusap ng dalawang prodyuser at sagutin ang pamprosesong tanong sa ibaba.

Ang presyong semento ay tumaas sa nakalipas na tatlong buwan at mukhang magpapatuloy pa ang pagtaas nito sa susunod na taon.

Sa palagay mo dapat ba tayong magdagdag ng produksiyon?



Sa palagay ko, iyan ang pinakamatalinong desisyon!

Sapat pa naman ang ating mga salik ng produksiyon kung magtataas tayo ng *output*.

### Pamprosesong Tanong:


1. Tungkol saan ang paksang pinag-uusapan ng dalawang prodyuser?
2. Batay sa usapan, ano ang reaksiyon ng isang prodyuser kapag tumataas ang presyo?
3. Sa iyong hinuha, ano ang relasyon ng pagtaas ng presyo ng mga produkto sa pagdagdag ng produksiyon?

Sa susunod na bahagi ay sasagutan mo ang *graph* ng kaalaman upang inisyal na masukat ang iyong nalalaman tungkol sa konsepto ng *supply*.

## Gawain 3: KNOWLEDGE ARROW

Simulan mo ang paglilinang ng iyong kaalaman sa araling ito sa pamamagitan ng pagsagot ng tanong na nasa loob ng kahon na nasa susunod na pahina. Isulat mo sa bahaging “simula” ang iyong sagot. Samantala, ang bahaging “gitna” at “katapusan” ay sasagutan mo sa iba pang bahagi ng araling ito.

Paano makatutulong ang konsepto ng *supply* sa matalinong pagdedesisyon ng prodyuser tungo sa pambansang kaunlaran?



## PAUNLARIN

Sa bahaging ito ay matututuhan at mauunawaan mo ang mahahalagang impormasyon at kaisipan ukol sa konsepto ng *supply*, ugnayan ng presyo at dami ng *supply*, at mga salik na nakaiimpluwensiya rito. Inaasahang magkakaroon ka ng kaalaman tungkol sa gawi at pagpapasya ng mga prodyuser sa mga pagbabago ng salik na nakaapekto sa *supply*. Simulan na ang paglinang!

### ANG KONSEPTO NG SUPPLY

Bilang tugon sa maraming pangangailangan ng tao, nabibigyan ng pagkakataon ang mga prodyuser na lumikha ng mga produkto at magkaloob ng serbisyo upang kumita. Ang *supply* ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser sa iba't ibang presyo sa isang takdang panahon.

#### Batas ng Supply

Isinasaad ng Batas ng Supply na mayroong direkta o positibong ugnayan ang presyo sa *quantity supplied* ng isang produkto. Kapag tumataas ang presyo, tumataas din ang dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili. Kapag bumababa ang presyo, bumababa rin ang dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili (*ceteris paribus*).

Ayon sa Batas ng Supply, sa tuwing ang mga prodyuser ay magdedesisyon na magprodyus ng produkto o magkaloob ng serbisyo, ang presyo ang kanilang pangunahing pinagbabatayan. Ipinapakita ng batas na ito na ang presyo ng produkto

o serbisyo sa pamilihan ang pangunahing batayan ng prodyuser sa paglikha. Dahil dito, higit ang kanilang pagnanais na magbenta nang marami kapag mataas ang presyo.

### Supply Schedule

Higit na mauunawaan ang konsepto ng *supply* sa pamamagitan ng *supply schedule*. Ang *supply schedule* ay isang talaan na nagpapakita ng dami ng kaya at gustong ipagbili ng mga prodyuser sa iba't ibang presyo. Makikita sa ibaba ang *supply schedule*.


#### Supply Schedule ng Kendi

Presyo (piso bawat piraso)	Quantity Supplied
Php5	50
4	40
3	30
2	20
1	10
0	0

Ang iskedyul na makikita sa talahanayan ay tumutukoy sa *quantity supplied* para sa kendi sa iba't ibang presyo. Halimbawa, sa halagang piso (Php1.00) bawat piraso ng kendi, sampu (10) lamang ang dami ng handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser. Sa presyong (Php2.00) bawat piraso, dalawampung (20) piraso naman ang handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser. Kung tataas pa ang presyo at maging limang piso (Php5.00) bawat piraso ang kendi, kapansin-pansing magiging 50 ang magiging *supply* para dito. Malinaw na ipinapakita ang direktang ugnayan ng presyo at *quantity supplied* ng kendi para sa prodyuser.


Maliban sa *supply schedule*, maipakikita rin ang ugnayan ng presyo sa *quantity supplied* sa pamamagitan ng isang dayagram o *graph*, ito ay tinatawag na *supply curve*. Ito ay isang grapikong paglalarawan ng ugnayan ng presyo at *quantity supplied*.

### Supply Curve



Ang *graph* sa itaas ay batay sa *supply schedule* na nasa talahanayan. Kung ilalapat sa *graph* ang iba't ibang kombinasyon ng mga presyo at *quantity supplied* ay mabubuo ang *supply curve* para dito. Halimbawa, sa punto B ang presyo ay piso (Php1), sampu (10) ang dami ng kendi na gusto at handang ipagbili ng prodyuser; sa punto C na ang presyo ay dalawang piso (Php2), dalawampu (20) ang dami ng kendi na gusto at handang ipagbili ng prodyuser. Kung tutuntunin ang mga puntong ito hanggang punto F ay makabubuo ng isang kurbang pataas o *upward sloping curve*. Ang kurbang ito ay nagpapakita ng direktang ugnayan sa pagitan ng presyo at sa dami ng gusto at handang ipagbili ng mga mamimili. Ang paggalaw sa kurba mula punto B papunta ng punto C ay nagpapakita sa pagtaas ng *supply* ng sampung (10) piraso ng kendi. Kapag ang presyo naman ay bumaba ng piso makikita sa *graph* na bumababa ang *quantity supplied* sa sampung (10) piraso.

### Paggalaw sa Supply Curve o Movement Along the Supply Curve



Ipinapakita sa *graph* sa itaas ang paggalaw sa *supply curve*. Mangyayari ang paggalaw sa *supply curve* kung ang salik na nakaaapekto ay ang sariling presyo ng produkto na nagbabago. Kung ang presyo ng kendi ay tumaas mula Php1 tungong Php2, makikita sa *graph* na lilipat ang punto B sa punto C. Kung bababa naman ang presyo mula Php5 tungong Php4, ang punto F ay lilipat sa punto E.

### Supply Function

Ang isa pang paraan ng pagpapakita ng ugnayan ng presyo at *quantity supplied* ay sa pamamagitan ng *supply function*. Ang *supply function* ay ang matematikong pagpapakita ng ugnayan ng presyo at *quantity supplied*. Maaari itong ipakita sa *equation* sa ibaba:

$$Q_s = f(P)$$

Ang  $Q_s$  o *quantity supplied* ang tumatayong *dependent variable*, at ang presyo (P) naman ang *independent variable*. Ibig sabihin, nakabatay ang  $Q_s$  sa pagbabago ng presyo. Ang presyo ang nakapagpapabago sa dami ng handa at kayang ipagbili ng

mga prodyuser. Isa pang paraan ng pagpapakita ng *supply function* ay sa *equation* na:

$$Q_s = c + bP$$

**Kung saan:**

**Q<sub>s</sub>**= dami ng supply

**P** = presyo

**c** = intercept (ang bilang ng Q<sub>s</sub> kung ang presyo ay 0)

$$d = \text{slope} = \frac{\Delta Q_s}{\Delta P}$$

Nagsasaad kung ang relasyon ng P at Q<sub>s</sub> ay *positive* o *negative*. Nagpapakita ang *slope* ng pagbabago sa dami ng *supply* sa bawat pisong pagbabago sa presyo.

Upang mapatunayan na ang datos sa *supply schedule* sa itaas at ang *supply function* ay iisa, suriin at pag-aralan ang kompyutasyon sa ibaba:

Supply Function mula sa Supply Schedule para sa kendi: **Q<sub>s</sub> = 0 + 10P**.

Kapag ang P = 1 Q<sub>s</sub>= ? Kapag ang P = 10 Q<sub>s</sub>=?

$$Q_s = 0 + 10P$$

$$Q_s = 0 + 10(1)$$

$$Q_s = 0 + 10$$

$$Q_s = 10 \text{ piraso}$$

$$Q_s = 0 + 10P$$

$$Q_s = 0 + 10(5)$$

$$Q_s = 0 + 50$$

$$Q_s = 50 \text{ piraso}$$

Gamit ang *supply function* ay makukuha ang dami ng *quantity supplied* kung may *given* na presyo. I-substitute ang presyo na piso sa *variable* na P at i-multiply ito sa *slope* +10, ang makukuhang sagot ay idadagdag sa 0 (*intercept*). Mula dito ay makukuha ang sagot na 10 na *quantity supplied*. Sa ikalawang halimbawa, ang presyo na 5 ay i-multiply sa 10. Ang naging *quantity supplied* ay 50.

**Gawain 4: I- GRAPH MO!**

Ilipat sa *graph* ang mga punto na makikita sa *supply schedule* sa kaliwa upang mabuo ang *supply curve*.

Presyo (Php) Bawat Piraso	Quantity Supplied													
10	50													
15	100													
20	150													
25	200													
30	250													





**B. Supply Function:  $Q_s = -100 + 20P$**

Presyo (Php)	Qs
5	
	100
15	
	300
25	

**Gawain 7: MAG-LEVEL-UP KA!**

Lagyan ng (✓) ang tapat ng kolum na sang-ayon kung naniniwala ka na tama ang pahayag ukol sa konsepto ng *supply* at ang (✓) sa tapat ng kolum kung hindi sang-ayon.

Pahayag	Sang-ayon	Di-sang ayon
1. Ang <i>supply</i> ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser sa takdang presyo at panahon.		
2. Ang ugnayan ng presyo at <i>quantity supplied</i> ay maaring ipakita gamit ang <i>supply schedule</i> , <i>supply curve</i> , at <i>supply function</i> .		
3. Ayon sa Batas ng Supply, ang presyo at <i>quantity supplied</i> ay may di-tuwirang relasyon.		
4. Ang <i>slope</i> ng <i>supply function</i> ang nagtatakda kung ang ugnayan ng presyo at <i>supply</i> ay positibo o negatibo.		
5. Ang <i>ceteris paribus assumption</i> ay nagsasaad na ang ugnayan ng presyo at <i>supply</i> ay may magkasalungat na relasyon.		

## Iba pang mga Salik na Nakaaapekto sa Supply

Maliban sa presyo, may iba pang salik na nakaaapekto sa *supply*. Ang pagsusuri ng mga salik na ito ay mahalagang malaman upang higit na maging matalino sa paggawa ng desisyon ang mga prodyuser.

### (1) Pagbabago sa Teknolohiya

Karaniwan na ang modernong teknolohiya ay nakatutulong sa mga prodyuser na makabuo ng mas maraming *supply* ng produkto. Dahil dito, maaaring bumaba ang halaga ng produksiyon na lalong hihikayat sa mga prodyuser na dagdagan ang kanilang *supply*.

### (2) Pagbabago sa Halaga ng mga Salik Produksiyon

Ang paggawa ng produkto ay nangangailangan ng iba't ibang salik gaya ng lupa, paggawa, kapital, at *entrepreneurship*. Sa bawat pagtaas ng presyo ng alinmang salik, mangangahulugan ito ng pagtaas sa kabuuang gastos ng produksiyon kaya maaaring bumaba ang dami ng mga produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser. Sa kabilang banda, ang pagbaba ng presyo ng alinmang salik ay magdudulot din ng pagbaba ng kabuuang gastos sa produksiyon kaya't inaasahan ang pagdami ng *supply*.

### (3) Pagbabago sa Bilang ng mga nagtitinda

Ang salik na ito ay maihahalintulad din sa *bandwagon effect sa demand*. Kung ano ang mga nauusong produkto ay nahihikayat ang mga prodyuser ng mag prodyus at magtinda nito. Halimbawa, dahil nauuso ang pagtitinda ng *siomao*, *milkshake* at *toasted siopao*, mas marami ang nahihikayat na magtinda ng kaparehong produkto.

### (4) Pagbabago sa Presyo ng kaugnay na produkto


Ang mga pagbabago sa presyo ng isang produkto ay nakaaapekto sa *quantity supplied* ng mga produktong kaugnay nito. Halimbawa, ang magsasaka ay nagtatanim ng palay at mais. Sa panahon na mas mataas ang presyo ng mais, magaganyak siyang gamitin ang kabuuang lupa bilang taniman ng mais. Ito ay magdudulot ng pagbaba sa *supply* ng bigas at pagtaas ng *supply* ng mais.

### (5) Ekspektasyon ng Presyo

Kung inaasahan ng mga prodyuser na tataas ang presyo ng kanilang produkto sa madaling panahon, may mga magtatago ng produkto upang maibenta ito sa mas mataas na presyo sa hinaharap. Ang kondisyong ito ay tinatawag na *hoarding* na nagbubunga ng pagbaba ng *supply* sa pamilihan.

Halimbawa, may paparating na bagyo na tatama sa Gitnang Luzon na isa sa mga pinagmumulan ng *supply* ng bigas sa bansa. May ilang mapagsamantalang negosyante na magtatago ng kanilang *supply* dahil sa inaasahang pagtaas sa presyo ng produkto. Kapag nangyari na ang inaasahang pagtaas ng presyo ng bigas, muli nilang ilalabas sa pamilihan ang mga itinagong bigas.

## Ang Paglipat ng Supply Curve o Shifting of the Supply Curve



Ang *graph* sa itaas ay nagpapakita ng paglipat ng kurba ng *supply*. Ang pagtaas ng *supply* ay makapagdudulot ng paglipat ng kurba ng *supply* sa kanan. Mangyayari ang paglipat ng kurba ng *supply* sa kanan kung ang mga pagbabago ng salik na hindi presyo ay nakapagdudulot ng pagtaas ng *supply*. Ang pagbaba ng *supply* ay makapagdudulot ng paglipat ng kurba ng *supply* sa kaliwa. Mangyayari ang paglipat ng *supply* sa kaliwa kung ang mga pagbabago ng salik na hindi presyo ay nakapagdudulot ng pagbaba ng *supply*.

### Matalinong Pagpapasya sa Pagtugon sa mga Pagbabago ng mga Salik na Nakaaapekto sa Supply


Ang mga pagbabago sa salik ng *supply* ay may epekto sa magiging kahihinatnan ng negosyo. Dapat alam ng prodyuser kung papano tutugon sa pagbabago ng mga naturang salik.

1. Ang pagtaas ng gastusin sa produksiyon ay nagreresulta sa pagtaas ng presyo ng produkto. Hahantong naman ito sa pagbaba ng *demand*. Ang pagtaas ng gastos ng produksiyon ay matutugunan sa pamamagitan ng *efficient* na pamamaraan. Ibig sabihin sa kakaunting salik na gagamitin ay makabubuo ng maraming produkto.
2. Ang pagpasok sa negosyo ay malaking pakikipagsapalaran. Upang maging matagumpay, kailangang pagtuunan ng masusing pag-aaral ang pamamalakad nito. Malaki ang maitutulong ng paghingi ng payo sa mga eksperto upang maging matatag ang negosyo.
3. Ang pagkakaroon ng sapat na kahandaan sa anumang balakid sa negosyo ay napakahalaga. Dapat maging handa sa anumang inaasahang balakid tulad ng natural na kalamidad at krisis sa ekonomiya upang hindi maapektuhan ang produksiyon.

4. Iwasan ang pagsasamantala lalo na sa panahon ng kagipitan o kakulangan. Ito ay lalo lamang magpapalala ng sitwasyon. Dapat isipin ng mga negosyante ang kapakanan ng nakararami lalo na ng mga konsyumer na hindi kayang abutin ang mataas na presyo.

### Gawain 8: GRAPHIC ORGANIZER

Isulat sa loob ng kahon ang angkop na salik upang mabuo ang *organizer*.



### Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang dalawang pangunahing salik na nakaiimpluwensiya sa *supply*?
2. Bukod sa sariling presyo, ano-ano pa ang mga salik na nakaaapekto sa *supply*?
3. Paano nakaiimpluwensiya ang mga pagbabago sa salik ng *supply* sa desisyon ng mga prodyuser ukol sa dami na gagawing produkto?






### Gawain 9: ARROW 'IKA MO?




Suriin ang mga sitwasyon sa ibaba. Lagyan ng **R** ang patlang kung lilipat pa kanan ang *supply curve* at **L** kung sa kaliwa naman.

- \_\_\_\_\_ 1. Hindi muna ibinenta ni Aling Nery ang kaniyang panindang bawang ngayon sa pag- aakalang tataas pa ang presyo nito sa susunod na linggo.
- \_\_\_\_\_ 2. Nagpalit ng bagong modelo at mas malaking kalan si Tita Bernice para sa kaniyang karinderya.
- \_\_\_\_\_ 3. Mabili ang mga produkto mula sa ukay-ukay kaya nagdesisyon ang magkaibigang Fe at Mina na pasukin na rin ang negosyo.
- \_\_\_\_\_ 4. Bumibili si Tito Francisco ng tatlong rolyo ng balat ng hayop upang gawing sapatos. Tumaas ang presyo kada rolyo ng balat ng hayop mula sa dating Php6,000 at umabot na ngayon ng Php9,000 kada rolyo.
- \_\_\_\_\_ 5. Malakas na negosyo ngayon ang pagtitinda ng malunggay pandesal sa pamilihan, kaya si Mang Roel ay nahikayat na magbenta ng nasabing produkto.

**Gawain: 10 EX-BOX (Explain Inside the Box)**

Ipakita sa pamamagitan ng *graph* ang naging epekto ng pagbabago ng mga salik sa *supply* ng isang produkto. Iguhit ang *supply curve* na lumipat sa kanan kung dumami ang *supply* at iguhit naman ang kurba na lumipat sa kaliwa kung ito ay bumaba. Lagyan ito ng *arrow* kung saan ang direksyon ng pagbabago. Ilagay ang paliwanag sa kolum na inilaan para rito.

Produkto	Sitwasyon	Graph	Paliwanag
1. Palay	Karagdagang subsidiya ng pamahalaan para sa mga magsasaka		
2. Sapatos	Pagtaas ng presyo ng balat na gamit sa paggawa ng sapatos		
3. Asukal	Inaasahan ng mga nagbebenta ng asukal na tatas ang presyo nito sa susunod na linggo.		
4. Tilapia at Bangus	Makabagong teknolohiya sa pagpaparami ng tilapia at bangus		
5. Manufactured goods	Pagtaas ng presyo ng salik sa paggawa ng <i>manufactured goods</i>		

<p><b>6. Patis at Toyo</b></p>	<p>Inaasahan ng mga prodyuser na bababa ang presyo ng patis at toyo sa susunod na linggo.</p>	 <p>A graph showing a linear supply curve labeled 'S' on a coordinate system with a vertical axis 'P' and a horizontal axis 'Qs'.</p>	
<p><b>7. Bigas</b></p>	<p>Makalumang pamamaraan ng pagtanim ng palay ang sinusunod ng nakararaming magsasaka sa bansa.</p>	 <p>A graph showing a linear supply curve labeled 'S' on a coordinate system with a vertical axis 'P' and a horizontal axis 'Qs'.</p>	
<p><b>8. Produktong Agrikultural</b></p>	<p>Sunod-sunod na kalamidad tulad ng bagyo at banta ng El Niño.</p>	 <p>A graph showing a linear supply curve labeled 'S' on a coordinate system with a vertical axis 'P' and a horizontal axis 'Qs'.</p>	

### Matalinong Pagpapasya sa Pagtugon sa mga Pagbabago ng mga Salik na Nakaaapekto sa Supply

Ang mga pagbabago sa salik ng *supply* ay may epekto sa kahihinatnan ng negosyo. Alam dapat ng prodyuser kung papano tutugon sa pagbabago ng mga naturang salik.

1. Ang pagtaas ng gastusin sa produksiyon ay nagbubunga ng pagtaas sa presyo ng produkto. Hahantong naman ito sa pagbaba ng *demand* ng mamimili. Ang pagtaas ng gastos sa produksiyon ay matutugunan sa pamamagitan ng *efficient* na pamamaraan. Ibig sabihin, sa kakaunting salik na gagamitin ay makabubuo ng maraming produkto.
2. Ang pagpasok sa negosyo ay malaking pakikipagsapalaran. Upang maging matagumpay, kailangang pagtuunan ng masusing pag-aaral ang pamamalakad nito. Malaki ang maitutulong ng paghinggi ng payo sa mga eksperto upang maging matatag ang negosyo.
3. Ang pagkakaroon ng sapat na kahandaan sa anumang balakid sa negosyo ay napakahalaga. Dapat maging handa sa anumang inaasahang balakid tulad ng kalamidad at krisis sa ekonomiya upang hindi maapektuhan ang produksiyon.
4. Iwasan ang pagsasamantala lalo na sa panahon ng kagipitan. Ito ay lalo lamang magpapalala ng sitwasyon.

## Gawain 11: ANO ANG DESISYON MO?

Suriin ang mga sitwasyon sa bawat bilang. Isulat at ipaliwanag sa patlang sa ibaba ang iyong desisyon.

1. Mayroon kang sari-sari *store* at marami kang nakatabing *de lata* na nabili mo lamang nang mura. Makalipas ang ilang araw, tumaas ang presyo nito. Ano ang gagawin mo?

---

---

2. Tumataas ang gastos sa produksiyon dulot ng pagtaas ng halaga ng mga materyales. Hindi ka makapagtaas ng presyo sapagkat baka marami ang hindi na bumili sa iyo. Ano ang dapat mong gawin?

---

---

3. Maraming balakid na kakaharapin ang iyong negosyo. Ilan dito ang banta ng kalamidad at krisis sa kabuhayan at sa ekonomiya. Paano mo mapatatatag ang iyong negosyo?

---

---

Pangunahing layunin ng bawat prodyuser ang kumita mula sa kanilang negosyo. Kinakailangan ng prodyuser ang matalinong pagtugon sa bawat pagbabago ng salik ng *supply* upang makamit ang layunin nito. Ngunit higit sa layunin na kumita, dapat na maging mapanagutan ang prodyuser sa mga desisyon na ginagawa nito lalo sa mga sitwasyong maaapektuhan ang maraming mamimili.

### PRICE ELASTICITY OF SUPPLY

Malaki ang epekto ng pagbabago sa presyo ng mga produkto sa *quantity supplied* ng prodyuser. Ang wastong pagtugon sa bahagdan ng pagbabago ng presyo ay makatutulong sa mga prodyuser upang makaagapay sa naging pagbabago nang sa gayon ay makuha ang ninanais na kita. Ang pagsukat kung gaano ang pagtugon ng prodyuser sa bahagdan ng pagbabago ng presyo ay may kinalaman sa konsepto ng Price Elasticity of Supply.

Ang *price elasticity of supply* ay ang paraan na ginagamit upang masukat ang magiging pagtugon ng *quantity supplied* ng mga prodyuser sa tuwing may pagbabago sa presyo nito.

Nalalaman ang tugon ng prodyuser sa tuwing may pagbabago sa presyo ng mga produkto at serbisyo gamit ang *formula* na nasa susunod na pahina.



$$\epsilon_s = \frac{\% \Delta Q_s}{\% \Delta P}$$

Ang bahagdan ng pagbabago sa *quantity supplied* (QS) o  $\% \Delta Q_s$  ang tumatayang *dependent variable*, at ang bahagdan sa pagbabago sa presyo o  $\% \Delta P$  naman ang *independent variable*. Ang *price elasticity of supply* ( $\epsilon_s$ ) ay palaging positibo dahil ang Qd ay may direktang (*direct*) relasyon sa presyo. Hindi na gagamit pa ng *absolute value* sa *price elasticity of supply* sapagkat ang sagot dito ay palagi nang positibo.

Gamit ang *mid-point formula* ang  $\% \Delta Q_s$  at ang  $\% \Delta P$  ay makukuha sa pamamaraang:

$$\epsilon_s = \frac{\% \Delta Q_s}{\% \Delta P}$$

$$= \frac{\% \Delta Q_s}{\frac{Q_2 - Q_1}{\frac{Q_1 + Q_2}{2}} \times 100} = \frac{\% \Delta P}{\frac{P_2 - P_1}{\frac{P_1 + P_2}{2}} \times 100}$$

Halimbawa:

$$Q_1 = 100$$

$$Q_2 = 150$$

$$\% \Delta Q_s$$

$$= \frac{150 - 100}{\frac{100 + 150}{2}} \times 100$$

$$= \frac{50}{\frac{250}{2}} \times 100$$

$$= \frac{50}{125} \times 100$$

$$\% \Delta Q_s = 40\%$$

$$P_1 = 30$$

$$P_2 = 40$$

$$\% \Delta P$$

$$= \frac{40 - 30}{\frac{30 + 40}{2}} \times 100$$

$$= \frac{10}{\frac{70}{2}} \times 100$$

$$= \frac{10}{35} \times 100$$

$$\% \Delta P = -28.57\%$$

$$\epsilon_s = \frac{\% \Delta Q_d}{\% \Delta P} = \frac{40\%}{28.57\%} = 1.4$$

Sundan lamang ang *mid-point formula* upang makuha ang sagot. Ang unang ikompyut ay ang  $\% \Delta Q_s$ , Alamin mula sa *given* kung alin ang Q1 at Q2 at gamitin na ang *formula* rito. Pagkatapos ay kunin din ang  $\% \Delta P$ , alamin kung alin ang P1 at P2 at gamitin na ang *formula* nito. Ang sagot sa  $\% \Delta Q_s$  ay i-divide sa nakuhang  $\% \Delta P$  para makuha na ang *coefficient* ng *elasticity*.

Sa bawat isang bahagdan ng pagtaas ng presyo, may mga sitwasyon na mas malaki sa isang bahagdan ng pagbabago ng *quantity supplied*. Ibig sabihin, hindi gaanong nakatutugon ang mga prodyuser sa naging pagbabago sa pamilihan ng produktong kanilang ibinebenta. Sa kabilang banda, may mga pagkakataon naman na mas maliit sa isang bahagdan ng pagbabago ng *quantity supplied* ng mga prodyuser. Ibig sabihin, sa pagbabago ng presyo ay madaling nakatutugon ang mga prodyuser sa pagbabago ng presyo.

Kaugnay nito, tunghayan ang talahanayan sa ibaba upang maunawaan ang iba't ibang uri ng *price elasticity of supply*.

### URI NG PRICE ELASTICITY OF SUPPLY

URI NG ELASTISIDAD	KAHULUGAN	HALIMBAWA NG PRODUKTO
<p><b>1. Elastic</b></p> <p><math>\% \Delta Q_s &gt; \% \Delta P</math></p> <p><math>\epsilon_s &gt; 1</math></p>	<p>Ang <i>supply</i> ay masasabing <i>price elastic</i> kapag mas malaki ang naging bahagdan ng pagbabagong <i>quantity supplied</i> kaysa sa bahagdan ng pagbabago ng presyo. Ibig sabihin, mas madaling nakatutugon ang mga prodyuser na magbago ng <i>quantity supplied</i> sa maikling panahon.</p>	<p>Halimbawa nito ay mga <i>manufactured goods</i> tulad ng tela, damit, sapatos, <i>appliances</i> at marami pang iba. Kapag tumaas ang presyo, mas mabilis na nakagagawa ng produkto ang mga prodyuser.</p>
<p><b>2. Inelastic</b></p> <p><math>\% \Delta Q_s &lt; \% \Delta P</math></p> <p><math>\epsilon_s &lt; 1</math></p>	<p>Ang <i>supply</i> ay masasabing <i>price inelastic</i> kapag mas maliit ang naging bahagdan ng pagtugon ng <i>quantity supplied</i> kaysa sa bahagdan ng pagbabago ng presyo. Samakatwid, anumang bahagdan ng pagbabago sa presyo ay magdudulot ng mas maliit na bahagdan ng pagbabago sa <i>quantity supplied</i>. Mahabang panahon pa ang kakailanganin ng mga <i>supplier</i> upang makatugon sa pagbabago ng <i>demand</i>.</p>	<p>Isang halimbawa nito ay ang mga nagmamay-aring mga <i>resort</i>. Hindi kaagad m a k a p a g d a d a g d a g ng <i>supply</i> ng kuwarta o kaya ay <i>swimming pool</i> kahit tumaas ang bayad o renta sa mga ito. Mangangailangan ng matagal na panahon ang <i>resort owners</i> bago makatugon sa pagbabago ng bayad o renta.</p>
<p><b>3. Unitary o Unit Elastic</b></p> <p><math>\% \Delta Q_s = \% \Delta P</math></p> <p><math>\epsilon_s = 1</math></p>	<p>Pareho ang bahagdan ng pagbabago ng presyo sa bahagdan ng pagbabago ng <i>quantity supply</i>.</p>	<p>Walang tiyak na halimbawa ang <i>supply</i> na <i>unit elastic</i>.</p>

### Gawain 12: TRIPLE MATCH!

Punan ng tamang kasagutan ang dalawang kolum upang mabuo ang talahanayan.

Digri ng Elastisidad	Mathematical Statement	Coefficient
1. Elastic		
2. Inelastic		
3. Unitary		

### Pamprosesong Tanong:

1. Bakit kaya hindi pare-pareho ang pagtugon ng mga prodyuser sa pagbabago ng presyo ng mga produktong kanilang ibinebenta?
2. Bakit palaging positibo ang *coefficient* ng *price elasticity of supply*?
3. Ano ang kahalagahan ng konsepto ng *price elasticity of supply* para sa mga prodyuser?

### Gawain 13: MAG-COMPUTE TAYO!

Suriin ang sitwasyon na nasa ibaba. Gamit ang *formula* ay kompyutin ang *price elasticity of supply*.

A. Sa ibaba ay ang iskedyul ng *supply* ng Malusog Company para sa gatas.

Presyo kada bote ng gatas	Quantity Supplied
Php25	1 000
Php40	800

Ipagpalagay na tumaas ang presyo kada bote ng gatas mula Php25 at ngayon ay naging Php40 na.

1. Gamit ang *formula*, kompyutin ang *price elasticity of supply* gamit ang presyo at *quantity supplied* na nasa taas.
2. Batay sa iyong kompyutasyon, anong uri ng *price elasticity* ang *supply* ng gatas?

B. Kompyutin ang *price elasticity of supply* at tukuyin ang uri ng *elasticity*.

P1 – 10

P2 – 15


Q1 – 200

Q2 – 220

#### Gawain 14: KNOWLEDGE ARROW

Isulat sa bahaging gitna ng *graph* ang sagot sa tanong na nasa loob ng kahon.

Paano makatutulong ang mga konsepto ng *supply* sa matalinong pagdedesisyon ng may-ari ng prodyuser tungo sa pambansang kaunlaran?




Matapos mong mapalalim ang iyong kaalaman ukol sa *supply* at elasticidad ng *supply*, maaari ka nang pumunta sa susunod na bahagi ng modyul. Ihanda mo ang iyong sarili para sa mas malalim na pag-unawa ng konsepto ng *supply*.

#### PAGNILAYAN

Tinalakay sa nakaraang aralin ang tungkol sa *supply* at ang mga konseptong kaugnay nito. Nagkaroon ka ng kaalaman kung paano nakaiimpluwensiya ang mga salik ng *supply* at ang konsepto ng elasticidad sa magiging desisyon ng prodyuser sa dami ng produktong gagawin. Ngayon naman ay maipakikita mo ang epekto ng pagbabago ng *supply* sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kinakailangan ang mas malalim na pagtalakay upang maihanda ang iyong sarili sa pagsasabuhay ng iyong mga natutuhan.

#### Gawain 15: ISYU-RI

Suriin ang ipinahihiwatig ng *editorial cartoon*. Punan ng angkop na kaisipan ang *matrix* sa susunod na pahina para sa pagsusuri ng isyu.



Pinagkunan: arlenepasajecartoons.blogspot.com Retrieved on: November 21, 2014

Narito ang *matrix* na gagamitin sa pagpapaliwanag ng isyung ipinahahayag sa *editorial cartoon*. Isulat ang sagot sa katapat ng kahon.

Ano ang suliranin?	
Ano ang mga epekto?	
Ano ang sanhi?	
Ano ang posibleng solusyon?	

**Pamprosesong Tanong:**


1. Ano ang isyung ipinahihiwatig ng *editorial cartoon*?
2. Sa iyong palagay, ano ang pananaw ng may gawa ng *cartoon*? ipaliwanag.
3. Ano kaya ang pangunahing dahilan ng patuloy na pagtaas ng halaga ng koryente sa ating bansa? May kinalaman kaya ito sa pinagkukunan ng *supply* ng koryente?
4. Papaano nakaaapeko ang kakapusan sa *supply* ng koryente sa pagtaas ng presyo nito?

Ngayong may sapat ka nang kaalaman tungkol sa mga konsepto ng *supply* at iba't ibang salik nito ay maaari mo ng sagutan at punan ng buo ang *knowledge arrow*.

**Gawain 16: KNOWLEDGE ARROW**

Isulat sa bahaging katapusan ng *graph* ang sagot sa tanong na nasa loob ng kahon.

Paano ang *supply* at mga konsepto nito ay makatutulong sa matalinong pagdedesisyon ng bahay-kalakal tungo sa pambansang kaunlaran?



### Gawain 17: NEGOSYANTENG TAPAT!

Bumuo ng isang islogan na may temang “Ang Mapanagutang Prodyuser”. Bigyang-puna ang pagmamarka ng islogan. Ilagay ito sa isang buong kartolina na kahit anong kulay.

#### Rubrik sa Pagmamarka ng Islogan

PAMANTAYAN	DESKRIPSYON	PUNTOS	NAKUHANG PUNTOS
<b>NILALAMAN</b>	Mayaman sa katuturan ukol sa paksang “Mapanagutang Prodyuser” at mapanghikayat sa mambabasa ang islogan na ginawa	<b>10</b>	
<b>MALIKHAING PAGSULAT</b>	Gumamit ng mga angkop na salita at estratehiya sa pagsulat ng tugma, metapora, at patudyong salita upang maging kaaya-aya ang islogan	<b>10</b>	
<b>TEMA</b>	Angkop ang islogan sa tema na “Mapanagutang Prodyuser”	<b>10</b>	
<b>KABUUANG PUNTOS</b>		<b>30</b>	

**MAHUSAY!** Napagtagumpayan mo nang isagawa ang mga iniatang na gawain!

#### Transisyon sa Susunod na Aralin

Inilahad sa unang aralin ang tungkol sa gawi at desisyon ng mga mamimili na naipakita sa konsepto ng *demand*. Sa ikalawang aralin naman ay tampok ang gawi at desisyon ng mga prodyuser na naipakita sa konsepto ng *supply*. Tinalakay natin ang dalawang konsepto nang magkahiwalay. Sa iyong palagay, maaari kaya nating pagsamahin ang dalawang konseptong ito? Ano kaya ang mabubuo kapag nagkaroon ng interaksyon ang *supply* at *demand*?

Sa susunod na aralin ay tatalakayin ang interaksyon ng *supply* at *demand*. Sa paksang ito ay maiintindihan mo kung papaano maaaring magbago ang presyo ng mga bilingin sa isang pampamilihang ekonomiya. Kaya, ano pa ang hinihintay mo? Simulan mo na.

## PANIMULA

Tinalakay sa mga nakaraang aralin ang kahulugan at kahalagahan ng *demand* at *supply* sa pang-araw-araw na pamumuhay. Matatandaang may *inverse* o magkasalungat na ugnayan ang presyo at *demand*. Ang dami ng *demand* ay mababa kung ang presyo nito ay mataas; at tataas ang dami ng *demand* kung ang presyo nito ay mababa. Sa kabilang banda, maaalalang may positibong ugnayan ang presyo at *supply*. Ang pagtaas ng presyo ay nakahihimok sa mga prodyuser na magdagdag ng dami ng *supply*; at ang pagbaba ng presyo ay nangangahulugan din ng pagbaba ng dami ng produkto at serbisyo na handang gawin ng mga ito.

Kaya sa araling ito, pagsasamahin natin ang dalawang konseptong ito. Makikita mo ang interaksyon ng *demand* at *supply* bilang isang mahalagang salik sa pagtugon ng pangangailangan tungo sa pagtamo ng pambansang kaunlaran.

Sa iyong pagtahak sa landas ng kaalaman, ikaw ay haaharap sa mga teksto at mapanghamong gawain na sadyang pupukaw ng iyong interes at magdudulot sa iyo ng kaalaman.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahan na ikaw ay makapagpapaliwanag sa interaksyon ng *demand* at *supply* at paano nalalaman ang *equilibrium price* at *quantity*; makapagsusuri ng *shortage* at *surplus*; at makapagmumungkahi ng paraan ng pagtugon sa mga suliraning dulot ng *shortage* at *surplus*.

## ARALIN 4 INTERAKSIYON NG DEMAND AT SUPPLY

### ALAMIN

Ang mga gawain sa bahaging ito ay tutuklas sa iyong kaalaman tungkol sa interaksyon ng *demand* at *supply* at kung paanong ang interaksyon ng *demand* at *supply* ay nagiging batayan ng matalinong pagdedesisyon ng prodyuser at konsyumer tungo sa pambansang kaunlaran.

### Gawain 1: PAGSUSURI NG LARAWAN

Bumuo ng isang pangkat na may tig-tatlong mag-aaral. Suriin kung ano ang nakikita sa larawan. Sagutin ang mga pamprosesong tanong:

#### Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang ipinakikita sa larawan?
2. Naranasan mo na ba ang ipinapakita sa larawan? Ibahagi ang naging karanasan.
3. Ilarawan ang tungkulin o papel mo at ng iyong katransaksiyon gaya ng ipinakikita sa larawan.




Pinagkunan: [www.clipsahoy.com/webgraphics3/aw5144.htm](http://www.clipsahoy.com/webgraphics3/aw5144.htm) Retrieved on: November 21, 2014



## Gawain 2: RETWEET.... BARGAIN

Gamit ang *speech balloon* sa ibaba, magbahagi ng ilan sa iyong mga karanasan ukol sa pagbili ng produkto o serbisyo at pakikipagtawaran sa presyo ng mga ito.



### Pamprosesong Tanong:

1. Sa tingin mo, bakit pumayag ang prodyuser na ibigay ang produkto sa nais mong presyo at dami?
2. Bakit ka naman pumayag sa nais din niyang presyo at dami?

Sa susunod na bahagi ay sasagutan mo ang KWL *chart* upang inisyal na masukat ang iyong nalalaman tungkol sa interaksyon ng *demand* at *supply*.

## Gawain 3: 3-2-1 CHART!

Sa bahaging ito ay punan mo ang 3-2-1-Chart na nasa ibaba. Ang bahagi lamang ng 1-Chart ang iyong lalagyan ng kasagutan sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong na nasa kahon. Ito ay magsisilbing inisyal mong nalalaman tungkol sa paksa. Ang 3-2 Chart ay sasagutan mo lamang sa mga susunod na bahagi ng aralin.

Paanong ang interaksyon ng *demand* at *supply* ay nagiging batayan ng matalinong pagdedesisyon ng prodyuser at konsyumer tungo sa pambansang kaunlaran.

<b>3</b>	• FINAL IDEAS
<b>2</b>	• REVISED IDEAS
<b>1</b>	• INITIAL IDEAS

Matapos mong maorganisa ang iyong mga paunang kaalaman, ihanda ang iyong sarili para sa susunod na bahagi ng aralin upang higit mong maunawaan ng mas malalim ang konsepto ng interaksyon ng *demand* at *supply*.

## PAUNLARIN

Matapos mong malaman ang mga paunang impormasyon tungkol sa aralin, ngayon naman ay iyong lilinangin ang mga kaalamang ito sa tulong ng mga teksto at mga gawain na inihanda upang maging batayan mo ng impormasyon. Ang pinakatiyak na layunin ng bahaging ito ay matutuhan mo bilang mag-aaral ang mahahalagang ideya o konsepto tungkol sa interaksyon ng *demand* at *supply*. Mula sa mga inihandang gawain at teksto, inaasahang magagabayan ka sa pagsagot ng katanungan kung paanong ang interaksyon ng *demand* at *supply* ay nagiging batayan ng matalinong pagdedesisyon ng prodyuser at konsyumer tungo sa pambansang kaunlaran. Halina't umpisahan mo na!

### ANG EKWILIBRIYO SA PAMILIHAN

Ayon kay Nicholas Gregory Mankiw (2012) sa kaniyang aklat na *Essentials of Economics*, kapag nagaganap ang ekwilibriyo ay nagtatamo ng kasiyahan ang parehong konsyumer at prodyuser. Ang konsyumer ay nabibili ang kanilang nais at ang mga prodyuser naman ay nakapagbebenta ng kanilang mga produkto.

Ang ekwilibriyo ay isang kalagayan sa pamilihan na ang dami ng handa at kayang bilhing produkto o serbisyo ng mga konsyumer at ang handa at kayang ipagbiling produkto at serbisyo ng mga prodyuser ay pareho ayon sa presyong kanilang pinagkasunduan. Ekwilibriyong presyo ang tawag sa pinagkasunduang presyo ng konsyumer at prodyuser at ekwilibriyong dami naman ang tawag sa napagkasunduang bilang ng mga produkto o serbisyo.

Ipagpalagay natin ang halimbawang ito. Si Corazon ay nagmamay-ari ng isang maliit na tindahan malapit sa paaralan. Kamakailan lamang ay napag-isipan niyang magtinda ng isang bagong produkto - ang *home made* niyang kendi. Sa unang araw, gumawa siya ng 50 kendi at ibinenta sa halagang limang piso kada piraso. Nalungkot siya dahil maraming natira sa kaniyang mga paninda. Si Maria, ang kaniyang suki, ay bumili lamang ng 10 piraso. Nagkaroon ng labis na 40 piraso. Dahil sa kalabisan, binabaan niya ang presyo ng mga ito sa halagang dalawang piso. Sa pagbaba ng presyo, naging maganda ang pagtugon ni Maria. Sa mababang halaga, 40 piraso ang nais at handang bilhin ni Maria ngunit 20 pirasong kendi lamang ang handa at kayang ipagbili ni Corazon. Dahil sa labis na *demand*, nahikayat siyang dagdagan ang ipagbibiling kendi ngunit sa mas mataaas na presyo.

Mula sa dating Php2, tumaas ang presyo sa Php3. Nabawasan ang *quantity demanded* mula 40 piraso papuntang 30. Sa kabilang banda, ang *quantity supplied* mula 20 piraso ay naging 30. Mapapansin sa halimbawa na pantay o balanse ang *quantity demanded* at *quantity supplied* sa presyong Php3. Ang pangyayaring ito ay nagpapakita ng ekwilibriyo.

Ang ekwilibriyo sa pamilihan ay ang punto kung saan ang *quantity demanded* at *quantity supplied* ay pantay o balanse. Upang lubos na maunawaan ang konseptong ito, gamiting gabay ang *graphic organizer*. Tandaan na nagkakaroon lamang ng ekwilibriyo sa pamilihan kung balanse ang parehong dami ng *supply* at dami ng *demand* at nagaganap ito sa isang takdang presyo. Kapag alinman sa dalawang panig ang naging mas malaki o mas maliit ang bilang, hindi na ito magiging balanse.

**Market Schedule para sa Kendi**

Quantity Demanded (Qd)	Presyo (P)	Quantity Supplied (Qs)
10	5	50
20	4	40
30	3	30
40	2	20
50	1	10
60	0	0

**A**

**B**

**C**

Sa presyong tatlong piso, ang *quantity supplied* at *quantity demanded* ay pantay. ( $Q_d = Q_s$ )


Sa presyong mas mataas sa tatlong piso, mas maliit ang *quantity demanded* kaysa sa *quantity supplied*. ( $Q_d < Q_s$ )

Sa presyong mas mababa sa tatlong piso, mas malakiang *quantity demanded* kaysa sa *quantity supplied*. ( $Q_d > Q_s$ )

Ipinapakita lamang ng karanasan ni Corazon at ni Maria kung paanong ang batas ng *demand* at batas ng *supply* ay nagkakaroon ng interaksyon sa pamilihan. Gusto niyang mag-alok ng mas maraming kendi kapag tumataas ang presyo. Sa kabilang banda, mas maraming kendi ang nais at handang bilhin ni Maria sa mababang presyo ngunit hindi naman siya nakahandang bumili ng mga ito sa mataas na presyong nais ni Corazon.

Upang lubos na maunawaan ang interaksyon ng *demand* at *supply*, ating suriin ang *graph*. Ang *vertical* na *axis* ay nagpapakita ng presyo ng kendi. Ang *horizontal* na *axis* naman ay nagpapakita ng dami ng kendi. Ang *demand curve* (D) ay nai-plot gamit ang presyo at ang *quantity demanded* (hanay 2 at 3). Ang *supply curve* (S) ay nai-plot gamit ang presyo at *quantity supplied* (hanay 1 at 3).

## Ang Ugnayan ng Demand Curve at Supply Curve



- A** Ang *demand curve* ay nagpapakita ng *quantity demanded* sa magkakaibang presyo. Mapapansin ding pababa ang *slope*.
- B** Ang *supply curve* ay nagpapakita ng *quantity supplied* sa magkakaibang presyo. Mapapansin na pataas ang *slope* nito.
- C** Ito ang punto ng ekwilibrasyon sa pamilihan kung saan ang *quantity demanded* at *quantity supplied* ay pantay.

Maaari ding makuha ang ekwilibrasyon sa pamamagitan ng paggamit ng *demand* at *supply function*. Ipinaliwanag sa nakaraang aralin na may *inverse* o magkasalungat na ugnayan ang presyo at *quantity demand*. Ibig sabihin, sa bawat pagtaas ng presyo (P) ay siya namang pagbaba ng dami ng *demand* o *quantity demanded* (Qd). Ang bawat pagbaba ng presyo nito ay nangangahulugan naman ng pagtaas ng *quantity demanded*. Gamit ang konseptong ito, masasabing ang Qd ay isang *dependent variable* samantalang ang P naman ay isang *independent variable*. Ipagpalagay natin ang *equation* na  $Qd = 60 - 10P$ .

Sa kabilang banda, magugunitang may positibong ugnayan ang presyo at *quantity supplied*. Ang pagbabago sa presyo (P) ay nakaaapekto sa dami ng *supply* o *quantity supplied* (Qs). Samakatwid, ang anumang pagtaas ng presyo ay nangangahulugan din ng pagtaas ng *quantity supplied*. Ang pagbaba naman ng presyo ay nangangahulugan din ng pagbaba ng dami ng *supply* nito. Ipagpalagay natin ang *mathematical equation* na  $Qs = 0 + 10P$ .

Sa pamamagitan ng *mathematical equation* na ito ay maaari na nating makuha ang ekwilibrasyon. Una munang alamin ang halaga o presyo (P) gamit ang *demand* at *supply function*. Pagkatapos ay ihalili ang *value* ng P sa *demand* at *supply function*. Ang mga makukuhang sagot ang siyang tumutugon sa ekwilibrasyong dami nito.

Ang kompyutasyon na nasa talahanayan sa ibaba ay nagpapakita kung papaano makukuha ang ekwilibrasyong presyo at *quantity*.

$Qd = 60 - 10P$	$Qs = 0 + 10P$	
$Qs = Qd$ $0 + 10P = 60 - 10P$ $10P + 10P = 60 - 0$ $\frac{20P}{20} = \frac{60}{20}$ $P = 3$	$Qd = 60 - 10P$ $= 60 - 10(3)$ $= 60 - 30$ $= 30$	$Qs = 0 + 10P$ $= 0 + 10(3)$ $= 0 + 30$ $= 30$
<b>Ekwilibrasyong Presyo (P*)= 3</b>	<b>Ekwilibrasyong Dami (Q*)= 30</b>	

#### Gawain 4: SUBUKIN NATIN!

A. Buuin ang talahanayan sa ibaba gamit ang *demand at supply functions*.

	$Q_d = 150 - P$	$Q_s = -60 + 2P$
Presyo (P)	Dami ng Demand (Qd)	Dami ng Supply (Qs)
40	110	
55		
	80	
	65	110
100		

B. Gamitin ang nagawang iskedyul (talahanayan) sa Gawain 4A upang makalikha ng *graph* na nagpapakita ng interaksyon ng *demand at supply*.

Matapos mong maunawaan ang konsepto ng ekwilibriyo na nagsasabing ito ang punto kung saan ang dami ng *demand* at dami ng *supply* ay pantay o *balance*, ngayon naman ay ihanda mo ang iyong sarili upang maunawaan at masuri mo ang mga konsepto ng *surplus* at *shortage*.


#### SHORTAGE AT SURPLUS

Muling suriin at pag-aralan ang *graph* sa itaas. Mapapansing ang dalawang kurba ay nagtatagpo lamang sa iisang punto. Ito ang punto ng ekwilibriyo sa pamilihan. Nagaganap ito kung ang *quantity demanded* at *quantity supplied* ay parehong 30 piraso ng kendi sa halagang Php3.00. Makikita ang pagtatagpo ng mga kurba ng *demand at supply* sa presyong naitakda ng nagbibili at mamimili.

Malinaw na inilahad sa mga panindang kendi ni Corazon na ang pamilihan ay hindi kaagad nakapagtatakda ng ekwilibriyong presyo. Kadalasan, dumadaan muna ito sa proseso ng paulit-ulit na transaksyon ng mamimili at nagbibili bago tuluyang matukoy ang ekwilibriyong presyo at dami. Ang anumang sitwasyon o kalagayan na hindi pareho ang *quantity demanded* at *quantity supplied* sa isang takdang presyo ay tinatawag na disekwilibriyo. Ang pamilihan ay maaaring makaranas ng *surplus* kung mas marami ang *quantity supplied* kaysa *quantity demanded*. Sa kabilang banda, ang *shortage* ay nararanasan naman kung ang dami ng *demand* ay mas malaki kaysa dami ng *supply*.

Makikita natin sa *graph* sa susunod na pahina kung paano nararanasan ni Corazon at ni Maria ang mga konsepto ng *surplus* at *shortage*.

Quantity Demanded (Qd)	Presyo (P)	Quantity Supplied (Qs)	
10	5	50	<p><b>A</b> Sa presyong tatlóng piso, ang quantity supplied at quantity demanded ay pantay. (<math>Q_d = Q_s</math>)</p> <p><b>B</b> Sa presyong mas mataas sa tatlong piso, mas malaki ang quantity demanded kaysa quantity supplied. (<math>Q_d &gt; Q_s</math>)</p> <p><b>C</b> Sa presyong mas mababa sa tatlong piso, mas malaki ang quantity demanded kaysa quantity supplied. (<math>Q_d &gt; Q_s</math>)</p>
20	4	40	
30	3	30	
40	2	20	
50	1	10	
60	0	0	




Natuklasan ni Corazon na kapag ibinenta niya ang kaniyang panindang kendi sa presyong mas mataas kaysa Php3.00, maraming kendi ang hindi nabibili. Ang dami ng *surplus* ay nasusukat sa distansiya sa pagitan ng dalawang kurba sa bawat presyo. Halimbawa, sa presyong Php4.00, 20 piraso ang gustong bilhin ni Maria at 40 piraso naman ang gustong ibenta ni Corazon. Naipapakita rito ang *surplus* na 20 kendi.

Nang magdesisyon naman siyang ipagbili sa halagang mas mababa sa tatlong piso, kakaunti lamang ang kendi na handa at kaya niyang ipagbili samantalang marami pang kendi ang handang bilhin ni Maria. Ang dami ng *shortage* ay nasusukat sa distansiya sa pagitan ng dalawang kurba sa bawat presyo. Halimbawa, sa presyong Php2.00, 40 piraso ang gustong bilhin ni Maria at 20 piraso lamang ang gustong ibenta ni Corazon. Naipapakita rito ang *shortage* na 20 kendi.

#### Gawain 5: KNOWLEDGE ORGANIZER

Buuin ang *graphic organizer* batay sa isinasaad ng tekstong iyong nabasa. Upang higit na maunawaan ay sagutin ang mga pamprosesong tanong na susukat sa antas ng iyong kaalaman at pang-unawa.



### Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang dalawang uri ng disekwilibriyo sa pamilihan?
2. Kailan masasabing mayroong ekwilibriyo sa pamilihan?
3. Paano nagkakaroon ng gampanin ang presyo upang magkaroon ng ekwilibriyo sa pamilihan?

Mahusay! Ngayong natapos mo ang mga teksto at mga gawain upang iyong maunawaan ang konsepto ng ekwilibriyo at masuri ang epekto ng *surplus* at *shortage* sa pamilihan, sa puntong ito ay susukatin mo ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng maikling pagsusulit sa susunod na gawain.

### Gawain 6: LABIS? KULANG? o SAKTO?

Suriing mabuti ang mga pahayag sa ibaba. Tukuyin kung ang sumusunod na pangungusap ay nagsasaad ng *surplus*, *shortage*, o ekwilibriyo.

1. Kailangan ni Chiello ng isang dosenang rosas para sa kaarawan ng kaniyang ina ngunit siyam na rosas lamang ang natitira sa *flower shop*.
2. Nagkasundo ang prodyuser at konsyumer sa halagang Php50 at sa dami na 30.
3. May 100 sako ng palay si Isko ngunit 70 sako lamang ang handang bilhin ng bumibili nito.
4. May 36 na panindang payong si Berlin. Dahil sa biglaang pagbuhos ng ulan, naubos lahat ang kaniyang paninda.
5. Napanis lamang ang mga nilutong ulam ni Aling Nery dahil sa suspensiyon ng klase kaninang umaga.
6. Naubos kaagad ni Mang Kiko ang kaniyang paninda nang bilhin lahat ng mga turista ang mga ito.
7. Sa sobrang init ng panahon, naging matumal ang benta ng lugaw ni Jocelyn.
8. Isandaang kilo ang *supply* ng sibuyas sa Gapan City Public Market at isandaang kilo rin ang *demand* para rito.
9. May 50 lapis ang kailangan ng mga mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng San Roque ngunit 30 lamang ang natitirang *supply* ng Rose School Supplies.
10. Biniling lahat ni Vantor ang mga tindang biko ni Clara.

### Gawain 7: S.O.S (SURPLUS o SHORTAGE)

Suriin ang *market schedule* sa pares ng sapatos sa ibaba. Batay sa talahanayan, tukuyin kung ang sitwasyon ay *shortage*, *surplus*, o ekwilibriyo. Isulat ang iyong sagot sa hulihang kolum. Pagkatapos, ipakita sa pamamagitan ng *graph* ang nilalaman nito.



### MARKET SCHEDULE PARA SA PARES NG SAPATOS

Presyo (Php)	Dami ng Demand	Dami ng Supply	Sitwasyon
100	80	20	
200	70	30	
300	60	40	
400	50	50	
500	40	60	
600	30	70	
700	20	80	



#### Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang kalagayan ng pamilihan ng sapatos kapag ang presyo ay Php200?
2. Ano ang kalagayan ng pamilihan ng sapatos kapag ang presyo ay Php600?
3. Ano ang ipinahihiwatig ng punto ng ekwilibriyo?

#### MGA KAGANAPAN AT PAGBABAGO SA PAMILIHAN


Naitatakda ang presyo at dami ng produkto o serbisyo sa isang pamilihan dulot ng ekwilibriyo. Ngunit ano kaya ang posibleng mangyari kung magkakaroon ng paglaki ng *supply* samantalang hindi nagbabago ang *demand* o kaya naman ay magkaroon ng mga pagbabago ng *demand* ngunit walang pagbabago sa *supply*? Ano ang mangyayari sa ugnayan sa pagitan ng mga prodyuser at konsyumer sa ganitong kalagayan?

1. Paglipat ng *supply curve* pakanan subalit walang pagbabago sa *demand curve*




Ipinapakita sa *graph* sa itaas na ang ekwilibriyong presyo ay Php40 at ang ekwilibriyong dami ay 40 rin. Subalit kung magkakaroon ng paglipat ng *supply curve* mula sa  $S_1$  patungong  $S_2$  at pareho pa rin ang *demand*, magkakaroon ng labis na *supply* o *surplus* sa pamilihan. Kapag may *surplus* sa pamilihan, bababa ang presyo ng produkto o serbisyo. Sa pagbaba ng presyo, tumataas ang *quantity demanded* ngunit bumababa naman ang *quantity supplied*. Dahil dito, mapapansin na nagkaroon ng panibagong ekwilibriyong presyo na Php30 at panibagong ekwilibriyong dami na 50.

2. Paglipat ng *supply curve* pakaliwa subalit walang pagbabago sa *demand curve*




Ipinapakita sa *graph* sa itaas na ang ekwilibriyong presyo ay Php30 at ang ekwilibriyong dami ay 50. Subalit kung magkakaroon ng pagbaba ng *supply* mula sa  $S_1$  patungong  $S_2$  at pareho pa rin ang *demand*, magkakaroon ng kakulangan o *shortage* sa *supply* sa pamilihan. Kapag may *shortage* sa pamilihan, tataas ang presyo ng produkto o serbisyo. Sa pagtaas ng presyo, bumababa ang *quantity demanded* ngunit tumataas naman ang *quantity supplied*. Dahil dito, mapapansin na nagkaroon ng panibagong ekwilibriyong presyo na Php40 at panibagong ekwilibriyong dami na 40 rin.

3. Paglipat ng *demand curve* pakanan subalit walang pagbabago sa *supply curve*



Ipinakikita sa *graph* sa itaas na ang ekwilibriyong presyo ay Php10 at ang ekwilibriyong dami ay 40. Subalit kung magkakaroon ng paglipat ng *demand curve* mula  $D_1$  patungong  $D_2$  at pareho pa rin ang *supply*, magkakaroon ng labis na *demand* o *shortage* sa pamilihan. Kapag may *shortage* sa pamilihan, tumataas ang presyo ng produkto o serbisyo. Sa pagtaas ng presyo nito, bababa ang *quantity demanded* subalit tataas naman ang *quantity supplied*. Dahil dito, mapapansin na nagkaroon ng panibagong ekwilibriyong presyo na Php20 at panibagong ekwilibriyong dami na 50.


4. Paglipat ng *demand curve* pakaliwa subalit walang pagbabago sa *supply curve*



Ipinakikita sa *graph* sa itaas na ang ekwilibriyong presyo ay Php20 at ang ekwilibriyong dami ay 60. Subalit kung magkakaroon ng paglipat ng *demand curve* mula  $D_1$  patungong  $D_2$  at pareho pa rin ang *supply*, magkakaroon ng labis na *supply* o *surplus* sa pamilihan. Kapag may *surplus* sa pamilihan, bababa ang presyo ng produkto o serbisyo. Sa pagbaba ng presyo, tataas ang *quantity demanded* ngunit bababa naman ang *quantity supplied*. Dahil dito, mapapansin na nagkaroon ng panibagong ekwilibriyong presyo na Php10 at panibagong ekwilibriyong dami na 50.

#### Gawain 8: PAGSUSURI NG SITWASYON

Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na sitwasyon. Batay sa mga pagbabago ng kondisyon sa mga produkto, tukuyin sa ikatlong kolum kung alin sa *demand* o *supply* ang nabago. Sa ika-apat at ikalimang kolum, tukuyin kung tumaas o bumaba ang ekwilibriyong presyo at dami. Isulat ang *arrow up* ( $\uparrow$ ) kung ang ekwilibriyong presyo at dami ay tumaas at *arrow down* ( $\downarrow$ ) naman kung bumaba.



Produkto	Pagbabago ng Kondisyon	Pagbabago sa Demand o Supply	Ekwilibriyong Presyo	Ekwilibriyong Dami
1. Gulay	Pananalasa ng bagyo sa mga taniman sa Gitnang Luzon			
2. Branded na gamot	Bagong <i>generic brand</i> na gamot na lumabas sa pamilihan			
3. Gasolina	Patuloy na pagtaas ng presyo ng kotse			
4. Cellphone	Matinding kompetisyon ng mga <i>network provider</i> sa pababaan ng presyo			
5. Pandesal	Pagtaas ng presyo sa pandaigdigang pamilihan			

#### PARAAN NG PAGTUGON/ KALUTASAN SA MGA SULIRANING DULOT NG KAKULANGAN (SHORTAGE) AT KALABISAN (SURPLUS)

Matatandaan natin na kapag ang presyo sa pamilihan ay mas mataas kaysa presyong ekwilibriyo, magkakaroon ng *surplus* ng mga produkto o serbisyo. Kapag ang presyo sa pamilihan ay mas mababa kaysa presyong ekwilibriyo, magkakaroon ng *shortage* ng mga ito.


Sa *market schedule* para sa kendi, mapapansin natin na kapag may *shortage* ang presyo ay tumataas. Ang *quantity demanded* ay bumababa habang ang presyo sa pamilihan ay tumataas, ang *quantity supplied* ay tataas din dahil ang mga prodyuser ay nagaganyak na lumikha ng mas maraming produkto. Maaari ding subukan ng mga prodyuser na dagdagan ang *quantity supplied* upang matugunan ang *quantity demanded* sa mababang presyo. Sa kabilang banda, kapag maraming *surplus* ng kendi bumababa ang presyo nito. Kapag ang presyo sa pamilihan ay bumaba, ang *quantity demanded* ay tataas. Maaari din namang bawasan ng mga prodyuser ang dami ng kanilang produkto at iayon ang mga ito sa *quantity demanded* na handa at kayang bilhin ng konsyumer sa mataas na halaga.

Kung gayon, kahit na ang presyo ng isang produkto at serbisyo ay magsimula sa mataas o mababang halaga, ang mga kilos o gawi ng konsyumer at prodyuser ang kusang nagtutulak sa presyo sa pamilihan tungo sa kaniyang ekwilibriyo. Kapag narating na ng pamilihan ang puntong ekwilibriyo, ipinagpapalagay na parehong nasiyahan ang bahay-kalakal at konsyumer. Kung gaano kabilis naaabot ng isang pamilihan ang ekwilibriyo ay nakabatay rin sa kung gaano kabilis mag- *adjust* ang presyo nito. (Mankiw, 2012)

Karamihan ng presyo sa maraming pamilihan ay malayang tumaas o bumaba sa kaniyang puntong ekwilibriyo, gaano man kataas o kababa ang halaga nito. Subalit, maaaring manghimasok ang pamahalaan kapag nakita nitong ang presyo ay labis na mataas para sa konsyumer o labis na mababa para sa mga prodyuser. Maaaring magpataw ang pamahalaan ng kung gaano kataas o kababa ang presyo ng mga produktong maapektuhan nito (McConnell, Brue & Flynn, 2009). Tatalakayin ang kabuuan ng paksang ito sa mga susunod na aralin.

### Gawain 9: GRAPHIC ORGANIZER

Buin ang *graphic organizer* na matatagpuan sa ibaba batay sa isinasaad ng tekstong binasa. Upang higit na maunawaan ay sagutin ang mga pamprosesong tanong na susukat sa antas ng iyong kaalaman at pang-unawa.



### Gawain 10: 3-2-1 CHART!

Sa bahaging ito ay punan mo ang bahagi ng 2-Chart sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong na nasa kahon. Ang bahagi ng 3-Chart ay sasagutan mo sa susunod na bahagi ng aralin.

Paanong ang interaksiyon ng *demand* at *supply* ay nagiging batayan ng matalinong pagdedesisyon ng prodyuser at konsyumer tungo sa pambansang kaunlaran?

<b>3</b>	• FINAL IDEAS
<b>2</b>	• REVISED IDEAS
<b>1</b>	• INITIAL IDEAS

Matapos mong mapalalim ang iyong kaalaman ukol sa interaksyon ng *demand* at *supply*, maaari ka nang pumunta sa susunod na bahagi ng aralin. Ihanda mo ang iyong sarili para sa mas malalim na pag-unawa ng interaksyon ng *demand* at *supply*.

### PAGNILAYAN

Sa bahaging ito ng aralin ay palalawakin at pagtitibayin mo bilang mag-aaral ang mga nabuo mong kaalaman ukol sa interaksyon ng *demand* at *supply*. Kinakailangan ang mas malalim na pagtalakay sa interaksyon ng *demand* at *supply* upang maihanda ang iyong sarili sa pagsasabuhay ng iyong mga natutuhan.

Hindi maikakailang sa paglipas ng panahon ay patuloy ang pagtaas ng presyo ng mga biling lalo na ng mga pangunahing produkto dala ng magkatunggaling puwersa sa pamilihan. Upang lubos mong maunawaan ang mga pangyayaring ito sa aktuwal na konteksto, suriin ang balitang nailathala sa ibaba.

#### Gawain 11: BALITA-SURI

Basahin ang balita at sagutin ang sumusunod na pamprosesong tanong.

##### **Sa presyo ng bigas, bawang just-tiis - Malacañang**

Rudy Andal at Gemma Garcia (Pilipino Star Ngayon) | June 17, 2014

MANILA, Philippines - Umapela ang Malacañang sa taumbayan na magtiis-tiis muna sa mataas na presyo ng bigas, bawang, at luya dahil wala silang magagawa para kontrolin ito bunsod nang idinidikta ng “market forces” ang halaga ng mga ito.

Ayon kay PCOO Sec. Herminio Coloma Jr, tinututukan naman ng National Food Authority (NFA) ang presyo ng bigas na ang pagtaas ay dulot ng mababang *supply* at inaasahang magiging matatag ang *supply* kapag dumating ang inangkat sa ibang bansa sa susunod na dalawang buwan. Sinabi pa ni Sec. Coloma, ang tumataas na halaga ng luya at bawang ay maaaring sa sitwasyon ng *law of supply* and *demand* o maaaring

kulang ang mga produkto sa pamilihan sa pangangailangan ng mga mamamayan. Walang binanggit si Coloma na ipatutupad na hakbang ang pamahalaan hinggil sa isyu at hinihintay pa aniya ng Malacañang ang ulat ng Department of Agriculture (DA) at Department of Trade and Industry (DTI) kaugnay sa biglang pagtaas ng presyo ng mga nasabing pangunahing bilihan.

Samantala, pinagpapaliwanag ni Bayan Muna Rep. Neri Colmenares si Presidential Assistant on Food Security and Agricultural Modernization Francis “Kiko” Pangilinan sa mataas na presyo ng bigas sa bansa. Ayon kay Colmenares, hindi katanggap-tanggap ang paliwanag ng National Food Authority (NFA) na normal ang pagtaas ng dalawang piso kada kilo ng bigas dahil lean months na ngayon. Idinagdag pa ng kongresista na wala rin dahilan para sa price increase dahil sinabi ng NFA na napaghandaan nila ang *lean months* sa pamamagitan ng importasyon.

Bilang katunayan, nag-angat umano ang NFA ng 800,000 hanggang isang milyong metriko tonelada ng bigas para lamang maging *buffer stock* ng bansa para sa buwan ng Hulyo hanggang Setyembre. Layunin umano nito na pigilan ang anumang pagtaas ng presyo subalit nakakapagtakang bigla pa rin itong tumaas na tulad din ng nangyari sa presyo ng bawang at sibuyas na tambak din ang *supply* subalit tumaas din ang presyo sa merkado.

Paniwala ni Colmenares, na mayroong nangyayaring ‘hokus pokus’ dito kaya ang publiko na naman ang nadadale.

Pinagkunan:<http://www.philstar.com/bansa/2014/06/17/1335540/sa-presyo-ng-bigas-bawang-just-tiis-malacanang>  
Retrieved on: November 22, 2014

### **Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang itinuturong dahilan ng pamahalaan sa pagtaas ng presyo ng bigas, bawang, at luya?
2. Paano maiuugnay ang tumataas na halaga ng luya at bawang sa batas ng *supply* at *demand*? Paano naman maiuugnay ang kakulangan ng mga produkto sa pamilihan sa pangangailangan ng mga mamamayan? Ipaliwanag.

### **Gawain 12: PROJECT NEWS SHARING! (PANGKATANG GAWAIN)**

Sa pamamagitan ng inyong pangkat, humanap ng mga balita na naglalahad ng mga pagbabago sa *supply* at *demand* sa iba’t ibang pamilihan. Gamitin ang resulta ng iyong pananaliksik upang makagawa ng *script* para sa isang TV News Program na nagpapakita kung paano nagkakaroon ng ugnayan ang *supply* at *demand* sa pagtatakda ng presyo sa pamilihan. Gumawa ng *props* na maaaring gamitin sa pag-uulat upang maging makatotohanan ito.



### RUBRIK PARA SA NEWS REPORT

Pamantayan/ Indikador	Puntos	Nakuhang Puntos
A. Mahusay na naipakita sa pamamagitan ng <i>news reporting</i> ang mga konsepto ukol sa interaksyon ng <i>demand at supply</i> .	10	
B. Ang ginawang presentasyon ay nagpakita ng pagkamalikhain at naaangkop sa tema para maihatid sa manonood ang konsepto ng interaksyon ng <i>demand at supply</i> .	10	
C. Ang mga ginamit na <i>props, script</i> o dayalogo, o kagamitan sa pagganap ay nakatulong upang mas maging malinaw ang ekwilibriyo sa manood.	10	
<b>KABUUANG PUNTOS</b>	<b>30</b>	

#### Gawain 13: REFLEC-TO-JOURNAL!

Batay sa iyong karanasan, sumulat ng isang *journal* na nagpapakita sa naging ugnayan ng *demand at supply* bilang pagtugon sa iyong mga pangangailangan at kagustuhan. Gamitin ang rubrik bilang gabay sa pagsulat. Pagkatapos ay sagutin ang mga pamprosesong tanong.

#### Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iyong naging batayan sa pagbuo ng iyong *journal*?
2. Paano mo naipakita ang interaksyon ng *demand at supply*?
3. Ipaliwanag kung paano nababago ng interaksyon ng *demand at supply* ang pagtugon mo sa iyong mga pangangailangan at kagustuhan.

**MAHUSAY!** Natapos mo na ang mga gawaing ito!

#### Transisyon sa Susunod na Aralin

Inilahad sa nakaraang aralin ang tungkol sa *demand at supply*. Ipinaliwanag ang ugnayan ng dalawang konseptong ito. Nalaman mo na ang *demand* ay kinakatawan ng konsyumer, samantalang ang *supply* ay sa panig naman ng prodyuser. Tinalakay din ang interaksyon ng *demand at supply* at kung paano ito nababago sa pamamagitan ng presyo at mga salik na hindi presyo.

Subalit, anong mekanismo o lugar nga ba maaring magtagpo ang konsyumer at prodyuser? Paano mabisang maipaliliwanag ang relasyon ng *demand at supply* gamit ang isang aktuwal na sitwasyon? Ang mga katanungang ito ay ilan lamang sa sasagutin sa susunod na aralin tungkol sa pamilihan.

## PANIMULA

Ang pagtugon sa pangangailangan ang isa sa mahahalagang konsepto na binibigyang diin sa pag-aaral ng ekonomiks. Ang bawat isa ay may mga pangangailangan subalit hindi lahat ay may kakayahan na magprodyus upang matugunan ang mga ito. Kung kaya't ang relasyon sa pagitan ng prodyuser at konsyumer ay lubhang mahalaga para sa kapakinabangan ng lahat.

Sa nakaraang mga aralin, naunawaan mo ang ugnayan ng *demand* at *supply* na kumakatawan sa konsyumer at prodyuser. Subalit, sa anong mekanismo ba ng ekonomiya madaling malaman kung may sapat bang mga produkto o serbisyo na siyang tutugon sa walang katapusang pangangailangan ng tao? Sa ganitong aspekto papasok ang bahaging ginagampanan ng PAMILIHAN. Kung kaya't ang pangunahing pokus ng araling ito ay ang konsepto ng pamilihan at ang mga estruktura nito bilang isang mahalagang salik sa pagtugon ng pangangailangan tungo sa pagtamo ng pambansang kaunlaran.


Sa iyong pagtahak sa landas ng kaalaman sa araling ito, ikaw ay haharap sa mga teksto at mapanghamong gawain na sadyang pupukaw ng iyong interes at magdaragdag sa iyo ng kaalaman.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang ikaw ay makapagpapaliwanag ng kahulugan ng pamilihan at makauunawa at makapagsusuri ng iba't ibang sistema o estruktura ng pamilihan na tumutugon sa maraming pangangailangan ng mga tao.

### ARALIN 5 ANG PAMILIHAN: KONSEPTO AT MGA ESTRUKTURA NITO





#### ALAMIN



Matapos mong matutuhan ang mga konsepto ng *demand*, *supply*, at ang interaksyon ng bawat isa sa ekonomiya, ngayon naman ay iyong tutuklasin ang tungkol sa pamilihan. Upang higit na maging masaya ang iyong paglalakbay sa pamilihan sa pamamagitan ng modyul na ito, halina't simulan mo munang maglaro at sagutin ang susunod na gawain.

#### Gawain 1: PIK-TUKLAS!

Suriin kung anong mensahe ang nais iparating ng sumusunod na larawan gamit ang mga pamprosesong tanong. Itala ang inyong kasagutan gamit ang *call-outs*, *stars & banners*, at *bubble map*.



**Pamprosesong Tanong:**

1. Tungkol saan ang ipinahihwatig ng mga larawan?
2. Isa-isahin ang mga symbolismong ginamit at ipaliwanag ang mensahe ng mga ito.
3. Alin sa mga larawan ang nakapukaw ng iyong interes? Ipaliwanag.

## Gawain 2: PICTURE PERFECT: PIC-COLLAGE

Unawain, suriin, at sagutin ang sumusunod na larawan gamit ang mga pamprosesong tanong na nasa ibaba.



Pinagkunan: <http://kickerdaily.com/bir-fishermen-farmers-sari-sari-stores-tricycle-drivers-should-pay-taxes/>; Retrieved on: November 7, 2014 <http://moneygizmo.net/free-stock-market-game/>; Retrieved on: November 7, 2014 <http://grocerystoresnearme.blogspot.com/>; Retrieved on: November 7, 2014 <http://importfood.com/recipes/thaiicecream.html>; Retrieved on: November 7, 2014 <http://www.remate.ph/wp-content/uploads/2014/02/bigas-presyo.jpg>; Retrieved on: November 7, 2014 <http://www.remate.ph/2012/11/presyo-ng-karne-ng-sa-mm-tumaas>; Retrieved on: November 7, 2014 <http://www.remate.ph/category/business/page/217/>; Retrieved on: November 7, 2014 <http://i3.ytimg.com/vi/Kx1EZvKRSkl/0.jpg> [https://www.google.com.ph/search?hl=en&q=muslim+market&tbm=isch&ei=VcndU6rMEdaXuATu-4G4Dw#facrc=\\_&imgdii=&imgrc=Jh0qx9FRZja6VM%253A%3B33V RrwU269ZhOM%3Bhttp%253A%252F%252Fwodumedia.com%252Fwp-content%252Fuploads%252F2012%252F11%252Fmuslims-shop-for-iftar-the-sunset-dinner-that-breaks-the-fast-at-Chalk-Bazaar-the-traditional-iftar-market-in-Dhaka-Bangladesh-on-Sunday-Aug.-23-2009.-AP-PhotoPavel-Rahman-960x627.jpg%3Bhttp%253A%252F%252Fwodumedia.com%252Framadan-2009%252Ffa-muslim-man-sits-before-breaking-his-fast-on-the-second-day-of-the-holy-month-of-ramadan-at-a-mosque-in-agartala-capital-of-indias-northeastern-state-of-tripura-on-august-24-2009-reutersjayant%252F%3B960%3B627](https://www.google.com.ph/search?hl=en&q=muslim+market&tbm=isch&ei=VcndU6rMEdaXuATu-4G4Dw#facrc=_&imgdii=&imgrc=Jh0qx9FRZja6VM%253A%3B33V RrwU269ZhOM%3Bhttp%253A%252F%252Fwodumedia.com%252Fwp-content%252Fuploads%252F2012%252F11%252Fmuslims-shop-for-iftar-the-sunset-dinner-that-breaks-the-fast-at-Chalk-Bazaar-the-traditional-iftar-market-in-Dhaka-Bangladesh-on-Sunday-Aug.-23-2009.-AP-PhotoPavel-Rahman-960x627.jpg%3Bhttp%253A%252F%252Fwodumedia.com%252Framadan-2009%252Ffa-muslim-man-sits-before-breaking-his-fast-on-the-second-day-of-the-holy-month-of-ramadan-at-a-mosque-in-agartala-capital-of-indias-northeastern-state-of-tripura-on-august-24-2009-reutersjayant%252F%3B960%3B627) Retrieved on: November 7, 2014 <http://thinkrichbefree.com/wp-content/uploads/2013/04/online-shopping-sites.jpg> Retrieved on: November 7, 2014

### Pamprosesong Tanong:


1. Ano ang ipinapakita ng mga larawan?
2. Ano ang naging batayan mo upang matukoy ang konseptong ipinahahatid ng mga larawan?
3. Alin sa mga larawang ito ang madalas kang nagkakaroon ng ugnayan? Bakit?

Sa susunod na bahagi ay sasagutan mo ang isang tsart upang inisyal na masukat ang iyong nalalaman tungkol sa pamilihan.



### Gawain 3: UPWARD ARROW KNOWLEDGE CHART IRF (Initial-Refined-Final Idea)

Ang gawaing ito ay naglalayong matutukan ang baitang ng inyong kaunlaran sa pagkatuto. Sa bahaging ito ay pupunan mo ang IRF (Initial Refined-Final Idea) upang masukat ang inisyal na (Initial Idea) kasagutan mo bilang mag-aaral sa katanungang nasa ibaba ng *upward arrow*. Ang *refined area* ay sasagutan mo lamang pagkatapos ng bahagi ng paunlarin at ang *final idea* ay pupunan mo lamang pagkatapos ng gawain sa pagnilayan. Iyong ingatan ang iyong IRF Chart. Maaari mo itong ilagay sa iyong *portfolio* o kuwaderno dahil ito ay iyong kakailanganin hanggang sa dulong bahagi ng modyul na ito.



Matapos mong maorganisa ang iyong mga paunang kaalaman tungkol sa paksang pamilihan at mga estruktura nito, ihanda ang iyong sarili para sa susunod na bahagi ng aralin upang higit mong maunawaan ang mas malalim na konsepto ng pamilihan.

#### PAUNLARIN

Matapos mong malaman ang mga paunang impormasyon tungkol sa paksa, ngayon naman ay iyong lilinangin ang mga kaisipang ito sa tulong ng mga teksto at mga gawain. Ang pinakatiyak na layunin ng bahaging ito ay matutuhan mo bilang mag-aaral ang mahahalagang ideya o konsepto tungkol sa pamilihan. Mula sa mga inihandang gawain at teksto, inaasahang magagabayan ka sa pagsagot ng katanungan kung ano ang pamilihan at iba't ibang mga estruktura nito maging ang bahaging ginagampanan nito sa ekonomiya ng bansa. Halina't umpisahan mo sa pagbabasa ng unang teksto.

## ANG KONSEPTO NG PAMILIHAN

Ang pamilihan ay mahalagang bahagi ng buhay ng prodyuser at konsyumer. Ito ang nagsisilbing lugar kung saan nakakamit ng isang konsyumer ang sagot sa marami niyang pangangailangan at kagustuhan sa pamamagitan ng mga produkto at serbisyong handa at kaya niyang ikonsumo. Sa kabilang dako, ang mga prodyuser ang siyang nagsisilbing tagapagtustos ng mga serbisyo at produkto upang ikonsumo ng mga tao. Sa pamilihan itinatakda kung anong produkto at serbisyo ang gagawin at kung gaano ito karami. Mayroong dalawang pangunahing tauhan sa pamilihan ang konsyumer at prodyuser. Ang konsyumer ang bumibili ng mga produktong gawa ng mga prodyuser, samantalang ang prodyuser naman ang gumagawa ng mga produktong kailangan ng mga konsyumer sa pamamagitan ng mga salik ng produksiyon na pagmamay-ari ng mga konsyumer.

Kaugnay nito, ayon sa 6<sup>th</sup> Principle of Economics ni Gregory Mankiw, “Markets are usually a good way to organize economic activity”. Ito ay ipinaliwanag ni Adam Smith sa kaniyang aklat na *An Inquiry into the Nature and Causes of the Wealth of Nations* (1776) na ang ugnayan ng konsyumer at prodyuser ay naisasaayos ng pamilihan. Mayroong tinawag na “*invisible hand*” si Adam Smith na siyang gumagabay sa ugnayan ng dalawang aktor na ito ng pamilihan. Ito ay ang “presyo”, na siyang instrumento upang maging ganap ang palitan sa pagitan ng konsyumer at prodyuser. Mahalagang bahagi ng pamilihan ang umiiral na presyo sapagkat ito ang nagtatakda sa dami ng handa at kayang bilhin na produkto at serbisyo ng mga konsyumer. Presyo rin ang siyang batayan ng prodyuser ng kanilang kahandaan at kakayahan nilang magbenta ng mga takdang dami ng mga produkto at serbisyo. Kung kaya’t ang pamilihan ang siyang mabisang nagpapakita ng ugnayan ng *demand at supply*. Sa pagkakaroon ng mataas na *demand* ng mga konsyumer, nagiging dahilan ito sa pagtaas ng presyo. Ito ay nagbubunga ng lalong pagtaas sa pagnanais ng prodyuser na magdagdag ng mas maraming *supply*.


Ang pamilihan ay maaaring lokal, panrehiyon, pambansa, o pandaigdigang ang lawak. Ang kilalang sari-sari *store* na matatagpuan saanmang dako ng ating bansa ay isang magandang halimbawa ng lokal na pamilihan. Samantalang ang mga produktong abaka ng Bicol, *dried fish* ng Cebu, Durian ng Davao, at iba pang natatanging produkto ng mga lalawigan ay bahagi ng pamilihing panrehiyon. Ang bigas naman ay bahagi ng pambansa at pandaigdigang pamilihan gaya ng mga prutas o produktong petrolyo at langis. Ang mga nauusong *on-line shops* sa pamamagitan ng *internet* ay mga halimbawa ng pamilihing maaring maging lokal, panrehiyon, pambansa, at pandaigdigang ang saklaw.

#### Gawain 4: WORD TO CONCEPT MAPPING

Mula sa tekstong iyong nabasa ay sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

##### Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang nais iparating o ipahayag ng teksto?
2. Ano ang mahahalagang konsepto na nakapaloob sa teksto?
3. Pumili ng limang mga pangunahing salita sa teksto na iyong pag-uugnay-ugnayin upang maipaliwanag ang konsepto ng pamilihan? Gamitin ang *concept mapping chart* na matatagpuan sa ibaba upang itala ang iyong mga kasagutan para sa bilang 3 at ang *text box* para naman sa iyong mabubuong ugnayan ng mga napiling salita.



Matapos mong maunawaan ang konsepto ng pamilihan na nagsasabing ito ang mekanismo kung saan nagtatagpo ang konsyumer at prodyuser upang matugunan ang *demand* sa pamamagitan ng *supply*, ngayon naman ihanda mo ang iyong sarili upang maunawaan at suriin ang iba't ibang estruktura ng pamilihan.

##### Mga Estruktura ng Pamilihan

Ang estruktura ng pamilihan ay tumutukoy sa balangkas na umiiral sa sistema ng merkado kung saan ipinapakita ang ugnayan ng konsyumer at prodyuser. Ito ay nahahati sa dalawang pangunahing balangkas----ang pamilihan na may ganap na kompetisyon (Perfectly Competitive Market (PCM)) at ang pamilihing hindi ganap ang kompetisyon (Imperfectly Competitive Market (ICM)). Ang mga ito ay teoretikal na balangkas ng pamilihan. Ang dami at lawak ng kontrol ng *market players* o ang mga



konsyumer at prodyuser sa pamilihan ay ang salik na nagtatakda ng estruktura nito. Ang katangian ng dalawang pangunahing balangkas ng pamilihan ay maipapaliwanag ng sumusunod na pahayag:

- **Pamilihang May Ganap na Kompetisyon**

Ito ang estruktura ng pamilihan na kinikilala bilang modelo o *ideal*. Sa ilalim ng ganitong sistema, walang sinoman sa prodyuser at konsyumer ang maaaring makakontrol sa takbo ng pamilihan partikular sa presyo. Ito ay nangangahulugang hindi kayang idikta nang isang prodyuser at konsyumer ng mag-isa ang presyo.

Sa panig ng prodyuser, hindi nila ito kayang kontrolin sapagkat maraming nagtitinda ng magkakaparehong uri ng produkto at serbisyo sa pamilihan. Dahil dito, ang mga konsyumer ay may pamimilian kung saan at kanino bibili ng isang partikular na produkto o serbisyo. Ito ay nangangahulugan ng balangkas na lubhang napakaliit ng prodyuser kumpara sa kabuuang bilang ng mga prodyuser sa pamilihan.

Sa panig naman ng mga konsyumer, walang sinoman ang may kakayahang idikta ang presyo dahil lubha rin silang napakaliit kumpara sa buong bilang ng maaaring bumili ng produkto o serbisyo. Dahil dito, ang lahat ng prodyuser at konsyumer ay mapipilitang magbenta at bumili ng produkto at serbisyo sa itinakdang presyo ng ekwilibriyo ng pamilihan. Ang sitwasyong ito ay ipinaliliwanag ng konsepto ng *price taker* na kung saan ang prodyuser at konsyumer ay umaayon lamang sa kung ano ang takbo ng presyo sa pamilihan at walang kapasidad na magtakda ng sarili nilang presyo.

Ayon kay Paul Krugman at Robin Wells sa kanilang aklat na Economics 2<sup>nd</sup> Edition (2009), ang pamilihang may ganap na kompetisyon ay may sumusunod na katangian:

- ✓ **Maraming maliliit na konsyumer at prodyuser** – Dahil sa marami at maliliit ang konsyumer at prodyuser, walang kakayahan na maimpluwensiyahan ang presyo na papabor sa interes ng sinoman sa pamilihan.
- ✓ **Magkakatulad ang produkto (*Homogenous*)** – Ito ay nangangahulugang maraming produkto na magkakatulad kung kaya't ang konsyumer ay maraming pagpipilian. Halimbawa, ang pechay, na galing sa Benguet ay walang pagkakaiba sa pechay na galing sa Nueva Ecija.
- ✓ **Malayang paggalaw ng sangkap ng produksiyon** – Dahil walang direktang may kontrol sa mga salik ng produksiyon, maraming mapagkukunan ng mga sangkap para makabuo ng mga produkto. Bunga nito, maraming produkto ang nagkakatulad na maaaring ipagbili sa pamilihan.

- ✓ **Malayang pagpasok at paglabas sa industriya** – Ang pamilihan partikular na ang sistema ng pagnenegosyo ay bukas sa lahat ng may kapasidad na maibahagi. Walang kakayahan ang mga dating prodyuser na sila ay hadlangan o pagbawalan sa pagpasok sa pamilihan. Ito ay nakatutulong upang paigtingin ang kompetisyon sa pamilihan na nagdudulot para siguraduhin ng mga prodyuser na ang kanilang produkto ay may mataas na kalidad at tamang presyo upang tangkilin ng mga konsyumer.
- ✓ **Malaya ang Impormasyon ukol sa pamilihan** – Dahil ang sistema ay malaya, ang pagdaloy ng impormasyon lalo na sa pagtatakda ng presyo at dami ay bukas para sa kaalaman ng lahat. Malayang makagagawa at makapagbebenta ang isang prodyuser sa pamilihan. Gayundin, ang mga konsyumer ay malaya kung bibili o hindi bibili ng mga produkto at serbisyo sa pamilihan.
- **Pamilihang May Hindi Ganap na Kompetisyon**

Tinatawag na pamilihang may hindi ganap na kompetisyon ang estruktura kung wala ang anumang kondisyon o katangian na matatagpuan sa pamilihang may ganap na kompetisyon. Sa pangkalahatang paglalarawan, ang lahat ng prodyuser na bumubuo sa ganitong estruktura ay may kapangyarihang maimpluwensiyahan ang presyo sa pamilihan. Ang sumusunod na anyo ang bumubuo sa pamilihang may hindi-ganap na kompetisyon.

  - ✓ **Monopolyo** – Ito ay ang uri ng pamilihan na iisa lamang ang prodyuser na gumagawa ng produkto o nagbibigay serbisyo kung kaya't walang pamalit o kahalili. Dahil dito, siya ay may kakayahang impluwensiyahan ang pagtatakda ng presyo sa pamilihan.

Sa ganitong kadahilanan, ang mga konsyumer ay napipilitang tanggapin na lamang ang pagiging makapangyarihan ng mga monopolista. Ang mga halimbawa ng mga prodyuser na nasa ganitong uri ay ang mga kompanya ng koryente sa aspekto ng *transmission*, tubig, at tren. Ang mga pangunahing katangian ng monopolyo ay ang sumusunod:


- Iisa ang nagtitinda** – Dahil iisa ang nagbebenta, ang presyo at dami ng *supply* ay idinidikta, batay sa tinatawag na *profit max rule* o pagnanais ng prodyuser na makakuha ng malaking kita.
- Produkto na walang kapalit** – Ang mga produkto ay walang kauri kaya nakokontrol ang presyo at dami ng *supply*.
- Kakayahang hadlangan ang kalaban** – Dahil sa mga *patent*, *copyright*, at *trademark* gamit ang Intellectual Property Rights, hindi makapasok ang ibang nais na maging bahagi ng industriya na kaparehas sa hanay ng produkto at serbisyong nililikha ng mga monopolista.

Kaugnay nito, batay sa World Intellectual Property Organization, ang *copyright* ay isang uri ng *intellectual property right* na tumutukoy sa karapatang pagmamay-ari ng isang tao na maaaring kabilang ang mga akdang pampanitikan (*literary works*) o akdang pansining (*artistic works*). Kabilang din dito ang mga gawa gaya ng aklat, musika, *paintings*, iskultura, pelikula, *computer programs*, *databases*, *advertisements*, *maps*, at *technical drawings*.

Samantala, ang *patent* naman ay pumoprotekta sa mga imbentor at kanilang mga imbensyon. Ito ay ipinagkakaloob ng gobyerno sa isang imbentor upang mapagbawalan ang iba na gawin, gamitin, ibenta, iangat, at iluwas ang imbensiyon niya kapalit ng pagsisiwalat sa publiko ng mga detalye ng kaniyang imbensiyon. Ang impormasyong ito ay maaaring gamitin sa hinaharap para magkaroon ng inobasyon at pag-unlad.

Ang *trademark* naman ay ang paglalagay ng mga simbolo o marka sa mga produkto at serbisyo na siyang nagsisilbing pagkakakilanlan ng kompanyang may gawa o nagmamay-ari nito.

Sa kabilang banda, mayroon din tayong mga prodyuser na kabilang sa tinatawag nating *natural monopoly* o iyong mga kompanyang binibigyang-karapatan na magkaloob ng serbisyo sa mga mamamayan. Ito ay dahil sa kaya nilang gawin ang mga produkto at serbisyo sa mas mababang gastos kaysa sa kumuha pa ng mas maraming kompanya. Ang mga halimbawa ng mga serbisyo na ibinigay sa konsyumer sa ganitong estruktura ng pamahalaan ay makikita sa mga larawang nasa ibaba.



- ✓ **Monopsonyo** – Sa ganitong uri ng pamilihan, mayroon lamang iisang mamimili ngunit maraming prodyuser ng produkto at serbisyo. Sa ganitong kalagayan, may kapangyarihan ang konsyumer na maimpluwensiyahan ang presyo sa pamilihan. Ang mabisang halimbawa ng ganitong anyo ng pamilihan ay ang pamahalaan na nag-iisang kumukuha ng serbisyo at nagpapasahod sa mga pulis, sundalo, bumbero, *traffic enforcer*, at iba pa. Dahil ang pamahalaan ang nag-iisang kumukuha ng serbisyo ng mga nabanggit bilang empleyado, ito ay may direktang kapangyarihan sa pagtatakda ng halaga ng pasahod sa mga ito.

Ang mga larawan sa ibaba ang mabisang magpapaliwanag ukol sa estrukturang monopsonyo:



- ✓ **Oligopolyo** – Ito ay isang uri ng estruktura ng pamilihan na may maliit na bilang o ilan lamang na prodyuser ang nagbebenta ng magkakatulad o magkakaugnay na produkto at serbisyo. Sa ganitong uri ng pamilihan, may kakayahan ang prodyuser na maimpluwensiyahan o madiktahan ang presyo na umiiral sa pamilihan. Ilan sa mga halimbawa ng ganitong uri ng produkto sa pamilihan ay ang semento, bakal, ginto, at petrolyo. Maaari din nilang gawin ang *hoarding* o ang pagtatago ng produkto upang magkulang ang *supply* sa pamilihan na magdudulot ng pagtaas ng pangkalahatang presyo.

Sa ganitong sistema, maaring magkaroon ng pagkontrol o sabwatan ang mga negosyante na tinatawag na *collusion*. Ito ay nagaganap partikular na sa presyo sa ilalim ng kartel o samahan ng mga oligopolista. Ang konsepto ng kartel ay nangangahulugang pagkakaroon ng *alliances of enterprises*.

Hindi pinahihintulutan ang pagkakaroon ng kartel sa ating bansa upang mabigyan ng proteksiyon at isulong ang kapakanan ng mga konsyumer ayon sa itinatakda ng Consumers Act of the Philippines o Republic Act 9374 na isinabatas noong Abril 23, 2011.

Sa kaniyang aklat na “An Inquiry into the Nature and Causes of the Wealth of Nations” (1776), si Adam Smith ay nagpahayag ng kaniyang pananaw tungkol sa katotohanan ng pagkakaroon ng kartel. Ito ay ang sumusunod:




“People of the same trade seldom meet together, even for merriment and diversion, but the conversation ends in a conspiracy against the public, or in some contrivance to raise prices. It is impossible indeed to prevent such meetings, by any law which either could be executed, or would be consistent with liberty and justice.”

—Adam Smith, *The Wealth of Nations*, 1776

Ayon kay Adam Smith, ang mga negosyante ay hindi aktuwal na nagkikita upang pag-usapan ang takbo ng kanilang mga negosyo subalit sila ay nagkakaroon ng pagkakaunawaaan sa pamamagitan ng sabwatan sa pagtatakda ng presyo ng mga produkto at serbisyo sa pamilihan.

Ang Organization of Petroleum of Exporting Countries (OPEC) ay isang halimbawa ng pandaigdigang kartel sapagkat sila ang nagtatakda ng *supply* at presyo ng produktong petrolyo sa buong daigdig. Ang samahang ito ay naitatag noong September 10-14, 1960 sa ginanap na Baghdad Conference sa Baghdad, Iraq. Ito ay pinasimulan ng *five founding countries* na binubuo ng Iran, Iraq, Kuwait, Saudi Arabia, at Venezuela. Sa kasalukuyan, mayroon itong kabuuang 12 bansang kasapi na kinabibilangan ng Algeria, Angola, Ecuador, Libya, Nigeria, Qatar, at United Arab Emirates (UAE), bukod sa unang limang bansang nagtatag.


Ang mga larawang nasa ibaba ang mabisang magpapaliwanag ng mga halimbawa ng mga produkto na nasa ilalim ng estrukturang oligopolyo.



✓ **Monopolistic Competition** – Sa ilalim ng ganitong uri ng estruktura ng pamilihan, maraming kalahok na prodyuser ang nagbebenta ng mga produkto sa pamilihan subalit marami rin ang mga konsyumer. Gayunpaman, may kapangyarihan pa rin sa pamilihan ang mga prodyuser na magtakda ng presyo ng kanilang mga produkto. Dahil sa *product differentiation*, ang katangian ng mga produkto na ipinagbibili ay magkakaipareho ngunit hindi eksaktong magkakahawig. Ang kanilang pagkakaipareho ay maaaring sa uri ng produkto gaya ng *shampoo*, sabon, o *toothpaste*. Sila ay nagkakaiba-iba sa *packaging*, *labeling*, presentasyon, at maging sa lasa o *flavor*. Ginagawa ito ng mga prodyuser sapagkat ang kanilang layunin sa *product differentiation* ay kumita at

mas makilala ang kanilang mga produkto. Layunin din ng mga prodyuser na maitaas ang antas ng kasiyahan ng konsyumer. Ang *advertisement* o pag-aanunsiyo ay isang mabisang pamamaraan na ginagamit ng mga prodyuser upang maipakilala ang kanilang mga produkto at serbisyo.


Ang mga halimbawa ng mga produkto at serbisyong ipinagkakaloob sa pamilihang may *monopolistic competition* ay ang mga sabong panlaba at pampaligo, *toothpaste*, pabango, *fabric conditioner*, *cellphone*, *softdrinks*, *appliances*, *fastfood restaurant*, serbisyo ng mga ospital, *hair salon*, *beauty & cosmetics product*, at marami pang iba. (Balitao, 2012)



**Pinagkunan:** Balitao, B., Ong, J., Cervantes, M., Ponsaran, J., Nolasco, L., & Rillo, J. (2012). *Ekonomiks: Mga Konsepto at Aplikasyon*. Quezon City, Philippines: Vibal Publishing House, Inc., Department of Education, Culture and Sports (DECS). (n.d.). *Project EASE Module*. Pasig City: DECS.

### Gawain 5: GRAPHIC ORGANIZER

Buuin ang *graphic organizer* na matatagpuan sa ibaba batay sa isinasaad ng tekstong nabasa. Upang higit na maunawaan, sagutin ang mga pamprosesong tanong na susukat sa antas ng iyong kaalaman at pang-unawa.



**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang dalawang pangunahing estruktura ng pamilihan?
2. Isa-isahin ang mga katangian ng bawat estruktura at uri ng pamilihan na nabibilang dito?
3. Paano nakaapekto ang mga estruktura ng pamilihanang ito sa ugnayan ng presyo, *demand*, at *supply* tungo sa pagtugon sa pangangailangan ng tao?

**Gawain 6: STRUCTURAL MARKET ANALYSIS: THREE PICS, ONE WORD**

Suriin ang tatlong larawan na nasa loob ng bawat kahon at tukuyin ang posibleng kinabibilangan nitong estruktura ng pamilihan.

1.) \_\_\_\_\_



2.) \_\_\_\_\_



3.) \_\_\_\_\_



4.) \_\_\_\_\_







5.) \_\_\_\_\_



6.) \_\_\_\_\_



7.) \_\_\_\_\_



8.) \_\_\_\_\_



9.) \_\_\_\_\_



10.) \_\_\_\_\_



Mahusay! Ngayong natapos mo ang mga teksto at gawain upang iyong maunawaan ang konsepto ng pamilihan at masuri ang mga estruktura ng pamilihan, sukatin mo naman sa puntong ito ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng maikling pagsusulat sa susunod na gawain.

**Gawain 7: Pabili o Patawad**

Basahin at unawain ang sumusunod na pahayag at tukuyin kung tama ang mensahe ayon sa mga salitang nakasalungguhit. Lagyan ng salitang PABILI kung TAMA ang mensahe at PATAWAD kung ito ay MALI.

- 1.) Ang pamilihan ay ang mekanismo na kung saan nagtatagpo ang konsyumer at prodyuser.
- 2.) Mayroong tatlong pangunahing aktor sa pamilihan ang konsyumer, prodyuser, at ang produkto.
- 3.) Nagaganap ang sistema ng pamilihan dahil lahat tayo ay may kakayahan na mag-supply.
- 4.) Sa pamamagitan ng pamilihan, nalalaman ang sistema ng ekonomiya.
- 5.) Ang prodyuser ay may kakayahang kontrolin ang presyo sa pamilihang may ganap na kompetisyon.
- 6.) Ang supply ang nagsisilbing hudyat o senyales sa prodyuser kung ano ang gagawing produkto.
- 7.) Kapag mataas ang presyo, ang mga prodyuser ay nahihikayat na magbawas ng supply lalo na sa mga pangunahing uri ng produkto.
- 8.) Ang presyo ang pangunahing salik sa pagbabago ng *demand* at *supply* sa pamilihan.
- 9.) Kapag mababa ang presyo sa pamilihan ang konsyumer ay nagtataas ng kabuuang dami ng binibiling produkto.
- 10.) Ang kartel ay nangangahulugang alliances of consumers.

**Gawain 8: SURIIN MO! QUIZ-ON-MARKET**

Suriin ang sumusunod na pahayag at tukuyin sa pamamagitan ng paglalapat ng titik sa mga kahon upang mabuo ang kasagutan.

1. Estruktura ng pamilihan na kung saan ang sinumang negosyante ay malayang pumasok at maging bahagi ng industriya.

	<b>A</b>			<b>P</b>		<b>N</b>		
		<b>M</b>		<b>E</b>			<b>Y</b>	

2. Ito ay estruktura ng pamilihan na may iisa lamang na konsyumer ng maraming uri ng produkto at serbisyo.

	<b>A</b>		<b>I</b>				
--	----------	--	----------	--	--	--	--

3. Ang mga prodyuser ay gumagawa ng isang uri ng produkto subalit magkakaiba ang tatak.

	O				O		I							G
		M		E		I		Y						

4. Isang sistema sa pamilihan na kung saan iisa ang nagtitinda ng walang kauring produkto.

			N			P			L			
--	--	--	---	--	--	---	--	--	---	--	--	--

5. Estructura ng pamilihan na kung saan umiiral ang sistemang monopolyo, oligopolyo, monoponyo, at monopolistiko.

	I			I				N				
N					M					S		

6. Sa estrukturang ito maaaring maganap ang sabwatan sa pamamagitan ng kartel ng mga negosyante.

			I			O						O
--	--	--	---	--	--	---	--	--	--	--	--	---

7. Ang estructura ng pamilihan na kung saan upang mahadlangan ang pagpasok ng kalaban sa industriya ay isinagawa ang *patent* at *copyright* sa mga produkto.

			N			P						O
--	--	--	---	--	--	---	--	--	--	--	--	---

8. Dito nagaganap ang tinatawag na *product differentiation* sa pamamagitan ng *packaging*, *advertisement*, at *flavor* ng mga produkto.

		N			O			S				O	
	O			E			S			N			

9. Ang estructura ng pamilihan na kung saan ang pinakamabisang halimbawa ay ang pamahalaan na siyang kumukuha ng mga serbisyo ng mga sundalo, pulis, bumbero, at iba pa.


		O			O			S			N			O
--	--	---	--	--	---	--	--	---	--	--	---	--	--	---

10. Ito ay kakikitaan ng sitwasyon na kung saan ang konsyumer ay bibilhin ang produkto o serbisyo kahit na mataas ang presyo sapagkat walang pamalit na maaaring bilhan o pagkunan nito.

				N			P			L				O
--	--	--	--	---	--	--	---	--	--	---	--	--	--	---

### Gawain 9: MARKET-ANALYSIS; VENN DIAGRAM

Matapos mong mabasa ang mga teksto, ngayon ay paghambingin mo ang iba't ibang estructura ng pamilihan sa pamamagitan ng paglalagay sa Venn Diagram ng pagkakapareho at pagkakaiba ng katangian ng bawat estructura. Gamiting gabay ang halimbawang nasa susunod na pahina at sagutin ang mga pamprosesong tanong upang mapunan mo nang wasto ang dayagram.




**Pamprosesong Tanong:**

1. Anong dalawang estruktura ng pamilihan ang iyong pinaghambing?
2. Ano-ano ang katangian na magkatulad ang dalawang estruktura na iyong pinaghambing?
3. Sa ano-anong mga katangian naman sila nagkaroon ng pagkakaiba?
4. Ano ang iyong pananaw sa dalawang estruktura ng pamilihan bilang isang konsyumer? Ipaliwanag.

**Gawain 10: UPWARD ARROW: IRF (INITIAL-REFINED-FINAL IDEA)**

Sa puntong ito, maaari mo nang sagutan ang huling baitang ng Upward Arrow Chart. Tandaan na dapat mong itago sa iyong *portfolio* o kuwaderno ang iyong IRF Chart sapagkat ito ay maaring maging bahagi ng iyong proyekto sa asignatura.



Matapos mong mapalalim ang iyong kaalaman ukol sa iba't ibang estruktura ng pamilihan, maaari ka nang pumunta sa susunod na bahagi ng aralin. Ihanda mo ang iyong sarili para sa mas malalim na pag-unawa ng estruktura ng pamilihan.

## PAGNILAYAN

Sa bahaging ito ng aralin ay palalawakin at pagtitibayin mo bilang mag-aaral ang mga nabuo mong kaalaman ukol sa pamilihan at iba't ibang estruktura nito. Kinakailangan ang mas malalim na pagtalakay sa kahalagahan ng pamilihan upang maihanda ang iyong sarili sa pagsasabuhay ng iyong mga natutuhan.

### Gawain 11: Structural Market Tally Board

Mula sa tekstong iyong nabasa ay punan mo ng mahahalagang datos o impormasyon na hinihingi ang *structural market tally board* na nasa susunod na pahina.

Estruktura ng Pamilihan	May Hawak ng Kapangyarihan (Konsyumer o Prodyuser)	Katangian ng Presyo (Malaya o Itinatakda)	Mga Halimbawa ng Produkto o Kompanya

### Pamprosesong Tanong:

1. Alin sa mga estruktura ng pamilihan ang pabor sa konsyumer o prodyuser?
2. Sa anong estruktura ng pamilihan ka nahirapang mag-isip ng halimbawa ng produkto o kompanya? Bakit?

### Gawain 12: DULA NAMIN! HULAN MO! SAMPLE-SAMPLE

Ang inyong pangkat ay magsasagawa ng pagsasadula o *role playing* kung saan ang inyong lider ay bubunot ng paksa ng estruktura ng pamilihan na isasadula sa klase. Ang paksang ito ay dapat hindi malaman ng ibang pangkat dahil pagkatapos ng presentasyon ng inyong grupo ay hahayaan ang ibang pangkat na hulaan kung

anong estruktura ng pamilihan ang isinadula. Upang maisagawa nang maayos ang presentasyon, isaalang-alang ang sumusunod na pamprosesong tanong. Gayundin, ang bawat presentasyon ay bibigyan ng marka o puntos gamit ang rubrik na nasa ibaba.

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano-ano ang mga pangunahing katangian ng estruktura ng pamilihan na inyong ipinakita?
2. Paano ninyo binigyang buhay ang mensahe o katangian ng estruktura ng pamilihan?
3. Mula sa gawain, anong pangkalahatang impresyon ang iyong nabuo ukol sa pamilihan?

**RUBRIK PARA SA ROLE PLAYING**

<b>Pamantayan/ Indikador</b>	<b>Puntos</b>	<b>Nakuhang Puntos</b>
A. Mahusay na naipakita sa pamamagitan ng pagganap ang mga konsepto ukol sa uri ng estruktura ng pamilihan.	10	
B. Ang ginawang presentasyon ay nagpakita ng pagkamalikhain at naangkop sa tema para maihatid sa manonood ang konsepto ng pamilihan at estruktura nito.	10	
C. Ang mga ginamit na <i>props</i> , <i>script</i> , o dayalogo, o kagamitan sa pagganap ay nakatulong upang mas maging malinaw sa manonood ang pamilihan at estruktura nito.	10	
<b>Kabuuang Puntos</b>	30	

**Gawain 13: Pangkatang Gawain – POSTER-RIFIC**

Kasama ang iyong mga kapangkat pumili ng isang estruktura ng pamilihan at gumawa ng isang pagguhit na nasa anyong *poster* na nagpapakita ng konsepto ng pamilihing napili. Ang larawang mabubuo ay dapat na masagot ang sumusunod na katanungan at ito ay bibigyan ng marka gamit ang rubrik.

**Pamprosesong Tanong:**

1. Tungkol saan ang inyong ginawang larawan o *poster*?
2. Ano-anong mga simbolismo ang inyong ginamit at mga kahulugan nito?
3. Sa iyong palagay, maliwanag bang naipakita ng inyong larawan ang konsepto ng estruktura ng pamilihan na inyong pinili? Bakit?


RUBRIK PARA SA POSTER			
Pamantayan	Deskripsyon	Puntos	Natamong Puntos
Nilalaman (Content)	Naipakita at naipaliwanag nang mahusay ang isang <i>ideal</i> na pamilihan batay sa mga konseptong nakapaloob sa <i>poster</i> .	21-25	
Kaangkupan ng konsepto (Relevance)	Maliwanag at angkop ang mensahe sa paglalarawan ng konsepto ng isang <i>ideal</i> na pamilihan.	16-20	
Pagkamapanlikha (Originality)	Orihinal ang ideyang ginamit sa paggawa ng <i>poster</i> .	11-15	
Kabuuang presentasyon (Overall)	Malinis at maayos ang kabuuang larawan.	6-10	
Pagkamalikhain (Creativity)	Ang mga kulay at konsepto, symbolismong ginamit ay nakatulong nang lubos upang maipahayag ang mensahe at konsepto ng isang <i>ideal</i> na pamilihan.	1-5	

Ngayong may sapat ka nang kaalaman tungkol sa mga konsepto ng pamilihan at mga estruktura nito ay maaari mo nang sagutan at punan nang buo ang IRF Chart.

#### Gawain 14: UPWARD ARROW: IRF (INITIAL-REFINED-FINAL IDEA)

Sa puntong ito, maaari mo nang sagutan ang ikalawang baitang ng Upward Arrow Chart na kung saan mula sa Initial Idea ay sasagutin mo na ang Refined Idea subalit ang ikatlong baitang na Final Idea ay hahayaan mo lamang na walang laman sapagkat maaari mo lamang ito sagutan sa pagtatapos ng bahagi ng pagnilayan. Tandaan na dapat mong itago sa iyong *portfolio* o kuwaderno ang iyong IRF Chart.





MAHUSAY! Napagtagumpayan mong isagawa ang mga intinakdang gawain para sa mga mag-aaral!

**TRANSISYON SA SUSUNOD NA ARALIN:**

Tinalakay sa araling ito ang tungkol sa konsepto at mga estruktura ng pamilihan. Binigyang-diin ang kahulugan ng pamilihan at sinuri ang estruktura ng pamilihan na siyang tumutugon sa maraming pangangailangan ng mga tao.

Sa susunod na aralin ay tatalakayin naman ang tungkol sa bahaging ginagampanan ng pamahalaan sa pamilihan.

## PANIMULA

Isang batayan sa pag-aaral ng ekonomiks ang pamilihan bilang isang mabisang mekanismo kung saan natutugunan ang walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng tao. Sa lugar na ito, gumagalaw ang dalawang pangunahing aktor: ang konsyumer at prodyuser. Ang dalawang tauhan ay mahalagang bahagi ng pamilihan subalit magkaiba ang paraan ng pakikibahagi. Ang konsyumer ang gumagawa ng pagkonsumo na nagbibigay ng kita sa mga nagbibili samantalang ang nagbibili naman ang nagpaplano ng produksiyon batay sa itinakdang *demand* ng mga konsyumer upang kumita bilang isang negosyante. May pagkakataon na ang *equilibrium price* at *quantity* ay hindi masyadong mababa o mataas sa tingin ng mga prodyuser o konsyumer. Sa sitwasyong ito, papasok ang pamahalaan. Ano ang gampanin ng pamahalaan bilang isang natatanging institusyon na may kapangyarihan sa pagdedesisyon ukol sa suliranin ng pamilihan at ng kabuuang ekonomiya ng isang bansa?

Kaugnay nito, ang araling ito ay patungkol sa ugnayan ng pamilihan at pamahalaan. Itinuturing ang presyo bilang tanging salik na pokus ng pakikialam ng pamahalaan sa pamilihan. Inaasahang mabibigyang-kasagutan ang mga mahahalagang katanungan gaya ng Ano nga ba ang papel na ginagampanan ng pamahalaan pagdating sa aspeto ng pagkontrol ng presyo sa pamilihan? Paano binibigyang proteksiyon ng pamahalaan ang mga konsyumer at mga prodyuser pagdating sa pagkontrol ng presyo sa pamilihan? Sa iyong pagpapatuloy ng araling ito, ikaw ay haharap sa mga tekstong makapagbibigay ng impormasyon at mga mapanghamong gawain na may layuning maghatid sa iyo ng kaalaman.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang napangangatwiran ang kinakailangang pakikialam at regulasyon ng pamahalaan sa mga gawaing pangkabuhayan sa iba't ibang estruktura ng pamilihan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan.

### ARALIN 6 ANG UGNAYAN NG PAMILIHAN AT PAMAHALAAN


ALAMIN

Matapos mong matutuhan ang mga konsepto ng pamilihan at iba't ibang estruktura nito, sa bahaging ito naman ay iyong tutuklasin ang tungkol sa ugnayan ng pamilihan at pamahalaan. Upang higit na maging makabuluhan at mapukaw ang iyong interes, halina't simulan mo munang gawin at sagutin ang susunod na mga gawain.

### Gawain 1: WORD HUNT

Hanapin at bilugan ang sumusunod na salita sa kahong nasa ibaba. Ang salita ay maaaring pababa, pahalang, o pabaliktad.

1. DTI
2. DOLE
3. Kakulangan
4. Kalabisan
5. Minimum Wage
6. Pamahalaan
7. Pamilihan
8. Presyo
9. Price Ceiling
10. Price Floor




### Pamprosesong Tanong

1. Ano-ano ang salita/konsepto na tila bago sa iyo?
2. Sa iyong palagay, sa anong paraan nagkakaroon ng ugnayan ang mga salita/konseptong ito?

### Gawain 2: ONCE UPON A TIME!

Basahin ang sitwasyong nasa loob ng kahon at buuin ang maaaring kahinatnan nito batay sa iyong sariling pagkaunawa. Isulat ang iyong kasagutan gamit ang *dialogue box*.

Matagal nang magsasaka si Mang Francisco. Isang araw ay nabalitaan niyang ang presyo ng kaniyang produktong palay ay binibili lamang sa murang halaga. Ang presyo ay hindi kayang mabawi kahit puhunan niya sa binhi at *fertilizer*. Ano kaya ang maaaring mangyari kay Mang Francisco?



Ang Gitnang Luzon ay sinalanta ng bagyo. Maraming palayan ang nasira. Ano kaya ang maaaring ibunga nito?

Maaaring \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Dahil sa katatapos pa lamang na bagyo nabalitaan ng pamahalaan na maraming mga negosyante ang nanamantala sa pamamagitan ng pagtataas ng presyo. Ano kaya ang maaaring gawin ng pamahalaan?


Maaaring \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

### Pamprosesong Tanong:

1. Paano ka nakabuo ng maaaring kahinatnan ng pangyayari?
2. Alin sa mga sitwasyon ang nahirapan kang bumuo ng maaaring kahinatnan? Bakit?

### Gawain 3: PATH OF KNOWLEDGE

Ang gawaing ito ay naglalayong matutukan ang baitang ng iyong kaunlaran sa pagkatuto. Sa bahaging ito ay sasagutin mo ang katanungang nasa kahon. Isulat mo sa bahaging SIMULA ang iyong inisyal na kasagutan. Samantalang ang bahagi ng GITNA at WAKAS ay sasagutan mo lamang sa iba pang bahagi ng iyong paglalakbay sa araling ito.



Matapos mong maorganisa ang iyong mga paunang kaalaman tungkol sa paksang ugnayan ng pamilihan at pamahalaan, ihanda ang iyong sarili para sa susunod na bahagi ng aralin upang higit mong maunawaan ang paksang ito.

## PAUNLARIN

Matapos mong malaman ang mga paunang impormasyon tungkol sa paksang-aralin, ngayon naman ay iyong lilinganin ang mga kaalamang ito sa tulong ng mga teksto at mga gawain na sadyang inihanda upang maging sanggunian mo ng impormasyon. Ang pinakatiyak na layunin ng bahaging ito ay matutuhan mo bilang mag-aaral ang mahahalagang ideya o konsepto tungkol sa ugnayan ng pamilihan at pamahalaan. Mula sa mga inihandang gawain at teksto, inaasahang magagabayan ka sa pagsagot ng katanungan na kung ano ang ugnayan sa pagitan pamilihan at pamahalaan. Umpisahan mo ito sa pamamagitan ng unang teksto na nasa ibaba.

### ANG PAMAHALAAN AT PAMILIHAN


Ang pamahalaan ay isang mahalagang institusyon sa ating bansa. Alinsunod sa itinatadhana ng Artikulo II Seksyon 4 ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, pangunahing tungkulin ng pamahalaan na paglingkuran at pangalagaan ang sambayanan. Sa aklat ni Nicholas Gregory Mankiw na *Principles of Economics*, ipinaliwanag niya ang Principle 7 na “Government can sometimes improve market outcomes”. Ayon sa kaniya, bagama’t ang pamilihan ay isang organisadong sistemang pang-ekonomiya, may mga pagkakataong nahaharap ito sa pagkabigo o *market failure*. Ang halimbawa ng mga ito ay ang paglaganap ng *externalities* gaya ng polusyon at pagkakaroon ng *monopoly* na nagdudulot ng pagkawala ng kompetisyon. Sa ganitong pagkakataon, kinakailangan ang pakikialam o panghihimasok ng pamahalaan sa takbo ng pamilihan.

Kaugnay nito, hindi nakakaiwas ang Pilipinas at iba pang bansa na mapasailalim ang pamilihan sa panghihimasok ng pamahalaan. Maliban sa pagtatakda ng buwis at pagbibigay ng *subsidy*, nagtatalaga ang pamahalaan ng presyo ng mga produkto at serbisyo. Upang mapatatag ang presyo sa pamilihan ipinapatupad ang *price stabilization program* at maiwasan ang mataas na *inflation*. Ang pagkontrol ng pamahalaan sa presyo ng pamilihan ay nahahati sa dalawang uri: ang *price ceiling* at *price floor*.

- **Price Ceiling** – Ito ay kilala rin sa katawagan bilang *maximum price policy* o ang pinakamataas na presyo na maaaring ipagbili ng isang prodyuser

ang kaniyang produkto. Mahigpit na binabantayan ang mga produkto nakabilang sa mga pangunahing pangangailangan gaya ng bigas, asukal, kape, harina, tinapay, itlog, at maging ang mga *instant noodles* na minamarkahan ng pamahalaan ng tinatawag na *suggested retail price* (SRP). Ang patakarang ito ay isang pamamaraan upang mapanatiling abot-kaya para sa mga mamamayan ang presyo ng nasabing produkto lalo na sa panahon ng krisis. Samantala, sa panahong nakararanas o katatapos pa lamang ng kalamidad ng bansa, ang pamahalaan ay mahigpit na nagpapatupad ng *price freeze* o pagbabawal sa pagtataas ng presyo sa pamilihan. Ipinatutupad ito ng pamahalaan upang mapigilan ang pananamantala ng mga negosyante sa labis na pagpapataw ng mataas na presyo ng kanilang mga produkto. Itinatakda ito kapag ang *equilibrium price* ay masyadong mataas sa pananaw ng mga konsyumer. Ang *price ceiling* ay itinatakda na mas mababa sa *equilibrium price*. Labag sa Anti-Profiteering Law ang labis na pagpapataw ng mataas na presyo. Ito ay ipinatutupad ng pamahalaan sa pangunguna ng Department of Trade and Industry (DTI), bilang pangunahing ahensiya na may tungkulin dito, sa tulong ng mga lokal na pamahalaan (barangay, bayan, o lungsod) upang masigurong ang galaw ng presyo ng mga produkto at serbisyo sa pamilihan ay naaayon sa batas.

Ang *graph* sa dakong ibaba ay nagpapakita ng halimbawa ng *price ceiling*.




Ayon sa *graph*, Php20 ang ekwilibriyong presyo. Subalit, ang presyong ito ay maaaring mataas sa tingin ng mga konsyumer. Dahil dito, ang pamahalaan ay makikialam sa pamamagitan ng pagpapataw ng Php15 bilang *price ceiling* ng mga prodyuser. Dahil ang presyong Php15 ay higit na mas mababa kaysa sa ekwilibriyong presyo na Php20, inaasahang magdudulot ito ng pagtaas ng *quantity demanded* na umabot sa 90 na dami. Sapagkat mas mahihikayat ang mamimimili na bumili ng mga produkto at serbisyo kung mababa ang umiiral na presyo sa pamilihan kumpara sa ekwilibriyong presyo na Php20 sa 60 lamang na kabuuang dami.

Sa kabilang dako, ang sitwasyong ito naman ay magpapababa ng *supply* sa pamilihan sapagkat ang mga prodyuser ay hindi mahihikayat na magprodyus. Kung minsan, maaari nilang isipin na malulugi sila dahil mababa ang presyo ng kanilang produkto dulot ng pinaiiiral na *price ceiling* ng pamahalaan. Magkakaroon sila ng ganitong pag-iisip sapagkat ang kanilang gastos sa produksiyon, gaya ng presyo ng mga materyales at

pasahod sa mga manggagawa, ay *fixed* ang presyo. Ang kaganapang ito ay makapagdudulot ng kakulangan (*shortage*) sa pamilihan.

- **Price Floor** – Ito ay kilala rin bilang *price support at minimum price policy* na tumutukoy sa pinakamababang presyo na itinakda ng batas sa mga produkto at serbisyo. Itinatakda ito ng mas mataas sa *equilibrium price*. Katulad ng *price ceiling*, isinasagawa ito ng pamahalaan upang matulungan ang mga prodyuser. Kabilang sa sistemang ito ang pagkakaloob ng tinatawag na *price support* sa sektor ng agrikultura at ang batas naman na nauukol sa pagtatakda ng *minimum wage*. Halimbawa, kung masyadong magiging mababa ang *equilibrium price* ng mga produktong palay sa pamilihan, ang mga magsasaka ay maaaring mawalan ng interes na magtanim dahil maliit naman ang kanilang kikitain mula rito. Kung magaganap ang sitwasyong ito, magdudulot ito ng kakulangan sa *supply*. Hindi makabubuti sa ekonomiya ang kalagayang ito kung kaya ang pamahalaan ay magtatakda ng *price support/price floor* o ang pinakamababang presyo kung saan maaaring bilhin ang kanilang ani.

Maliban pa rito, maaaring ang pamahalaan ang magsisilbing tagabili ng mga aning palay ng mga magsasaka upang masiguro na mataas pa rin ang kanilang kikitain at upang maiwasan ang kakulangan ng *supply* sa pamilihan. Maliwanag na inaako ng pamahalaan ang malaking gastusin upang masiguro ang kapakanan ng mga magsasaka at ng mga mamamayan.



Batay sa *graph*, ang ekwilibrilyong presyo na Php25 ay mas mababa sa itinalagang *price floor* na Php50. Magdudulot ito ng pagtaas ng *quantity supplied* at magbubunga ng kalabisan (*surplus*) sa pamilihan. Higit na mas marami ang *supply* na isandaan (100) kung ihahambing sa dami na dalawampu (20) na *quantity demanded*. Kapag may kalabisan, maaaring bumaba ang presyo at dami ng *supply* patungo sa ekwilibrilyong presyo. Subalit dahil may pinaiiral na *price floor*, hindi maaaring ibaba ang presyo dahil ito ang itinakda ng batas. Dahil dito, malinaw na ang *price floor* ay nagdudulot ng kalabisan (*surplus*) sa pamilihan.

Sa kabilang dako, ipinatutupad ng pamahalaan ang *minimum wage law* o batas sa pinakamababang suweldo sa sektor ng paggawa upang makaiwas ang mga manggagawa na makatanggap ng mababang suweldo. Ang patakarang ito ay naaayon sa Republic Act 602 o Minimum Wage Law of the Philippines na nag-uutos sa mga *employer* na bigyan ng hindi




bababa sa *minimum wage* ang isang manggagawa. Batay sa Summary of Current Regional Daily Minimum Wage Rates as of April 2014, ang mga manggagawa sa National Capital Region ay nakatatanggap ng *minimum wage* na Php466.00. Samantala, ang *minimum wage* sa mga probinsiya ay magkakaiba halimbawa ang Region IV-A-CALABARZON ay mayroong Php362.50 at ang Region VIII---Eastern Visayas ay mayroong Php260.00.

Sa pangkalahatan, hindi maitatangging mahalagang institusyon ang pamahalaan sa pagsasaayos ng pamilihan at kabuuan ng ekonomiya. Ayon kay John Maynard Keynes, ang ekonomiya ng isang bansa ay hindi maiiwasang patakbuhan sa ilalim ng *mixed economy*. May partisipasyon ang pribadong sektor o ang mga prodyuser sa pagpapatakbo ng ekonomiya. Subalit sa panahon na may krisis pang-ekonomiya, gaya na lamang ng pagtaas ng pangkalahatang presyo ng mga pangunahing pangangailangan, maaaring makialam o manghimasok ang pamahalaan upang maisaayos ang pamilihan at kabuuang ekonomiya.

**Gawain 4: TEKS-TO-INFORM – DISCUSSION WEB CHART**

Sagutin ang *discussion web chart* at ang mga pamprosesong tanong na nasa ibaba batay sa tekstong iyong nabasa.




**Pamprosesong Tanong:**

1. Bakit mahalaga ang pamahalaan sa isang bansa?
2. Paano nagkakaroon ng bahagi ang pamahalaan sa pamilihan?

## Gawain 5: VENN DIAGRAM

Mula sa tekstong iyong nabasa, punan ng mahahalagang impormasyon ang Venn Diagram gamit ang mga pamprosesong tanong upang maipakita ang pagkakaiba-iba at pagkakatulad ng *price ceiling* at *price floor*.



### Pamprosesong Tanong

1. Ano ang pagkakatulad ng dalawang konsepto?
2. Paano naman sila nagkakaiba?
3. Paano ito nakatutulong sa mga konsyumer o prodyuser?


## Gawain 6: ISIP-TSEK---Chain of Facts

Batay sa iyong nakalap na kaalaman sa tekstong binasa, sagutin ang sumusunod na pahayag o katanungan na nasa ibaba sa pamamagitan ng pagpili ng mga kasagutan na matatagpuan sa *circles of facts*.

### MGA PAHAYAG:


1. Isang organisadong sistemang pang-ekonomiya kung saan nagtatagpo ang konsyumer at nagbibili o prodyuser upang magkaroon ng palitan.
2. Isang institusyon na ang pangunahing tungkulin ay paglingkuran at pangalagaan ang sambayanan.
3. Ang patakarang ipinatutupad ng pamahalaan upang mapatatag ang presyo ng mga pangunahing bilihan sa pamilihan.
4. Ito ay tumutukoy sa pinakamataas na presyo na maaaring ipagbili ng isang negosyante ang kaniyang produkto.
5. Ang tawag sa patakarang ipinasusunod ng pamahalaan na nagbabawal sa pagtataas ng presyo ng mga produkto sa pamilihan sa panahon ng *emergency* gaya na lamang ng kalamidad (bagyo, lindol, at iba pa).
6. Isa sa mga ahensiya ng pamahalaan na ang tungkulin ay palawigin ang sistema ng kalakalan at industriya sa bansa.
7. Isang pansamantalang pangyayari sa pamilihan na kung saan, ang *supply* ng produkto ay hindi sapat sa planong ikonsumo ng tao.

8. Ang tawag sa pinakamababang presyo na itinakda ng batas sa mga produkto at serbisyo sa pamilihan.
9. Isang pangyayari sa pamilihan na kung saan may sobra o higit ang *supply* ng mga produkto sa dami ng planong ikonsumo o bilhin ng tao.
10. Pangunahing tungkulin ng pamahalaan ayon sa Konstitusyon?



### Gawain 7: PATH OF KNOWLEDGE

Ang gawaing ito ay naglalayong matutukan ang baitang ng iyong kaunlaran sa pagkatuto. Sa bahaging ito ay sasagutin mo ang katanungang nasa kahon. Isulat mo sa bahaging GITNA ang iyong kasagutan at ang WAKAS ay sasagutan mo lamang sa huling bahagi ng araling ito.



Matapos mong mapalalim ang iyong kaalaman ukol sa ugnayan ng pamahalaan at pamilihan, maaari ka nang pumunta sa susunod na bahagi ng aralin.

### PAGNILAYAN

Sa bahaging ito ng aralin ay palalawakin at pagtitibayin mo bilang mag-aaral ng mga nabuo mong kaalaman ukol sa ugnayan ng pamilihan at pamahalaan. Kinakailangan ang mas malalim na pagtalakay sa kahalagahan ng pamilihan upang maihanda ang iyong sarili sa pagsasabuhay ng iyong mga natutuhan.

### **Price Freeze, Ipinatupad sa Calamity Areas**

Iniutos ng Department of Trade and Industry (DTI) ang *60-day price freeze* sa mga lugar na idineklarang nasa *state of calamity*.

Sa isang pahayag na ipinaskil sa *official website* nito, sinabi ng DTI na dahil sa pinsalang idinulot ng bagyong “Glenda” ay hindi maaaring magtaas ang *retailers* ng presyo ng *agricultural at non-agricultural necessities*.

Kabilang sa *agricultural necessities* ang bigas, mais, *cooking oil*, isda, itlog, baboy, manok, karne, sariwang gatas, gulay, prutas, *root crops* at asukal. Itinuturing namang *non-agricultural necessities* ang *canned marine products*, *evaporated/condensed/ powdered milk*, kape, sabong panlaba, *noodles*, tinapay, asin, kandila at *bottled water*.

Samantala, naka-freeze din ang presyo ng Liquefied Petroleum Gas (LPG) at *kerosene* sa loob ng 15 araw.

Ang mga lalabag ay pagmumultahin ng Php5,000 hanggang Php1,000,000 at/o pagkakakulong ng isa hanggang sampung taon. — **Mary Rose A. Hogaza**

*Pinagkunan:* <http://asia.widmi.com/index.php/philippines/balita-online/news/211065-price-freeze-ipinatupad-sa-calamity-areas> Retrieved on: November 24, 2014

## Gawain 8 –ULAT-PATROL

Batay sa balita na iyong nabasa, punan ng mahahalagang konsepto ang *tri-radial cycle chart* na nasa ibaba at sagutin ang mga pamprosesong tanong.




### Pamprosesong Tanong:


1. Patungkol saan ang balita?
2. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit ipinatupad ang *price freeze*?
3. Makatwiran ba ang isinasaad ng balita? Bakit?
4. Maglista ng mga pahayag mula sa balita na siyang nagpapakita ng kapangyarihan ng pamahalaan.
5. Bilang isang konsyumer, paano nakatulong sa iyo ang balita?

## Gawain 9: IMBESTIGA-NOMIKS

Sa gawaing ito, ipagpalagay mo na ikaw ay isang imbestigador na konsyumer. Isa kang mamimili na mulat at aktibo sa galaw ng presyo sa pamilihan. Aalamin mo muna ang *suggested retail price* (SRP) mula sa Department of Trade and Industry (DTI) ng mga produktong nasa *basket*. Pagkatapos nito ay alamin ang presyo ng mga ito sa tatlong magkakaibang tindahan. Itala ito sa *trapezoid list chart* at sagutin ang mga pamprosesong tanong.



Pinagkunan: <http://www.learnersdictionary.com/definition/basket> Retrieved on: November 24, 2014



### Pamprosesong Tanong:

1. Bakit ang mga tindahang ito ang inyong napili?
2. Sa iyong palagay, bakit ang mga produktong nasa itaas ang ibinigay na halimbawa upang alamin at suriin ang presyo?
3. Alin sa mga produktong ito ang sa tingin mo ay mataas ang presyo? mababang presyo? Bakit?
4. Bilang isang mag-aaral at konsyumer, ano ang naging implikasyon nito sa iyong isinagawang gawain?

## Gawain 10: Pangkatang Gawain – COMIC STRIP

Katulong ang iyong kagrupo, kayo ay bubuo ng isang *comic strip* na maaaring ilagay sa kartolina, *manila paper*, o *illustration board* na nagpapakita ng mga sitwasyon kung kailan at bakit nakikialam ang pamahalaan sa takbo ng pamilihan. Upang maisagawa ninyo nang maayos ang itinakdang gawain ay maging gabay ang rubrik na siyang magiging batayan ng inyong marka.

RUBRIK PARA SA COMIC STRIP			
Pamantayan	Deskripsyon	Puntos	Natamong Puntos
Nilalaman	Naipakita at naipaliwanag nang mahusay ang kaangkupan ng mga eksena sa <i>comic strip</i> batay sa pangyayari kung kailan at bakit nakikialam ang pamahalaan sa pamilihan.	20	
Pagkamalikhain at pagkamasining ng <i>comic strip</i>	Maliwanag at angkop ang mensahe sa paglalarawan ng konsepto kung kailan at bakit nakikialam ang pamahalaan sa pamilihan.	15	
Kabuuang presentasyon at kahusayan sa pagpapaliwanag ng <i>comic strip</i>	Malinis, maayos at may kahusayan sa pagpapaliwanag ang kabuuang larawan ng <i>comic strip</i> .	15	


### Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mensaheng nais ipahiwatig ng nabuong *comic strip*?
2. Paano kayo nakabuo ng ideya o konsepto para makagawa ng *comic strip*?
3. Mula sa gawain, ano ang inyong naging pangkalahatang impresyon tungkol sa ugnayan ng pamahalaan sa pamilihan?

## Gawain 11: PATH OF KNOWLEDGE

Ang gawaing ito ay naglalayong masubaybayan ang baitang ng iyong kaunlaran sa pagkatuto. Sa bahaging ito ay pupunan mo ng kasagutan ang kahon ng WAKAS ayon sa iyong kabuuang natutuhan kung ano ang ugnayan ng pamahalaan at pamilihan.





**MAHUSAY! Napagtagumpayan mong isagawa ang mga gawain!**

**ISABUHAY**

Ngayon ay lubos na ang iyong kaalaman ukol sa konsepto ng *demand*, *supply*, pamilihan, at tungkulin ng pamahalaan. Sa bahaging ito ng yunit ay ilalapat mo ang iyong mga natutuhan sa iyong pang-araw-araw na buhay. Ano nga ba ang kahalagahan ng mga paksang iyong pinag-aralan sa iyong buhay bilang isang matalinong konsyumer o kaya ay mapanagutang negosyante sa hinaharap? Upang mabigyan mo ng kasagutan iyan ay gagampanan mo ang isang gawain upang maging kapaki-pakinabang ang mga aral na iyong natutuhan.

### Gawain: INFO-MERCIAL

Bumuo ng isang pangkat na may sampu hanggang labindalawang miyembro. Bawat grupo ay gagawa ng isang *info-mercial* na humihimok at nagtataguyod sa pagiging matalinong konsyumer at mapanagutang negosyante. Gawing gabay ang talahanayan na nakabatay sa konsepto ng G.R.A.S.P.

<b>Goal</b>	Makagawa ng isang <i>info-mercial</i> na nagpapakita ng paghimok at pagtataguyod ng pagiging matalinong konsyumer at mapanagutang negosyante
<b>Role</b>	Miyembro ng isang organisasyong pang mag-aaral na may adbokasiyang himukin at itaguyod ang pagiging matalinong konsyumer at mapanagutang negosyante
<b>Audience</b>	Mga kapwa mag-aaral
<b>Situation</b>	Sa isang pamilihan na kung saan nagpapakita ng adbokasiya tungkol sa paghimok at pagtataguyod ng pagiging matalinong konsyumer at mapanagutang negosyante
<b>Product/ Performance</b>	Isang <i>video info-mercial</i> na humihimok at nagtataguyod sa pagiging matalinong konsyumer at mapanagutang negosyante

Bigyang-pansin ang sumusunod sa paggawa ng *info-mercial*:

- a. Komprehensibong pagpapakita ng mga katangian ng matalinong mamimili at mapanagutang negosyante.
- b. Pangangatwiran na ang katatagan ng pamilihan ay nakabatay sa pagkakaroon ng matalinong konsyumer at mapanagutang negosyante.
- c. Kahalagahan ng pagtataguyod at paghimok sa pagiging matalinong konsyumer at mapanagutang negosyante.

### Mungkahing Gawain: INFO-DRIVE

Bumuo ng isang pangkat na may sampu hanggang labindalawang miyembro. Bawat grupo ay gagawa ng isang Information Drive na humihimok at nagtataguyod sa pagiging matalinong konsyumer at mapanagutang negosyante. Gawing gabay ang talahanayan na nakabatay sa konsepto ng G.R.A.S.P.

<b>Goal</b>	Makagagawa ng isang Information Drive na magsisimula sa paaralan patungo sa Barangay na nagpapakita ng paghimok at pagtataguyod ng pagiging matalinong konsyumer at mapanagutang negosyante.
<b>Role</b>	Miyembro ng isang organisasyong pang-mag-aaral na may adbokasiyang himukin at itaguyod ang pagiging matalinong konsyumer at mapanagutang negosyante sa paaralan at sa lipunan.
<b>Audience</b>	Mga kapwa mag-aaral, guro, mga pinuno ng barangay, at mga kasapi ng komunidad
<b>Situation</b>	Magsasagawa ng isang information drive sa pamamagitan ng isang parada (gamit ang <i>posters, placards, leaflets</i> ) sa paaralan o kaya ay sa komunidad ukol paghimok at pagtataguyod ng pagiging matalinong konsyumer at mapanagutang negosyante. Maaaring maging <i>culminating activity</i> ito para Consumer's Month sa Oktubre.
<b>Product/ Performance</b>	<i>posters, placards, leaflets</i>

Bigyang-tuon ang sumusunod sa paggawa ng *information drive*:

- a. Komprehensibong pagpapakita ng mga katangian ng matalinong mamimili at mapanagutang negosyante
- b. Pangangatwiran na ang katatagan ng pamilihan ay nakabatay sa pagkakaroon ng matalinong konsyumer at mapanagutang negosyante
- c. Kahalagahan ng pagtataguyod at paghimok sa pagiging matalinong konsyumer at mapanagutang negosyante

**TRANSISYON SA SUSUNOD NA ARALIN:**


Binabati kita! Napagtagumpayan mong naisagawa ang lahat ng gawain sa bahagi ng yunit na ito ukol sa *demand, supply*, interaksyon nito sa pamilihan, at ang ugnayan ng pamilihan at pamahalaan. Nawa'y ang iyong mga natamong kaalaman at kasanayan ay magamit mo upang maging mapanagutang mamamayan kasabay ng iyong pagtugon sa iyong mga pangangailangan.

Ngayon ay ihanda mo ang iyong sarili para sa pangwakas na pagtataya.

## PANGWAKAS NA PAGTATAYA

Basahin at unawain ang sumusunod na pahayag/katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.





- (K) 1. Isa sa mahalagang elemento na sinusuri sa pag-aaral ng *microeconomics* ay ang konsepto ng *demand* na idinidikta o nagmumula sa mga konsyumer. Alin sa sumusunod ang tamang pagpapakahulugan sa konsepto ng *demand*?
- A. Ito ay tumutukoy sa mga produktong kahalili ng mga pangangailangan ng isang konsyumer.
  - B. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto na handa (*willing*) at kayang (*able*) bilhin ng mga konsyumer sa iba't ibang halaga o presyo.
  - C. Ito ay tumutukoy sa kabuuang dami ng produkto na mabibili sa bawat presyo kung ang konsyumer ay makakabili ng lahat ng kanilang pangangailangan.
  - D. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto na handa (*willing*) at kayang (*able*) bilhin ng prodyuser sa iba't ibang presyo.
- (P) 2. Ayon sa batas ng *demand*, alin sa sumusunod na pahayag ang malinaw na magpapaliwanag ng *graph* tungkol sa ugnayan ng presyo at *demand* ng mga konsyumer?



- A. Kaunti ang mabibili ng mga konsyumer kapag mataas ang presyo.
  - B. Maraming mabibili ang mga konsyumer kapag mataas ang presyo.
  - C. Habang tumataas ang presyo, bumababa ang *quantity demanded* ng mga konsyumer.
  - D. Habang tumataas ang presyo, tumataas ang *quantity demanded* ng mga konsyumer.
- (U) 3. Kapag ang kurba ng *demand* ay gumagalaw mula itaas, pababa, at pakanan o *downward sloping*, ito ay nagpapahiwatig ng \_\_\_\_\_.
- A. walang kaugnayan ang *demand* sa presyo
  - B. hindi nagbabago ang presyo ayon sa *demand*
  - C. negatibong ugnayan ng presyo sa dami ng *demand*
  - D. positibong ugnayan ng presyo sa dami ng *demand*

- (U) 4. Ang *perfectly inelastic demand* ay mayroong *coefficient* na *zero*, ibig sabihin walang nagaganap na pagtugon ang *quantity demanded* kahit pa tumaas ang presyo, ano ang ipinapahiwatig nito?
- May mga produkto tayong madaling hanapan ng pamalit kaya kahit tumaas ang presyo nito makabibili pa rin tayo ng alternatibo para dito.
  - kapag ang produkto ay labis na tumaas ang presyo at hindi naman masyadong kailangan maari ng ipagpaliban muna ang pagbili nito
  - May mga produkto na kahit mataas ang presyo ay kailangan mong bilhin sapagkat wala itong pamalit.
  - May mga produktong walang epekto sa atin kahit hindi natin ito bilhin.
- (U) 5. Si Juanito ay nakagawian ng bumili ng *bananacue* tuwing *recess*, nang minsang tumaas ng tatlong piso ang paborito niyang *bananacue* hindi na muna siya bumili sa halip ay naghanap ng ibang mabibili sa *canteen*. Ano ang ipinahihiwatig tungkol sa *quantity demanded* ni Juanito para sa *bananacue*?
- Ang *quantity demanded* sa *bananacue* ay di elastiko sapagkat si Juanito ay tumugon ng malaki sa pamamagitan ng pagbabawas ng *quantity demanded* para sa *bananacue*.
  - Ang *quantity demanded* sa *bananacue* ay elastiko sapagkat si Juanito ay tumugon ng malaki sa pamamagitan ng pagbabawas ng *quantity demanded* para sa *bananacue*.
  - Ang *quantity demanded* sa *bananacue* ay unitary sapagkat ang dami ng ibabawas na *quantity demanded* na *bananacue* ay kasing dami ng *quantity demanded* sa pamalit na *bananacue* ni Juanito.
  - Ang *quantity demanded* sa *bananacue* ay ganap na hindi-elastiko dahil hindi makakatagal si Juanito na hindi kumain ng *bananacue* sa loob ng isang linggo.
- (K) 6. Sa ekonomiks, pinag-aaralan kung paano tutugunan ang walang katapusang pangangailangan ng tao. Ang gawaing ito ay tungkulin ng prodyuser. Ano ang tawag sa dami ng produkto na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser?
- demand*
  - ekwilibriyo
  - produksiyon
  - supply*

(U) 7. May patahian si Aling Noemi ng mga kumot at punda ng unan sa Cagayan De Oro. Noon ay nakagagawa lamang siya ng 5 pirasong kumot at 10 pirasong punda ng unan sa isang araw. Ngunit nang gumamit siya ng *hi-speed sewing machine* ay halos magtriple ang kaniyang produksiyon kaya bumaba ang presyo. Piliin ang grapikong paglalarawan sa pagbabagong ito?



(U) 8. Upang masabing *supply*, kailangang may kagustuhan at kakayahan na ipagbili ng prodyuser ang isang uri ng produkto. Halimbawa, may 30 000 lata ng sardinas ang kailangan. Ayon sa datos, mayroong 10 kumpanya ng sardinas ngunit sa bilang na ito, 6 lamang ang nais gumawa ng kabuuang 20 000 lata ng sardinas kung ipagbibili ito sa presyong Php10.00. Batay sa pahayag, ilan ang maitatalang *supply* ng sardinas?

- A. 6
- B. 10
- C. 20 000
- D. 30 000

(K) 9. Malaki ang papel ng pamahalaan upang mapanatili ang katatagan ng presyo sa pamilihan. Alin sa sumusunod ang nagpapaliwanag nito?


- A. panghuhuli sa *illegal vendors* na nagkalat sa paligid
- B. pagtatakda ng *price ceiling at floor price* upang magkaroon ng gabay sa presyo ng mga bilingin
- C. pagtataguyod ng mga batas sa pangangalaga sa karapatan ng mga konsyumer
- D. patuloy na panghihikayat sa mga maliliit na negosyante na palawakin pa ang negosyo

(K) 10. Kung ang presyo ng isang pangunahing produkto ay labis na mataas at hindi na makatarungan para sa mga konsyumer dahil sa mapang-abusong gawi ng mga may-ari, gumagawa ng hakbang ang pamahalaan upang matugunan ito. Nakikialam ang pamahalaan sa pagpepresyo sa pamilihan. Ano ang tawag sa patakaran ng pagtatakda ng pinakamataas na presyo ng mga produkto o serbisyo?

- A. *price ceiling*
- B. *floor prices*
- C. *market clearing price*
- D. *price support*

(P) 11. Ang presyong mababa sa ekwilibriyo ay ipinatupad ng pamahalaan upang mabigyang-proteksiyon ang mga mamimili. Ano ang magiging epekto sa pamilihan kung ang pamahalaan ay magpapatupad ng *price ceiling* na Php1?


Gamitin ang *graph* sa ibaba upang masagutan ang katanungan.



- A. Sa pagpapatupad ng *price ceiling*, ang pamilihan ay makararanas ng ekwilibriyo.
- B. Ang pagpapatupad ng *price ceiling* ay makapagdudulot ng disekwilibriyo sa pamilihan. Ito ay lilikha ng *shortage* na 12 yunit ng produkto.
- C. Ang pagpapatupad ng *price ceiling* ay makapagdudulot ng disekilibriyo sa pamilihan. Ito ay lilikha ng *surplus* na 6 na yunit ng produkto.
- D. Walang mangyayaring *shortage* at *surplus* sa pamilihan sapagkat mabisa ang polisiya ng pamahalaan.



- (P) 12. Ano ang nais ipakita ng tsart sa ibaba para sa konsyumer at prodyuser sa pagtatakda ng *price control/price support* ng pamahalaan?



Nais ng pamahalaan na:

- A. kontrolin ang presyo ng mga biling sa pamilihan
  - B. maipakita ng pamahalaan ang kanilang pagtupad sa tungkulin
  - C. matamo ang layunin ng ekwilibriyo
  - D. tulungan ang konsyumer at maliit na prodyuser
- (U)13. Nagaganap ang ekwilibriyo sa pamilihan kapag sa iisang presyo pantay ang dami ng *quantity demanded* sa *quantity supplied*. Sa kalagayang ito, ano ang implikasyon ng pagkakaroon ng ekwilibriyo sa pamilihan?
- A. Sa presyong ekwilibriyo, parehong masaya ang konsyumer at prodyuser sapagkat ang dami ng nais bilhin ng mga konsyumer ay kasindami ng nais ibenta ng mga prodyuser.
  - B. Sa presyong ito, may labis na *quantity supplied* sapagkat maaaring magtaas ng presyo ang mga prodyuser upang tumaas ang kita.
  - C. Sa presyong ito, parehong masaya ang konsyumer at prodyuser sapagkat tumaas man ang presyo, kaunti na lamang ang bibilhin ng mga konsyumer.
  - D. Sa presyong ito, hindi masaya ang konsyumer dahil ang labis na *quantity demanded* ay hindi napupunan ng labis na *quantity supplied*.
- (U)14. Alin ang nagpapaliwanag kung bakit mahal ang bulaklak na rosas sa tuwing sasapit ang Araw ng mga Puso?
- A. Dahil sa okasyon, tumataas ang *demand* ng mga konsyumer sa rosas. Ito ang nagbibigay-daan sa paglipat ng kurba ng *demand* sa kanan na nagreresulta sa pagtaas ng presyo nito.
  - B. Dahil sa tuwing sasapit ang Araw ng mga Puso, nagkakasundo na ang mga konsyumer at prodyuser na itaas ang presyo sapagkat pareho naman silang nakikinabang dito.
  - C. Tanggap ng mga konsyumer ang pagtaas ng presyo ng rosas tuwing sasapit ang Araw ng mga Puso sapagkat hindi matatawaran ang kasiyahan ng natatamo ng mga konsyumer sa pagbibigay ng rosas sa

kanilang mga mahal sa buhay.

D. Tuwing sasapit ang Araw ng mga Puso, itinatago ng mga prodyuser ang panindang bulaklak upang lalong tumaas ang presyo nito.

(K)15. Lahat tayo ay kinikilala bilang mga konsyumer na may mga pangangailangan subalit hindi lahat ay may kakayahang maging prodyuser o gumawa ng mga produkto o serbisyo na tutugon sa ating mga pangangailangan. Ano ang tawag sa lugar kung saan ang mga konsyumer at prodyuser ay nagtatago at nagkakaroon ng palitan sa pamamagitan ng itinakdang presyo ng mga produkto?

- A. *department store*
- B. pamilihan
- C. talipapa
- D. tiangge

(P)16. Alin sa sumusunod na larawan ang industriyang hindi kabilang sa estrukturang oligopolyo?



Pinagkunan: [http://3.bp.blogspot.com/-sKmZsEUVBLI/UoLK7dyZI3I/AAAAAAAAAJ88/FxkWDVS2f\\_8/s1600/telcoph+logo.png](http://3.bp.blogspot.com/-sKmZsEUVBLI/UoLK7dyZI3I/AAAAAAAAAJ88/FxkWDVS2f_8/s1600/telcoph+logo.png) Retrieved on: November 7, 2014 <http://4.bp.blogspot.com/-xEQmgJXTrRw/Uml0-KcEoII/AAAAAAAAAAw/pxoQzclxUs/s1600/Shell-Logo.jpg> Retrieved on November 7, 2014; [http://2.bp.blogspot.com/-S-wo-MsJijQ/T8kX87eYv3I/AAAAAAAAACo/Yv\\_hl-kHjeg/s1600/LunaJ\\_caltex.jpg](http://2.bp.blogspot.com/-S-wo-MsJijQ/T8kX87eYv3I/AAAAAAAAACo/Yv_hl-kHjeg/s1600/LunaJ_caltex.jpg) Retrieved on November 7, 2014 [http://bigbasket.com/media/uploads/p/1/161754\\_1-tide-plus-detergent-powder.jpg](http://bigbasket.com/media/uploads/p/1/161754_1-tide-plus-detergent-powder.jpg) Retrieved on November 7, 2014


Para sa bilang 17 suriin ang sumusunod na larawan.



Pinagkunan: <http://m.abante-tonite.com/issue/dec2013/pictures/t-27-08-2.jpg> Retrieved on November 7, 2014; <http://media.philstar.com/images/pilipino-star-ngayon/bansa/20140917/pork-separate-from-non-pork-products-3.jpg> Retrieved on: November 7, 2014; <https://i1.ytimg.com/vi/GQXyH2XOcD8/hqdefault.jpg> Retrieved on: November 7, 2014; <https://i1.ytimg.com/vi/KhKdagSq1dc/hqdefault.jpg> Retrieved on: November 7, 2014

- (P) 17. Batay sa iyong pagsusuri, sa anong estruktura ng pamilihan nabibilang ang mga larawang nasa itaas?
- monopolyo
  - oligopolyo
  - ganap na kompetisyon
  - monopolistikong kompetisyon

- (P)18. Kung iyong susuriin ang dalawang dayagram ng estruktura ng pamilihan sa ibaba, alin sa dalawang ito ang sa tingin mo ay may kakayahan na itakda ang presyo sa pamilihan?



- monopolyo, sapagkat walang pamalit ang mga produkto
  - monopsonyo, sapagkat iisa lamang ang konsyumer
  - pareho lamang sapagkat ang mga katangian ng dalawang estrukturang ito ay kabilang sa hindi ganap na kompetisyon.
  - wala ni isa man sa dalawang anyo ng pamilihan sapagkat ang pagbili naman ng produkto at serbisyo ay nasa desisyon pa rin ng konsyumer
- (U) 19. Ang pamilihing may ganap na kompetisyon ang sinasabing pinakamodelong estruktura ng pamilihan dahil sa dami ng nagbebenta o dami ng konsyumer. Ang sumusunod ay katangian ng estrukturang ito maliban sa
- malayang kalakalan sa bilihan
  - may kakaibang produkto
  - maraming prodyuser at konsyumer
  - malayang paggalaw ng mga sangkap pamproduksiyon
- (U) 20. Ang pamilihan ay sinasabing may ganap na kompetisyon kapag ang sinumang prodyuser ay walang kapangyarihan na palitan o baguhin ang presyo sa pamilihan. Paano nakakatulong ang ganap na kompetisyon sa pamilihan?
- sumisigla ang kompetisyon sa pamilihan dahil marami ang konsyumer at prodyuser
  - napapababa ng prodyuser ang kalidad ng kanilang produkto
  - nakakakuha ng malaking tubo ng mga prodyuser
  - hindi nakakahikayat sa mga prodyuser na magpasok ng produkto